# SI MARX, SI ENGELS AT ANG MARXISMO

## ni V. I. LENIN

★

2009
PALIMBAGANG SENTRAL
PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS

# PAUNANG SALITA

Naririto ang salin sa ilan sa mga tanyag na artikulo ni Lenin na tinipon sa isang maikling libro na may pamagat na *Introduction to Marx, Engels and Marxism* at inilathala ng International Publishers ng United States of America. Isinulat ni Lenin ang malaking bahagi ng librong ito noong 1914 bago sumiklab ang Unang Digmaang Pandaigdig.

Napakahalagang aralin ang mga artikulong ito. Nagsisilbi itong maikling introduksyon sa mga itinuturo ng Marxismo, at kailangang pag-aralan ng lahat ng interesado sa Marxismo.

Idinagdag sa salin ang mga talang pansanggunian mula sa *On Marx and Engels*, isang koleksyon ng pitong artikulo ni V. I. Lenin na inilathala ng Foreign Languages Press, Peking, unang edisyon, 1975.

Para mapahusay ang ating gawaing pagsasalin, mangyari lamang na ipaabot kung may mga puna at mungkahi sa salin at kung may mga panukalang ibang pormulasyon, gayundin kung may mga bahaging kailangang lagyan ng paliwanag.

Pambansang Kawanihan sa Salin-
Pambansang Kagawaran sa Edukasyon



# NILALAMAN

1. Frederick Engels 5

2. Ang Ating Programa 19

3. Si Engels tungkol sa Kahalagahan ng Teoretikal na Pakikibaka 27

4. Ang mga Pagtatalo sa Kilusang Paggawa sa Europa 35

5. Ilang Katangian ng Istorikong Pag-unlad ng Marxismo 43

6. Ang Tatlong Pinagmulan at Tatlong Sangkap na Bahagi ng Marxismo 51

7. Ang Istorikong Kahihinatnan ng Doktrina ni Karl Marx 59

8. Karl Marx 65

9. Talumpati sa Pasinaya ng Monumento Kina Marx at Engels noong Nobyembre 7, 1918 124

# 1. FREDERICK ENGELS[1]

O, anong ilaw ng rason ang tumigil nang magdingas
O, anong puso sa gayon ang tumigil nang tumibok![2]

Noong Agosto 5, 1895, pumanaw si Frederick Engels sa London. Kasunod ng kanyang kaibigang si Karl Marx (na nasawi noong 1883), si Engels ang pinakatampok na iskolar at guro ng modernong proletaryado sa lahat ng sibilisadong daigdig. Mula nang panahon na pinagtagpo ng tadhana sina Karl Marx at Frederick Engels, ang pinaglaanan ng buhay ng bawat isa sa dalawang magkaibigan ay naging simulaing komun nilang dalawa. Kung gayon, para maunawaan kung ano ang nagawa ni Frederick Engels para sa proletaryado, dapat mayroong malinaw na ideya sa kabuluhan ng gawain at turo ni Marx para sa pag-unlad ng kontemporaryong kilusang paggawa. Sina Marx at Engels ang unang nagpakita na ang uring manggagawa at ang mga hinihingi ng uring manggagawa ay kinakailangang resulta ng kasalukuyang sistemang pang-ekonomya, na kasama ng burgesya ay di maiiwasang lumilikha at nag-oorganisa sa proletaryado. Ipinakita nila na hindi ang mga pagsisikap na may kabutihang-loob ng marangal ang isip na mga indibidwal kundi ang makauring pakikibaka ng organisadong proletaryado ang siyang magliligtas ng sangkatauhan mula sa kasamaan na nang-aapi ngayon sa kanya. Sa kanilang syentipikong mga akda, sina Marx at Engels ang unang nagpaliwanag na ang sosyalismo ay hindi imbensyon ng mga mapangarap, kundi ang ultimong layunin at di maiiwasang resulta ng pag-unlad ng mga produktibong pwersa ng modernong lipunan. Hanggang sa kasalukuyan, lahat ng nakatalang kasaysayan ay kasaysayan ng tunggalian ng mga uri, kasaysayan ng magkakasunud-sunod na paghahari at tagumpay ng ilang uri sa iba pang uri. At magpapatuloy ang ganito hanggang

ang mga pundasyon ng tunggalian ng mga uri at ng makauring paghahari – ng pribadong pag-aari at anarkikong produksyong panlipunan – ay maglaho. Hinihingi ng interes ng proletaryado ang pagwasak sa mga pundasyong ito, at samakatwid, dapat ang mulat na makauring pakikibaka ng organisadong mga manggagawa ay nakatuon laban sa kanila. At ang lahat ng makauring pakikibaka ay pampulitikang pakikibaka.

Ang mga pananaw na ito nina Marx at Engels ay itinataguyod ngayon ng lahat ng proletaryo na nakikibaka para sa kanilang paglaya. Gayunman, nang lumahok noong dekadang 1840 ang dalawang magkaibigan sa sosyalistang literatura at kilusang panlipunan ng kanilang kapanahunan, ang ganoong mga opinyon ay bagung-bago. Sa panahong iyon, maraming tao na may talino man o wala, tapat man o hindi, ay nabigong matukoy ang antagonismo sa pagitan ng interes ng burgesya at interes ng proletaryado, habang sila'y lubog na lubog sa pakikibaka para sa kalayaang pampulitika, sa pakikibaka laban sa despotismo ng mga hari, pulis at mga pari. Ni hindi man lamang tinatanggap ang ideya na dapat kumilos ang mga manggagawa bilang nagsasariling pwersang panlipunan. Sa kabilang banda, maraming mapangarap, at ilan sa mga ito ay mga henyo na nagpalagay na kinakailangan lamang na kumbinsihin ang mga naghahari at nangingibabaw na mga uri sa inhustisya ng kasaluluyang kaayusang panlipunan, at magiging madali nang itatatag ang kapayapaan at pangkalahatang kagalingan sa mundo. Nangarap sila ng sosyalismo nang walang pakikibaka. Panghuli, itinuturing ng halos lahat ng sosyalista ng panahong iyon at mga kaibigan ng uring manggagawa ang proletaryado bilang isang ulser lamang, at ikinatakot nang husto nang makitang lumalaki ang ulser na ito sa paglaki ng industriya. Samakatwid, lahat sila'y nagtatangkang ihinto ang pag-unlad ng industriya at proletaryado, ihinto ang "gulong ng kasaysayan." Hinding-hindi nakikiisa sa pangkalahatang pangamba sa pag-unlad ng proletaryado, inilagay nina Marx at Engels ang lahat ng kanilang pag-asa sa patuloy na paglago ng proletaryado. Kung mas lalaki ang bilang ng mga proletaryo, mas lalaki ang kanilang kapangyarihan bilang rebolusyonaryong uri, at mas lalapit at mas magiging posible ang sosyalismo. Ang naitulong nina Marx at Engels sa uring manggagawa ay mailalahad sa ilang salita sa ganitong paraan: itinuro nila sa uring manggagawa kung paano kikilalanin ang sarili at magiging mulat sa sarili, at hinalinhan nila ng syensya ang mga pangarap.



Iyon ang dahilan kung bakit dapat alam ng lahat ng manggagawa ang pangalan at buhay ni Engels. Iyon ang dahilan kung bakit sa koleksyon ng mga artikulong ito[3] na naglalayong pukawin ang makauring kamulatan ng mga manggagawang Ruso, tulad ng lahat ng ating publikasyon, kailangang iguhit natin ang buhay at gawain ni Frederick Engels, ang isa sa dalawang dakilang guro ng modernong proletaryado.

Ipinanganak si Engels noong 1820 sa Barmen, sa probinsya ng Rhine ng Kaharian ng Prussia. Isang tagapagmanupaktura ang kanyang ama. Noong 1838, napilitan si Engels dahil sa katayuan ng kanyang pamilya na mamasukan sa isa sa mga bahay-komersyo ng Bremen bilang kawani nang hindi nagtapos ng pag-aaral sa paaralan. Hindi napigilan si Engels ng gawaing komersyal na ipagpatuloy ang kanyang edukasyong syentipiko at pampulitika. Namuhi siya sa awtokrasya at tiranya ng mga burukrata habang nasa paaralan pa siya. Ang pag-aaral sa pilosopiya ay naghatid sa kanya sa mas malayo. Sa panahong iyon, nangingibabaw ang mga turo ni Hegel sa pilosopiyang German, at naging tagasunod niya si Engels. Bagamat si Hegel mismo ay tagahanga ng awtokratikong estadong Prussian, kung saan naglilingkod siya bilang propesor sa Unibersidad ng Berlin, rebolusyonaryo ang *mga*

*turo* ni Hegel. Ang pananalig ni Hegel sa kaisipan ng tao at mga karapatan nito, at ang pundamental na tesis ng pilosopiyang Hegelian, ibig sabihin, na nakapailalim ang sansinukob sa palagiang proseso ng pagbabago at pag-unlad, ay nagdadala sa mga disipulo ng pilosopo ng Berlin na ayaw umalinsunod sa umiiral na kalagayan tungo sa ideya na ang pakikibaka laban sa kaayusan ito, ang pakikibaka laban sa umiiral na kasamaan at nangingibabaw na kabuktutan ay nauugat rin sa unibersal na batas ng panloob na pag-unlad. Kung umuunlad ang lahat ng bagay, kung pinapalitan ang mga institusyon ng ibang mga institusyon, bakit walang hanggang mananatili ang awtokrasya ng haring Prussian o ng tsar ng Rusya, bakit walang hanggang mananatili ang pagpapayaman ng sandakot na minorya sa kapinsalaan ng napakalawak na mayorya, o ang dominasyon ng burgesya sa mamamayan? Nagbabanggit ang pilosopiya ni Hegel ng pag-unlad ng isip at ng mga ideya; *ideyalista* ito. Mula sa pag-unlad ng isip, nahinuha nito ang pag-unlad ng kalikasan, ng tao, at ng mga relasyong pantao at panlipunan. Habang kinukuha ang ideya ni Hegel sa walang hanggang proseso ng pag-unlad,* iwinaksi nina Marx at Engels ang naunang nabuong ideyalistang pananaw; sinuri ang mga katotohanan ng buhay, nakita nila na hindi ang pag-unlad ng isip ang nagpapaliwanag sa pag-unlad ng kalikasan, kundi kabaligtaran nito, ang pagpapaliwanag sa isip ay dapat halawin sa kalikasan at sa bagay... Kaiba kay Hegel at iba pang Hegelian, sina Marx at Engels ay materyalista. Tinatanaw nila ang daigdig at sangkatauhan mula sa punto de bista ng materyalismo at naunawaan nila na tulad ng materyal na sanhi ang nasa batayan ng lahat ng penomenon ng kalikasan, kinokondisyon naman ang pag-unlad ng lipunan ng tao ng pag-unlad ng materyal na mga pwersa sa produksyon. Nakasalalay sa pag-unlad ng mga pwersa

* Madalas ipaliwanag nina Marx at Engels na sa kanilang intelektwal na pagsulong, malaki ang kanilang utang sa dakilang mga pilosopong German, la-luna kay Hegel. "Kung wala ang pilosopiyang German," ani Engels, "hindi sana nagkaroon ng syentipikong sosyalismo."[4]



sa produksyon ang mga relasyon na pinapasukan ng tao sa isa't isa sa produksyon ng mga bagay na kinakailangan para matugunan ang mga pangangailangan ng tao. At nasa mga relasyong ito makikita ang paliwanag sa lahat ng penomenon ng buhay panlipunan, mga adhikain ng tao, mga ideya at batas. Nililikha ng pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon ang mga relasyong panlipunan na nakabatay sa pribadong pag-aari, pero ngayon, nasasaksihan natin na ang pag-unlad na ito mismo ng mga pwersa sa produksyon ang nagkakait sa mayorya ng kanilang pag-aari at nagkokonsentra nito sa mga kamay ng sandakot na minorya. Winawasak nito ang pag-aari, ang batayan ng modernong kaayusang panlipunan; ito mismo'y naghahabol sa pinakalayunin na itinakda ng mga Sosyalista sa sarili. Ang dapat na lamang gawin ng mga sosyalista ay unawain kung alin sa mga pwersang panlipunan na dahil sa pusisyon nito sa modernong lipunan ay interesado sa pagkakamit ng sosyalismo, at ikintal sa pwersang ito ang kamulatan sa sariling interes at sa istorikong misyon nito. Ang pwersang ito ay ang proletaryado. Natuklasan ito ni Engels sa England, sa sentro ng industriyang British, sa Manchester, kung saan siya'y nanirahan noong 1842 at nanilbihan sa isang bahay-komersyo na may sosyo ang kanyang ama. Dito, hindi lamang naglagi sa tanggapan sa pabrika si Engels kundi naglakad-lakad sa mga slum na tinutuluyan ng mga manggagawa. Nakita niya sa sarili niyang mga mata ang kanilang karukhaan at pagdarahop. Pero hindi siya nagkasya sa personal na mga obserbasyon. Binasa niya ang lahat ng nabunyag sa kanya tungkol sa kalagayan ng uring manggagawang British at matamang pinag-aralan ang lahat ng upisyal na dokumentong nahawakan niya. Ang bunga ng mga pag-aaral at obserbasyong ito ay ang aklat na lumabas noong 1845: *Ang Kalagayan ng Uring Manggagawa sa England*. Nabanggit na natin ang pangunahing ambag ni Engels bilang may-akda ng *Ang Kalagayan ng Uring Manggagawa sa England*. Bago pa man kay Engels, marami

na ang naglarawan sa mga paghihirap ng proletaryado at nagpaliwanag sa pangangailangang tulungan ito. Si Engels ang unang nagsabi na hindi lamang naghihirap na uri ang proletaryado, kundi sa katunayan, di mapipigilang itinutulak pasulong ang proletaryado ng kalunus-lunos na kalagayang pang-ekonomya nito at pinupwersa itong makibaka para sa sariling ultimong paglaya. At gagawin nga ito ng lumalabang proletaryado. Di maiiwasang hahantong ang kilusang pampulitika ng uring manggagawa sa pag-unawa ng mga manggagawa na ang kanilang kaligtasan ay nakasalalay sa sosyalismo. Sa kabilang banda, magiging pwersa lamang ang sosyalismo kung magiging layunin ito ng pakikibakang pampulitika ng uring manggagawa. Iyon ang pangunahing mga ideya ng aklat ni Engels hinggil sa kalagayan ng uring manggagawa sa England, mga ideya na ngayo'y itinataguyod ng lahat ng proletaryong nag-iisip at nakikibaka, pero noong panahong iyo'y bagung-bago. Inilahad ang mga ideyang iyon sa kanyang aklat na isinulat sa estilong kawili-wili at punung-puno ng pinakatotoo at nakasisindak na larawan ng paghihirap ng proletaryadong Ingles. Mabigat na sakdal sa kapitalismo at burgesya ang aklat na ito. Napakalalim ang impresyon na nilikha nito. Sinisipi na ang aklat ni Engels sa lahat ng dako bilang pinakamahusay na paglalarawan ng kondisyon ng modernong proletaryado. At sa katunayan, walang lumabas na kasintampok at kasing-makatotohanang larawan ng paghihirap ng uring manggagawa bago man ng 1845 o matapos nito.

Noong makarating sa England saka lamang naging Sosyalista si Engels. Nakabuo siya ng ugnay sa Manchester sa mga taong aktibo sa kilusang manggagawang British sa panahong iyon at nagsimulang magsulat para sa mga sosyalistang publikasyong Ingles. Noong 1844, habang pabalik sa Germany, nakilala niya sa Paris si Marx, na kanyang kasulatan na. Sa Paris, naging Sosyalista rin si Marx sa impluwensya ng mga Sosyalistang French at buhay French. Dito, magkasamang isinulat ng magkaibigan ang aklat na pinamagatang *Ang Banal na Pamilya, o Kritika sa Kritikal na Kritika*. Ang aklat na ito, na lumabas isang taon bago lumabas *Ang Kalagayan ng Uring Manggagawa sa England*, at isinulat ni Marx sa kalakhan, ay naglalaman ng mga pundasyon ng rebolusyonaryong materyalistang sosyalismo, na ipinalawig natin sa itaas ang pangunahing mga ideya. Ang Banal na Pamilya ay palabirong palayaw para sa magkakapatid na Bauer na mga pilosopo, pati na ng kanilang mga kapanalig. Ipinangangaral ng mga ginoong ito ang isang kritisismong labas sa lahat ng realidad, na nakaibabaw sa mga partido at pulitika, na nagtatakwil sa lahat ng praktikal na aktibidad, at "kritikal" lamang na pinagnilay-nilayan ang nakapaligid na daigdig at mga pangyayari na nagaganap sa loob nito. Palalong itinuturing ng mga ginoong ito, ng mga Bauer, ang proletaryado bilang isang masang di kritikal. Masigasig na binaka nina Marx at Engels ang balbal at mapaminsalang tunguhing ito. Sa ngalan ng tunay na personalidad pantao – ang manggagawa na niyuyurakan ng mga naghaharing uri at ng estado – hiningi nila, hindi ang pagninilay-nilay, kundi ang pakikibaka para sa isang mas mahusay na kaayusan ng lipunan. Mangyari pa, itinuturing nila ang proletaryado bilang kapangyarihan na may kakayahang isulong ang pakikibakang ito at interesado sa bagay na ito. Bago pa man lumabas ang *Ang Sagradong Pamilya*, inilathala na ni Engels sa *Deutsch-Franzosische Jahrbucher* (Anwal na German-French)[5] nina Marx at Ruge ang *Mga Kritikal na Sanaysay hinggil sa Ekonomyang Pampulitika*, kung saan sinuri niya ang pangunahing penomena ng kontemporaryong kaayusang pang-ekonomya mula sa sosyalistang paninindigan at narating ang kongklusyon na kinakailangang mga bunga ito ng paghahari ng pribadong pag-aari. Walang dudang ang pakikipagpalitan kay Engels ay isang salik kung bakit nagpasya si Marx na mag-aral ng ekonomyang pampulitika,

isang syensya kung saan nakalikha sila ng isang tunay na rebolusyon.

Nanirahan si Engels sa Brussels at Paris mula 1845 hanggang 1847, at pinagsanib ang syentipikong mga pagsisikap at praktikal na mga aktibidad sa hanay ng manggagawang German sa Brussels at Paris. Dito, umugnay sina Marx at Engels sa lihim na Ligang Komunistang German, na nagkomisyon sa kanilang ipalawig ang pangunahing mga prinsipyo ng sosyalismo na kanilang binalangkas. Sa gayon lumitaw ang bantog na *Manipesto ng Partido Komunista* nina Marx at Engels na inilathala noong 1848. Ang maliit na librong ito ay katumbas ng buu-buong tomo: hanggang sa araw na ito, nagbibigay inspirasyon ang diwa nito at nagpapakilos sa organisado at nakikibakang proletaryado ng buong sibilisadong daigdig.

Pinabalik sina Marx at Engels sa kanilang lupang tinubuan ng rebolusyon ng 1848, na unang sumiklab sa France at pagkatapos ay lumaganap sa ibang mga bayan ng Kanluraning Europa. Dito, sa Rhenish Prussia, pinangunahan nila ang demokratikong *Neue Rheinische Zeitung* (Bagong Dyornal Na Rhenish) na inilathala sa Cologne. Ang dalawang magkaibigan ang puso't kaluluwa ng lahat ng adhikaing rebolusyonaryo-demokratiko sa Rhenish-Prussia. Ipinagtanggol nila ang interes ng mamamayan at ng kalayaan laban sa mga reaksyunaryong pwersa hanggang sa kahuli-hulihan. Gaya ng alam na natin, nangibabaw ang mga reaksyunaryong pwersa. Sinupil ang *Neue Rheinische Zeitung*. Idinistiyero si Marx, na binawian ng kanyang pagkamamamayang Prussian sa panahon ng kanyang destiyero. Lumahok si Engels sa armadong pag-aalsang popular, nakibaka para sa kalayaan sa tatlong labanan, at matapos magapi ang mga rebelde, tumakas patungong London na dumaan ng Switzerland.

Doon din nanirahan si Marx. Di naglaon, naging kawani muli si Engels, at pagkatapos ay maysapi, sa bahay komersyong kanyang pinagtrabahuhan noong dekada 1840. Tumira siya sa Manchester hanggang 1870, habang nakatira sa London si Marx, na magkagayunma'y hindi nakapigil sa pinakamasiglang palitang intelektwal: halos araw-araw silang nagsusulatan. Sa sulatang ito, ang dalawang magkaibigan ay nagpalitan ng pananaw at kaalaman at patuloy na nagtulungan sa pagbabalangkas ng syentipikong sosyalismo. Lumipat sa London si Engels noong 1870, at nagpatuloy ang kanilang komun na buhay intelektwal na punung-puno ng mabigat na paggawa hanggang 1883, nang mamatay si Marx. Ang bunga nito, sa panig ni Marx, ay ang *Kapital*, ang pinakadakilang akda tungkol sa ekonomyang pampulitika ng ating kapanahunan, at sa panig ni Engels – maraming mga akda, malaki at maliit. Hinarap ni Marx ang pagsusuri sa kompleks na penomenon ng kapitalistang ekonomya. Hinarap naman ni Engels sa madalas ay polemikal na akda at isinulat sa simpleng paraan ang mas pangkalahatang syentipikong mga usapin at ang mas kompleks na penomenon ng nakaraan at kasalukuyan sa diwa ng materyalistang pananaw sa kasaysayan at teoryang pang-ekonomya ni Marx. Sa mga akdang ito ni Engels, bababanggitin natin ang polemikal na akda laban kay Duhring (kung saan sinuri niya ang napakahahalagang usapin sa larangan ng pilosopiya, syensya ng kalikasan at mga syensyang panlipunan), *Ang Pinagmulan ng Pamilya, Pribadong Pag-aari at Estado** (isinalin sa Ruso, inilathala sa St. Petersburg, ikatlong edisyon, 1895), *Ludwig Feuerbach*** (mga salin sa Ruso na may mga tala ni G. Plekhanov, Geneva, 1892), isang artikulo tungkol sa patakarang panlabas ng gubyernong Ruso (isinalin sa Ruso sa Sotsial-Democrat ng Geneva, Blg.

* Isang aklat na kahanga-hanga sa yaman at napakainstruktibo.[6] Sa kasawiampalad, maliit na bahagi lamang nito na naglalaman ng istorikong balangkas ng pag-unlad ng sosyalismo ang naisalin sa Ruso (Ang Pag-unlad ng Syentipikong Sosyalismo, Ikalawang edisyon, Geneva, 1892).

** "Si Ludwig Feuerbach at ang Wakas ng Klasikong Pilosopiyang German," sa Marx at Engels, Piling mga Akda, Moscow, 1958, Tomo II, pp. 358-402.

1 at 2),[7] kahanga-hangang mga artikulo tungkol sa usaping pabahay,[8] at panghuli, maliliit ngunit napakahahalagang artikulo tungkol sa pang-ekonomyang pag-unlad ng Rusya (Frederick Engels Tungkol sa Rusya, na isinalin sa Ruso ni Vera Zasulich, Geneva, 1894).[9] Namatay si Marx bago niya makumpleto ang kanyang napakalaking gawain sa *Kapital*. Gayunman, natapos na ito sa borador, at matapos mamatay ang kanyang kaibigan, hinarap ni Engels ang mabigat na gawain na ihanda at ilathala ang ikalawa at ikatlong bolyum ng *Kapital*. Inilathala niya ang Ikalawang Bolyum noong 1885 at ang Ikatlong Bolyum noong 1894 (hindi na niya naihanda ang Ikaapat na Bolyum dahil sa kanyang pagkamatay).[10] Ang dalawang bolyum na ito ay nangahulugan ng napakalaking pagsisikap. Wastong ipinakli ni Adler, ang Sosyal-Demokratang Austrian, na dahil sa paglalathala ni Engels ng Ikalawa at Ikatlong Bolyum ng *Kapital*, nagtayo siya ng dakilang monumento sa henyo ng kanyang kaibigan, isang monumento na di mabuburang nakaukit ang sarili niyang pangalan nang hindi niya inaadya. Tunay ngang ang dalawang bolyum na ito'y akda ng dalawang tao: si Marx at si Engels. Maraming sinaunang salaysay tungkol sa nakababagbag-damdaming halimbawa ng pagkakaibigan. Maaaring sabihin ng proletaryado na ang syensya nito'y nilikha ng dalawang iskolar at mandirigma, na ang relasyon sa isa't isa'y nakahihigit sa pinakanakababagbag-damdaming salaysay ng pagkakaibigan sa hanay ng mga sinauna. Lagi – at sa kabuuan, tama naman – na inilalagay ni Engels ang sarili pagkatapos ni Marx. "Habang nabubuhay si Marx," sulat niya sa isang matagal nang kaibigan, "pumapangalawa lamang ako."[11] Ang kanyang pagmamahal sa nabubuhay na si Marx, at ang kanyang pagpipitagan sa alaala ng namatay na si Marx, ay walang hangganan. Sa matatag na mandirigma at istriktong palaisip na ito'y tumitibok ang isang pusong malalim na magmahal.



Matapos ang kilusan ng 1848-49, hindi naabala sina Marx at Engels sa syensya lamang. Noong 1864, itinatag ni Marx ang International Workingmen's Association (Internasyunal na Asosasyon ng mga Manggagawa), at pinamunuan ang katipunang ito sa loob ng isang dekada. Aktibo ring lumahok si Engels sa mga gawain nito. Ang gawain ng Internasyunal na Asosasyon, na alinsunod sa ideya ni Marx ay nagbuklod sa mga proletaryo ng lahat ng bayan, ay may napakalaking kabuluhan sa pag-unlad ng kilusan ng uring manggagawa. Gayunman, kahit na nagwakas na ang Internasyunal na Asosasyon noong dekada 1870, hindi huminto ang mapagkaisang papel nina Marx at Engels. Kabaligtaran nito, maaaring sabihin na ang kanilang kahalagahan bilang ispiritwal na mga pinuno ng kilusang paggawa ay tuluy-tuloy na lumaki, dahil walang tigil ding lumawak ang kilusan mismo. Matapos mamatay si Marx, mag-isang nagpatuloy si Engels bilang tagapayo at pinuno ng mga Sosyalistang Europeano. Hinahanap ang kanyang payo at direksyon kapwa ng mga Sosyalistang German, na sa kabila ng persekyusyon ng gubyerno ay mabilis at tuluy-tuloy na lumakas, at ng mga kinatawan ng atrasadong mga bayan, tulad ng mga Espanyol, Rumanian, at Ruso na napilitang paglimi-limian at pag-aralan ang una nilang mga hakbang. Lahat sila'y humalaw sa mayamang kaban ng kaalaman at karanasan ng matandang si Engels.

Sina Marx at Engels, na kapwa'y marunong magsalita ng Ruso at nagbabasa ng mga aklat na Ruso ay interesadong-interesado sa Rusya, at mapandamay na sinubaybayan ang rebolusyonaryong kilusang Ruso. Patuloy silang nakipag-ugnayan sa mga rebolusyonaryong Ruso. Kapwa sila demokrata bago sila naging mga Sosyalista, at napakalakas sa kanila ng demokratikong damdaming pagkamuhi sa despotismong pampulitika. Dahil sa tuwirang damdaming pampulitikang ito, kakumbina ng malalim na teoretikal na pagkaunawa sa ugnay ng despotismong pampulitika at pang-

aaping pang-ekonomya, gayundin ng kanilang karanasan sa buhay, sina Marx at Engels ay may pambihirang interes mismo mula sa paninindigang pampulitika. Ito ang dahilan kung bakit ang magiting na pakikibaka ng sandakot na mga rebolusyonaryong Ruso laban sa makapangyarihang gubyernong tsarista ay nakakuha ng simpatya sa mga puso ng mga subok na rebolusyonaryong ito. Sa kabilang banda, ang tendensyang tumalikod sa pinakakagyat at pinakamahalagang tungkulin ng mga Sosyalistang Ruso, walang iba kundi ang pagwawagi ng kalayaang pampulitika, alang-alang sa haka-hakang mga bentahe sa ekonomya, ay tiyak na kahina-hinala sa kanilang mga mata, at itinuturing na nga nilang tuwirang pagtataksil sa dakilang adhikain ng rebolusyong panlipunan. "Ang pagpapalaya sa proletaryado ay dapat maging gawain ng proletaryado mismo" – palaging itinuturo nina Marx at Engels. Pero para ipaglaban ang paglayang pang-ekonomya nito, dapat ipagwagi ng proletaryado para sa sarili ang ilang karapatang pampulitika. Dagdag pa, malinaw na nakita nina Marx at Engels na ang isang rebolusyong pampulitika sa Rusya ay may napakalaking kabuluhan din para sa kilusang paggawa sa Kanlurang Europa. Ang awtokratikong Rusya ay laging naging balwarte ng reaksyong Europeano sa pangkalahatan. Mangyari pa, lalo lamang pinatampok ang kahalagahan ng awtokratikong Rusya bilang reaksyunaryong pwersa, ng napakapambihirang paborableng internasyunal na pusisyon ng Rusya bunga ng digma ng 1870, na sa mahabang panahon ay naghasik ng sigalot sa pagitan ng Germany at France. Tanging isang malayang Rusya, isang Rusya na hindi nangangailangang mang-api ng mga Pole, Finn, German, Armenian o iba pang maliliit na bansa, o laging upatan ang France at Germany laban sa isa't isa, tanging iyon ang makapagpapalaya sa modernong Europa sa pasanin ng digma, makapagpapahina sa lahat ng reaksyunaryong elemento sa Europa at makapagpapalawak sa kapangyarihan ng uring manggagawang Europeano. Samakatwid, marubdob na



hinangad ni Engels ang pagtatatag ng kalayaang pampulitika sa Rusya alang-alang na rin sa pag-unlad ng kilusang paggawa sa Kanluran. Nawalan ng pinakamatalik na kaibigan sa kanya ang mga rebolusyonaryong Ruso.

Harinawa'y manatili nang walang hanggan ang alaala ni Frederick Engels, ang dakilang kampyon at guro ng proletaryado!

Taglagas, 1895

Unang inilathala sa simposiyum na Rabotnik, Blg. 1-2, 1896 edisyong Ingles, Tinipong mga Akda ni Lenin, 2:15-27

# Mga Tala

1. Isinulat ni Lenin ang Frederick Engels sa taglagas ng 1895. Una itong inilathala noong Marso 1896 sa simposiyum na Rabotnik, Blg. 1. Inilathala ang Rabotnik (Ang Manggagawa) sa ibang bayan para magbuo ng ugnay sa grupong Emancipation of Labor (Pagpapalaya ng Paggawa) at para pag-aralan ang kilusang manggagawa ng Kanlurang Europa. Pinasimunuan ni Lenin ang publikasyon ng Rabotnik, at nakipagkasundo kina G. V. Plekhanov, P. B. Axelrod at iba pang myembro ng grupo. Nang siya'y magbalik sa Rusya noong Setyembre 1895, ginawa ni Lenin ang lahat para makapagbigay sa Rabotnik ng mga artikulo at sulat mula sa Rusya at mag-organisa ng suportang pampinansya para dito. Nagsulat si Lenin ng ilan pang artikulo bilang dagdag sa "Frederick Engels" para sa unang isyu. Lahat-lahat, may anim na isyu ng Rabotnik ang nailathala sa tatlong bolyum, at sampung isyu ng Listok Rabotnika (Ang Balita ng mga Manggagawa).

2. Ang mga salitang ito'y mula sa isang tula ni N. A. Nekrasox, "Sa Alaala ni Dobrolyubov."

3. Tingnan ang blg. 1 sa itaas.

4. Paunang salita ni Engels sa Ikalawang Edisyon ng Ang Digmang Magsasaka sa Germany, New York, (1966), p. 27.

5. Ang Anwal na German-French, isang dyornal na itinatag ni Marx na kasama ni Arnold Ruge sa Paris. Isang isyu lamang nito (doble) ang lumabas noong 1844. Pinaalis sa Paris si Marx noong 1845.

6. Ang tinutukoy ni Lenin ay ang *Anti-Duhring* ni Engels.

7. Isang dyornal na literaryo at pampulitika na inilathala sa ibayong dagat noong 1890-1892 ng grupong Pagpapalaya sa Paggawa; apat na isyu lamang ang lumabas. Ang tinutukoy ni Lenin ay ang artikulo ni Engels na "Ang Patakarang Panlabas ng Tsarismong Ruso".

8. Ang tinutukoy nito ay ang Ang Usapin sa Pabahay ni Engels na sinulat noong 1872-1873 at nirebisa ni Engels noong 1887.

9. "Hinggil sa mga Relasyong Panlipunan sa Rusya" ni Engels na isinulat noong Abril 1875 at inilathala sa Volksstaat sa taon ding iyon, gayundin bilang isang hiwalay na pampleto noong 1875 at 1894. Maaaring makuha sa ilang edisyon ng Piling Mga Akda nina Marx at Engels.

10. Ang tinutukoy nito ay ang Mga Teorya ng Labis na Halaga, na lalabas nang buo kasabay ng Kapital sa Tinipong mga Akda nina Marx at Engels, Bolyum 30-34. Hindi na ito itinuturing bilang Bolyum IV ng Kapital, kundi bilang isang akda na nauna sa Kapital sa katunayan.

11. Liham ni Engels kay J. F. Becker, Oktubre 15, 1884.



# 2. ANG ATING PROGRAMA[1]

Sa kasalukuyan, ang internasyunal na Sosyal-Demokrasya ay nasa kalagayan ng pag-uurong-sulong sa ideolohiya. Dati, itinuturing ang mga doktrina nina Marx at Engels bilang matatag na pundasyon ng rebolusyonaryong teorya, pero mayroon nang nagsasabi ngayon sa lahat ng dako na ang mga doktrinang ito ay di sapat at lipas na. Kailangang itakda ng sinumang nagsasabing siya'y Sosyal-Demokrata at nagbabalak na maglathala ng pahayagang Sosyal-Demokrata kung ano ang kanyang pinakaaktitud sa isang usapin na pinagkakaabalahan ng mga Sosyal-Demokratang German, at hindi lamang sila.

Naninindigan tayo nang buung-buo sa teoretikal na pusisyong Marxista: ang Marxismo ang unang nagtransporma ng sosyalismo mula isang utopya tungo sa isang syensya, ang unang naglatag ng matibay na pundasyon para sa syensyang ito, at unang nagtukoy ng landas na dapat tahakin para higit pang paunlarin at palawigin ito sa lahat ng bahagi. Ibinunyag nito ang kalikasan ng modernong kapitalistang ekonomya sa pamamagitan ng pagpapaliwanag kung paanong itinatago ng pag-upa sa manggagawa, ng pagbili sa lakas paggawa, ang pang-aalipin sa milyun-milyong taong walang pag-aari ng sandakot na mga kapitalista, ang mga may-ari ng lupa, pabrika, minahan, atbp. Ipinakita nito na ang lahat ng modernong kapitalistang kaunlaran ay may tendensya tungong malawakang produksyon para pawiin ang maliitang produksyon, at lumilikha ng mga kalagayan para maging posible at kinakailangan ang sosyalistang sistema ng lipunan. Itinuro nito sa atin kung paano matukoy sa likod ng lambong ng nakaugat na mga kaugalian, intriga sa pulitika, mahirap

maunawaang mga batas, at masalimuot na mga doktrina ang tunggalian ng mga uri, ang tunggalian sa pagitan ng mga uring nagmamay-ari sa lahat ng kasalimuotan nito, at ang masa na walang pagmamay-ari, ang proletaryado, na nasa unahan ng lahat ng walang pagmamay-ari. Inilinaw nito ang tunay na tungkulin ng isang rebolusyonaryong sosyalistang partido: hindi ang magbalangkas ng mga plano para muling ihugis ang lipunan, hindi ang mangaral sa mga kapitalista at kanilang mga alalay kung paano pahuhusayin ang kalagayan ng mga manggagawa, hindi ang magbuo ng mga pakana, kundi ang organisahin ang makauring pakikibaka ng proletaryado at pamunuan ang pakikibakang ito, na ang ultimong layunin ay ang pag-agaw ng proletaryado sa kapangyarihang pampulitika at ang pag-organisa ng isang sosyalistang lipunan.

Ngayon nama'y itinatanong natin: May bago bang idinagdag sa teoryang ito ng malalakas ang boses na "Tagapagbago" na sobrang nag-iingay ngayon at nagtipun-tipon sa paligid ng sosyalistang German na si Bernstein? Walang-wala. Hindi nila naiabante ng kahit isa mang hakbang ang syensyang ipinanawagan sa atin nina Marx at Engels na paunlarin; hindi nila naturuan ang proletaryado ng anumang bagong paraan ng pakikibaka; umatras lamang sila habang nanghihiram ng pira-piraso ng atrasadong mga teorya at turo sa proletaryado, hindi ang teorya ng pakikibaka, kundi ang teorya ng konsesyon – ang pagbibigay ng konsesyon sa pinakabuktot na mga kaaway ng proletaryado, ang mga gubyerno at partidong burges na hindi nagsasawa sa paghahanap ng bagong mga pamamaraan para bitagin ang mga sosyalista. Ganap na wasto si Plekhanov, ang isa sa mga tagapagtatag at pinuno ng Sosyal-Demokrasyang Ruso, sa walang habas na pagpuna sa pinakabagong "kritika" ni Bernstein[2], ang mga pananaw ni Bernstein na ngayo'y tinatanggihan din ng mga kinatawan ng mga manggagawang German (sa Kongreso sa Hannover).[3] Inaasahan namin ang hugos ng mga akusasyon dahil sa mga salitang ito; lalakas ang mga sigaw na nais naming gawin ang sosyalistang partido bilang isang orden ng "tunay na mga nananalig" na nang-uusig sa "mga erehe" dahil sa kanilang paglihis sa "dogma", sa lahat ng independyenteng opinyon, atbp. Alam na alam na namin ang uso at mahahapding pananalitang ito. Lamang, walang kahit isang hibla ng katotohanan o kahulugan sa mga ito. Hindi maaaring magkaroon ng malakas na sosyalistang partido kung walang rebolusyonaryong teorya na nagbubuklod sa lahat ng sosyalista, na pinagmumulan ng lahat ng kanilang paninindigan, at inilalapat nila sa kanilang mga pamamaraan ng pakikibaka at pagkilos. Ang ipagtanggol ang gayong teorya, na sa abot ng iyong kaalaman ay totoo, laban sa walang batayang mga atake at mga pagtatangka na sirain ito, ay hindi nangangahulugan na isa kang kaaway ng lahat ng kritisismo. Hindi namin itinuturing ang teorya ni Marx bilang kumpleto na at di mababali; kabaligtaran nito, kumbinsido kami na inilatag lamang nito ang batong pundasyon ng syensyang dapat paunlarin ng mga sosyalista sa lahat ng direksyon kung hangad nilang makasabay sa buhay. Sa aming palagay, lalong esensyal para sa mga sosyalistang Ruso ang independyenteng pagpapalawig sa teorya ni Marx; ito'y dahil nagbibigay lamang ang teoryang ito ng pangkalahatang prinsipyong gabay, na sa partikular ay inilalapat sa England sa ibang paraan kaysa France, at sa ibang paraan sa France kaysa Germany, at sa ibang paraan naman sa Germany kaysa Rusya. Samakatwid, malugod naming paglalaanan ng lugar sa aming pahayagan ang mga artikulo sa teoretikal na mga usapin at inaanyayahan namin ang lahat ng kasama na hayag na talakayin ang kontrobersyal na mga punto.

Ano ang pangunahing mga usapin na lumilitaw sa paglalapat sa Rusya ng programang komun sa lahat ng Sosyal-Demokrata? Nabanggit namin na ang esensya ng

programang ito ay organisahin ang makauring pakikibaka ng proletaryado at pamunuan ang pakikibakang ito, na ang ultimong layunin ay ang pag-agaw ng proletaryado sa kapangyarihang pampulitika at ang pagtatatag ng isang sosyalistang lipunan. Ang makauring pakikibaka ng proletaryado ay binubuo ng pakikibakang pang-ekonomya (ang pakikibaka laban sa indibidwal na mga kapitalista o laban sa indibidwal na mga grupo ng mga kapitalista para sa pagpapahusay ng kalagayan ng mga manggagawa) at ang pakikibakang pampulitika (ang pakikibaka laban sa gubyerno para sa pagpapalawak ng mga karapatan ng mamamayan, ibig sabihin, para sa demokrasya, at para sa pagpapalawak ng kapangyarihang pampulitika ng proletaryado). Itinuturing ng ilang Sosyal-Demokratang Ruso (mukhang kabilang sa mga ito ang mga namamatnugot sa Rabochaya Mysl)[4] ang pakikibakang pang-ekonomya bilang di maihahambing sa halaga, at halos umaabot pa sa paglalagay ng pakikibakang pampulitika sa humigit-kumulang ay malayong hinaharap. Maling-mali ang paninindigang ito. Nagkakasundo ang lahat ng Sosyal-Demokrata na kinakailangang organisahin ang pakikibakang pang-ekonomya ng uring manggagawa, na kinakailangang magsagawa ng ahitasyon sa hanay ng mga manggagawa sa batayang ito, ibig sabihin, para tulungan ang mga manggagawa sa kanilang pang-araw-araw na pakikibaka laban sa mga employer, para ilayo ang kanilang atensyon sa bawat anyo at bawat kaso ng pang-aapi, at sa ganitong paraan ay ilinaw sa kanila ang pangangailangan para sa organisasyon. Gayunman, ang kaligtaan ang pakikibakang pampulitika para sa pakikibakang pang-ekonomya ay mangangahulugan ng pagbitiw sa saligang prinsipyo ng internasyunal na Sosyal-Demokrasya. Mangangahulugan ito ng pagkaligta sa itinuturo ng buong kasaysayan ng kilusang paggawa. Paulit-ulit na tinatangka ng kumpirmadong mga tagapagtaguyod ng burgesya at ng gubyerno na naglilingkod dito na mag-organisa ng mga unyon ng mga manggagawa na purong



pang-ekonomya, at ilihis sila sa paraang ito mula sa "pulitika", mula sa sosyalismo. Posibleng-posible na gawin rin ang tulad nito ng Gubyernong Ruso, gaya ng lagi nitong sinisikap na magbigay ng mumunting pampalubag-loob, o mas wasto, huwad na mga pampalubag-loob, sa mamamayan, para lamang ilayo ang kanilang isip sa katotohanang inaapi sila at walang karapatan. Walang pakikibakang pang-ekonomya ang makapagbibigay ng pangmatagalang pag-unlad sa mga manggagawa, o kaya'y makasusulong sa malawakang saklaw, kung hindi makakamit ng mga manggagawa ang karapatang malayang mag-organisa ng mga pulong at unyon, o magkaroon ng sarili nilang mga pahayagan, at magpadala ng kanilang mga kinatawan sa mga pambansang asambleya, gaya ng tinatamasa ng mga manggagawa sa Germany at lahat ng iba pang bayang Europeano (liban sa Turkey at Rusya). Pero para maipagwagi ang mga karapatang ito, kinakailangang maglunsad ng pakikibakang pampulitika. Sa Rusya, hindi lamang ang mga manggagawa, kundi lahat ng mamamayan ay pinagkakaitan ng mga karapatang pampulitika. Ang Rusya ay isang absoluto at di nalilimitahang monarkiya; ang tsar lamang ang nagtitibay ng mga batas, naghihirang ng mga upisyal at nagkokontrol sa kanila. Dahil dito, nagmimistula na sa Rusya, ang tsar at ang gubyernong tsarista ay independyente sa lahat ng uri at nagbibigay ng pantay na pagtrato sa lahat. Gayunman, sa katunayan, lahat ng upisyal ay pinipili mula lamang sa uring may pagmamay-ari, at lahat ay nakapailalim sa impluwensya ng malalaking kapitalista, na nagpapasayaw sa mga ministro sa saliw ng kanilang tugtog at nakukuha ang anuman nilang naisin. Ang uring manggagawang Ruso ay nasisingkawan ng dobleng pasanin; ninanakawan at dinadambungan sila ng mga kapitalista at panginoong maylupa, at para pigilan ang mga ito sa paglaban sa kanila, tinatalian ito ng pulisya sa kamay at paa, binubusalan, at ang lahat ng pagsisikap para ipagtanggol ang mga karapatan ng mamamayan ay sinusupil.

Bawat welga laban sa isang kapitalista ay nagbubunga ng pagpapakawala ng mga militar at pulis laban sa mga manggagawa. Di maiiwasang ang lahat ng pakikibakang pang-ekonomya ay nagiging pakikibakang pampulitika, at dapat matatag na kombinahin ng Sosyal-Demokrasya ang pakikibakang pang-ekonomya sa pakikibakang pampulitika sa iisang makauring pakikibaka ng proletaryado. Ang una at pangunahing layunin ng ganoong pakikibaka ay ang pagwawagi ng mga karapatang pampulitika, ang pagwawagi ng kalayaang pampulitika. Kung mabilis na naipagtagumpay ng mga manggagawa ng St. Petersburg lamang, nang may kaunting tulong mula sa mga sosyalista, ang konsesyon mula sa gubyerno – ang pagtitibay ng batas sa pagpapaikli ng araw paggawa[5] – kung gayon, maipagwawagi ng uring manggagawang Ruso sa kabuuan, sa pamumuno ng iisang Sosyal-Demokratikong Partido sa Paggawa ng Rusya, sa mapagpunyaging pakikibaka, ang walang kahambing na mas mahahalagang konsesyon.

Kaya ng uring manggagawang Ruso na ilunsad nang mag-isa ang kanyang pakikibakang pang-ekonomya at pampulitika, kahit na walang ibang uri ang tumulong sa kanya. Pero sa pakikibakang pampulitika, hindi nag-iisa ang mga manggagawa. Pinupukaw ng ganap na kawalan ng karapatan ng mamamayan at ng mabangis na paglabagsa batas ng mga upisyal bashibazouk ang indignasyon ng lahat ng tapat at edukadong mamamayan na hindi kayang sikmurain ang persekyusyon ng malayang pag-iisip at malayang pamamahayag. Pinupukaw ng mga ito ang indignasyon ng aping mga Pole, Finn, Jew at mga relihiyosong sektang Ruso. Pinupukaw nito ang indignasyon ng maliliit na komersyante, tagamanupaktura, at magsasaka na hindi makahanap kahit saan ng proteksyon mula sa persekyusyon ng mga upisyal at pulis. Lahat ng grupong ito ng populasyon ay walang kakayahan, nang sila-sila lamang, na maglunsad ng mapagpunyaging pakikibakang pampulitika. Pero kapag iwinawagayway ng uring manggagawa ang bandila ng pakikibakang ito, matatamo nito ang suporta mula sa lahat ng panig. Ilalagay ng Sosyal-Demokrasyang Ruso ang sarili sa unahan ng lahat ng nakikibaka para sa karapatan ng mamamayan, ng lahat ng nakikibaka para sa demokrasya, at magiging hindi ito magagapi!

Ito ang ating mga pundamental na pananaw, at sistematikong pauunlarin natin ang mga ito mula sa lahat ng panig sa ating pahayagan. Kumbinsido tayo na sa paraang ito, tatahak tayo sa landas na ipinakita ng Sosyal-Demokratikong Partido sa Paggawa ng Rusya sa nailathala nitong Manipesto.[6]

## Mga Talang Pansanggunian

1. Isa sa mga artikulong isinulat ni Lenin habang nakadestiyero noong 1899, na para sana sa Rabochaya Gazeta, na ginawang upisyal na pahayagan ng RSDLP sa unang Kongreso nito. Gayunman, hindi nagtagumpay ang muling paglalabas ng publikasyon at hindi nailathala ang mga artikulo ni Lenin. Tingnan ang V. I. Lenin, Tinipong mga Akda, Tomo. 4.

2. Ang tinutukoy nito ay ang artikulo ni Plekhanov, "Si Bernstein at Materyalismo", na inilathala sa Blg. 44 ng *Neue Qeit* (Bagong Panahon), pahayagan ng mga Sosyal-Demokratang German, Hulyo 1898.

3. Idinaos ang Kongreso sa Hannover ng mga Sosyal-Demokratang German mula Setyembre 27 hanggang Oktubre (Oktubre 9-14), 1899. Sa talakayan ng pangunahing punto ng adyenda, "Ang Atake sa mga Pundamental na Pananaw at mga Taktika ng Partido", bumoto ang Kongreso laban sa mga rebisyunistang pananaw ni Bernstein nang hindi naman ipinapailalim ang mga ito sa masaklaw na kritisismo.

4. Ang *Rabochaya Mysl* (Kaisipan ng mga Manggagawa), pahayagan ng oportunistang mga ekonomista, ay inilathala sa 16 na isyu mula

Oktubre 1897 hanggang Disyembre 1902. Ang *Iskra* (Diklap) ni Lenin ay isang mahalagang instrumento laban sa mga ideya ng ekonomismo, pero ang pinakakumpletong tugon ni Lenin ay nasa "Ano ang Dapat Gawin?"

5. Itinakda ng batas ng Hunyo 2 (14), 1897 ang 11 1/2 oras na araw-paggawa para sa mga talyer na industriyal at perokaril. Bago nito, ang araw paggawa sa Rusya ay kasinghaba ng 14 o 15 oras. Pinuwersa ng kilusan ng uring manggagawa ang tsaristang gubyerno, kabilang ang mga welga sa pangunguna ng Liga ng Pakikibaka para sa Pagpapalaya ng Uring Manggagawa sa pamumuno ni Lenin, na ilabas ang batas ng Hunyo.

6. Inilathala ng Komite Sentral ng RSDLP ang Manipesto ng RSDLP noong 1898 alinsunod sa instruksyon ng Unang Kongreso. Inilagay ng Manipesto ang pakikibaka para sa kalayaang pampulitika at ang pagbabagsak ng awtokrasya sa unahan ng kilusang Sosyal-Demokratiko ng Rusya, at iniugnay ang pakikibakang pampulitika sa pangkalahatang mga layunin ng kilusan ng uring manggagawa.



# 3. SI ENGELS TUNGKOL SA KAHALAGAHAN NG TEORETIKAL NA PAKIKIBAKA[1]

Kung gayon, nakikita natin na ikinukubli ng pag-iingay laban sa osipikasyon ng kaisipan atbp. ang pagwawalang-bahala at kawalang magawa kaugnay ng pag-unlad ng teoretikal na kaisipan. Malinaw na inilalarawan ng kaso ng mga Sosyal-Demokratang Ruso ang pangkalahatang pangyayari sa Europa na malaon nang naobserbahan din ng mga Marxistang German: na ang ipinagmamalaking kalayaan ng kritisismo ay hindi nangangahulugan ng paghalili ng isang teorya sa isa pa, kundi kalayaan mula sa lahat ng integral at pinag-aralang teorya. Ipinapahiwatig nito ang eklektisismo at kawalan ng prinsipyo. Hindi maaaring hindi makita ng mga may kahit kaunti lamang ang pag-unawa sa aktwal na kalagayan ng ating kilusan na ang malawak na paglaganap ng Marxismo ay sinabayan ng isang antas ng pagbaba ng teoretikal na antas. Marami-raming tao rin na may kaunti lamang, o kaya'y walang-walang teoretikal na pagsasanay ang sumali sa kilusan dahil sa praktikal na kabuluhan nito at sa praktikal na mga tagumpay nito. Matatantya natin dito kung gaano hindi marunong makibagay ang *Rabocheye Dyelo* nang buong pagmamalaking sinisipi nito ang pangungusap ni Marx: "Bawat hakbang ng tunay na kilusan ay mas mahalaga kaysa isang dosenang programa."[2] Ang pagbabanggit ng mga salitang iyon sa panahon ng teoretikal na kaguluhan ay tulad ng pagbabati sa mga nagluluksa sa isang libing na maligayang araw sa inyong lahat. Dagdag pa, kinuha ang mga salitang iyon ni

Marx mula sa kanyang sulat tungkol sa Programang Gotha, kung saan matalas niyang kinokondena ang eklektisismo sa pormulasyon ng mga prinsipyo. Kung dapat magkaisa, sulat ni Marx sa mga lider ng partido, dapat buuin kung gayon ang mga kaisahan para tugunan ang praktikal na mga layunin ng kilusan, pero huwag hahayaan ang anumang tawaran sa prinsipyo, at huwag magbigay ng teoretikal na "mga konsesyon". Ito ang ideya ni Marx, pero may ilan sa atin na naghahangad – sa kanyang ngalan – na maliitin ang kabuluhan ng teorya!

Kung walang rebolusyonaryong teorya, hindi magkakaroon ng rebolusyonaryong kilusan. Hindi maigigiit nang labis ang ideyang ito sa panahon na ang usong pangangaral ng oportunismo ay kasabay ng pagkakahumaling sa pinakamakikitid na anyo ng praktikal na aktibidad. Gayunman, para sa mga Sosyal-Demokratang Ruso, ang kahalagahan ng teorya ay pinatitingkad ng tatlong sirkunstansya na madalas makaligtaan: una, ng katotohanan na ang ating Partido ay nasa proseso lamang ng pagbubuo. Ngayon lamang naitatakda ang mga katangian nito, at hindi pa ito nakapaglilinaw ng pananaw sa ibang mga tunguhin ng rebolusyonaryong kaisipan na nagbabantang maglihis ng kilusan mula sa wastong landas. Kabaligtaran nito, ang katatapos lamang na nakaraan ay minarkahan mismo ng pagpapanibagong-buhay ng mga rebolusyonaryong tunguhing di Sosyal-Demokratiko (isang kahahantungang pangyayari na matagal nang ipinaalala ni Axelrod sa mga Ekonomista). Sa kalagayang ito, maaaring humantong sa pinakanakalulungkot na resulta ang sa unang tingi'y "di mahalagang" kamalian, at ang mga taong makitid ang pananaw lamang ang magtuturing na ang mga tunggaliang paksyunal at istriktong pag-iiba-iba ng upinyon ay di angkop o kalabisan. Ang kahihinatnan ng Sosyal-Demokrasyang Ruso sa maraming taong darating ay maaaring nakasalalay sa pagpapalakas ng isa o iba pang "bahagyang kaibang kulay".



Ikalawa, ang kilusang Sosyal-Demokratiko, sa pinakaesensya nito, ay isang kilusang internasyunal. Nangangahulugan ito na hindi lamang natin dapat labanan ang pambansang sobinismo, kundi magiging matagumpay lamang ang kasisilang na kilusan sa isang batang bayan kung gagamitin nito ang mga karanasan ng ibang mga bayan. Para magamit ang mga karanasang ito, hindi sapat na malaman lamang ang mga ito, o simpleng kopyahin ang pinakabagong mga resolusyon. Ang kinakailangan ay ang abilidad na kritikal na suriin ang mga karanasang ito at subukan nang nagsasarili. Sinumang nakauunawa kung gaano kalawak nang lumaki at nagsanga ang modernong kilusan ng uring manggagawa ay makauunawa kung anong reserba ng mga pwersang teoretikal at karanasang pampulitika (gayundin, rebolusyonaryo) ang kinakailangan para ipatupad ang tungkuling ito.

Ikatlo, ang mga pambansang tungkulin ng Sosyal-Demokrasya ng Rusya ay tulad ng hindi pa nahaharap ng alinmang sosyalistang partido sa daigdig. Sa hinaharap, magkakaroon tayo ng pagkakataon para talakayin ang mga tungkuling pampulitika at pang-organisasyon na ipinapataw sa atin ng tungkuling palayain ang buong sambayanan mula sa pang-aalipin na ipinapataw ng awtokrasya sa atin. Ngayon, nais lamang nating sabihin na ang papel ng talibang mandirigma ay matutugunan lamang ng isang partido na ginagabayan ng pinakaabanteng teorya. Para kongkretong maunawaan kung ano ang ibig sabihin nito, alalahanin lamang ng mambabasa ang mga nauna at sinundan ng Sosyal-Demokrasya ng Rusya tulad nina Herzen, Chernyshevsky, at ang maningning na bilang ng mga rebolusyonaryo ng dekada 1870. Pag-isipan lamang ang kabuluhang pandaigdig na nakakamit ngayon ng panitikan ng Rusya. Hayaan mo siyang ... sapat na iyon!

Sipiin natin ang sinabi ni Engels noong 1874 kaugnay ng kabuluhan ng teorya sa kilusang Sosyal-Demokratiko.

Kinikilala ni Engels hindi ang dadalawang anyo lamang ng dakilang pakikibaka ng Sosyal-Demokrasya (pampulitika at pang-ekonomya), gaya ng uso sa atin, kundi tatlo, at inilalagay ang teoretikal na pakikibaka kapantay ng unang dalawa. Ang kanyang mga rekomendasyon sa kilusan ng uring manggagawa ng Germany, na lumakas na sa praktika at sa pulitika, ay napakainstruktibo mula sa punto de bista ng mga usapin at kontrobersya ng kasalukuyang panahon, kung kaya't umaasa tayo na hindi maiinis sa atin ang mambabasa kung sisipiin natin ang mahabang pangungusap mula sa kanyang paunang salita sa *Der Deutsche Bauernkrieg*,* na matagal nang naging napakadalang sa bibliograpiya:

"Ang ikalawang bentahe ay ito, na ang mga German ang pinakahuling magkaroon ng kilusang manggagawa kung kronolohiya ang pag-uusapan. Tulad nang hindi kailanman makalilimutan ng teoretikal na sosyalismo ng Germany na nakatungtong ito sa mga balikat ni Saint-Simon, Fourier at Owen – tatlong tao na sa kabila ng kanilang pantastikong mga kuru-kuro at lahat ng kanilang utopyanismo ay kahanay ng pinakatampok na mga palaisip ng lahat ng panahon at nahinuha ng kanilang henyo ang maraming bagay na ngayo'y syentipikong napatutunayan natin – ganoon din, hindi kailanman dapat kalimutan ng praktikal na kilusang manggagawa sa Germany na umunlad ito sa mga balikat ng mga kilusan sa England at France, na nagamit lamang nito ang karanasan nilang pinagbayaran nang malaki, at ngayo'y makaiiwas sa kanilang mga pagkakamali, na sa kanilang panahon, sa kalakhan, ay di maiiwasan. Kung wala ang pasumundan ng mga unyong Ingles at mga pampulitikang pakikibaka ng mga manggagawang French, kung wala ang gahiganteng tulak na ibinigay laluna ng Komuna ng Paris, nasaan kaya tayo ngayon?

* Dritter Abdruck. Leipzig, 1875. Verlag der Genossenschaftsbuchdrukerei. (Ang Digmang Magsasaka sa Germany. Ikatlong paglilimbag. Cooperative Publishers, Leipzig, 1875. - Ed.)



"Dapat banggitin na sa kredito ng mga manggagawang German, nagamit nila ang mga bentahe ng kanilang sitwasyon nang may pambihirang pag-unawa. Sa kauna-unahang pagkakataon mula nang umiral ang kilusang manggagawa, isinusulong ang pakikibaka alinsunod sa tatlong panig nito – teoretikal, pampulitika at praktikal-pang-ekonomya (pagtatanggol laban sa mga kapitalista) – nang magkakaayun-ayon at sa mga interkoneksyon nito, at sa sistematikong paraan. Naririto mismo sa maituturing na papaikot na atakeng ito matatagpuan ang lakas at imbinsibilidad ng kilusan ng Germany.

"Dahil sa mabentaheng sitwasyong ito sa isang banda, at sa kakaibang katangiang insular ng mga Ingles at sa mapamwersang pagsupil sa kilusang French sa kabilang banda, nasa taliba ngayon ng proletaryong pakikibaka ang mga manggagawa ng Germany. Kung gaano katagal sila hahayaan ng mga pangyayari na hawakan ang pusisyong ito ng karangalan ay hindi masasabi. Pero umasa tayo na habang hawak nila ito, marapat nilang matutugunan ito. Nangangailangan ito ng dobleng pagsisikap sa lahat ng larangan ng pakikibaka at ahitasyon. Sa partikular, tungkulin ng mga pinuno na makatamo ng papalinaw na pagkakaunawa sa lahat ng teoretikal na usapin, na pahigit nang pahigit na palayain ang sarili mula sa impluwensya ng tradisyunal na mga bukambibig na minana mula sa lumang pananaw sa daigdig, at laging isaisip na hinihingi ng sosyalismo, mula nang maging syensya ito, na isulong ito bilang syensya, ibig sabihin, na pag-aralan ito. Ang tungkulin ay ipalaganap nang may higit na kasigasigan sa hanay ng masa ng manggagawa ang papalinaw nang papalinaw na pagkakaunawa na natamo, at mas mahigpit na habi-habiin ang organisasyon kapwa ng partido at ng mga unyon....

"Kung susulong ang mga manggagawa ng Germany sa paraang ito, hindi sila eksaktong magmamartsa sa unahan ng

kilusan – walang-wala sa interes ng kilusang ito na magmartsa sa unahan nito ang mga manggagawa ng alinmang partikular na bayan – pero hahawak sila ng marangal na pwesto sa hanay ng labanan; at armado sila sa paglaban kung hihingin sa kanila ng di inaasahang mabibigat na pagsubok, ng napakahalagang mga pangyayari, ang karagdagang lakas ng loob, karagdagang determinasyon at enerhiya."

Nagkatotoo ang mga salita ni Engels. Sa loob ng ilang taon, napailalim ang mga manggagawa ng Germany sa di inaasahang mabibigat na pagsubok sa anyo ng Eksepsyunal na Batas Laban sa mga Sosyalista. At hinarap nila ang mga pagsubok na iyon nang armado sa paglaban at matagumpay na nalampasan ang mga ito.

Magdaraan ang proletaryado ng Rusya sa mga pagsubok na labis-labis pang mas mabigat. Kailangan nitong labanan ang isang halimaw na kung ihahambing sa batas anti-sosyalista sa isang bayang konstitusyonal ay mistulang dwende lamang. Ihinaharap sa atin ng kasaysayan ang isang kagyat na tungkulin na pinakarebolusyonaryo sa lahat ng kagyat na tungkulin na kinakaharap ng proletaryado ng alinmang bayan. Ang pagtugon sa tungkulin ito – ang pagdurog sa pinakamakapangyarihang balwarte, hindi lamang ng reaksyon ng Europa kundi (maaari na ngayong sabihin) pati ng Asya – ay maglalagay sa proletaryado ng Rusya sa taliba ng internasyunal na rebolusyonaryong proletaryado. At may karapatan tayong asahan ang karangalang ito, na naging karapat-dapat na ang mga nauna sa atin, ang mga rebolusyonaryo ng dekada 1870, kung magtatagumpay tayo sa pagbibigay inspirasyon sa ating kilusan, na libu-libong ulit na mas malawak at mas malalim, ng ganoon ding tapat na determinasyon at kasiglahan.



# Mga Talang Pansanggunian

1. Hinalaw sa *Ano ang Dapat Gawin?* ni Lenin, New York (1969), pahina 25-29.

2. Liham mula kay Karl Marx para kay W. Bracke, Mayo 1875. Ang teksto nito ay nasa Piniling mga Akda nina Marx at Engels (sa isang tomo), New York, p. 317.

3. Tingnan ang *Ang Digmang Magsasaka sa Germany*, New York (1966), pahina 27-30.

# 4. ANG MGA PAGTATALO SA KILUSANG PAGGAWA SA EUROPA

Ang pangunahing taktikal na mga pagtatalo sa modernong kilusang paggawa sa Europa at Amerika ay maaaring lagumin sa tunggalian na may dalawang pangunahing tendensya na lumilihis sa Marxismo, mula sa teorya na sa aktwal ay nangingibabaw sa kilusang ito. Ang dalawang tendensyang ito ay rebisyunismo (oportunismo at repormismo) at anarkismo (anarko-sindikalismo at anarko-sosyalismo). Ang dalawang paglihis na ito sa teorya at taktikang Marxista na nangingibabaw sa kilusang paggawa ay makikita sa iba't ibang anyo at iba't ibang tipo sa lahat ng sibilisadong bayan sa lahat ng bahagi ng kasaysayan ng pangmasang kilusang paggawa ng higit sa kalahating siglo.

Inililinaw na ng katotohanang ito mismo na hindi maipapaliwanag ang mga paglihis na ito ng aksidente, o pagkakamali sa bahagi ng mga indibidwal o grupo, o kahit pa impluwensya ng pambansang partikularidad o tradisyon, atbp. May ilang pundamental na sanhi sa loob ng sistemang pang-ekonomya mismo at sa katangian ng pag-unlad ng lahat ng kapitalistang bayan na laging nagpapalitaw ng mga paglihis na ito. Kumakatawan sa interesanteng pagsisikap na ipaliwanag ang mga sanhing ito ang maliit na libro ng Marxistang Dutch na si Anton Pannekoek, *Ang Taktikal na mga Pagtatalo sa Kilusang Paggawa* (Die Taktischen Differenzen in Der Arbeiterbewegung, Hamburg, Erdmann Dubber, 1890), na inilabas noong taong nakalipas. Ipababatid natin sa mambabasa sa susunod na eksposisyon ang mga kongklusyon

ni Pannekoek, na hindi maiiwasang makita na wasto.

Isa sa mas malalim na dahilan kung bakit lumilitaw ang paulit-ulit na pagtatalo kaugnay ng mga taktika ay ang mismong katotohanan na lumalago ang kilusang paggawa. Kung susukatin ang kilusang ito hindi sa pamantayan ng isang pantastikong ideyal, kundi ituturing bilang praktikal na kilusan ng karaniwang tao, magiging malinaw na ang tuluy-tuloy na paglahok ng sariwang "mga rekrut" at ang pagkabig sa bagong mga seksyon ng masang anakpawis ay di maiiwasang sasabayan ng pag-aatubili sa teorya at mga taktika, ng pag-uulit sa lumang mga pagkakamali, at ng pansamantalang pagbalik sa lipas na mga pananaw at pamamaraan, atbp. Paulit-ulit na gugugol ang kilusang paggawa ng lahat ng bayan ng mas malaki o mas maliit na mga reserba nitong enerhiya, atensyon at panahon sa "pagsasanay" ng mga rekrut.

Dagdag pa. Hindi magkakapareho ang bilis ng pag-unlad ng kapitalismo sa iba't ibang bayan at iba't ibang larangan ng pambansang ekonomya. Mas madali, mas mabilis, mas lubos at matatag na namamaster ng uring manggagawa at mga ideolohista nito ang Marxismo sa kalagayan ng pinakamalaking pag-unlad ng malaking industriya. Ang mga relasyong pang-ekonomya na atrasado o nahuhuli sa pag-unlad ay laging humahantong sa paglitaw ng mga tagapanalig sa kilusang manggagawa na nakamamaster lamang ng ilang aspeto ng Marxismo, ng hiwalay na bahagi lamang ng bagong pananaw sa daigdig, ng hiwalay na islogan at kahingian lamang, at hindi kayang mapagpasyang humiwalay sa lahat ng tradisyon ng burges na pananaw sa daigdig sa pangkalahatan at ng burges-demokratikong pananaw sa daigdig sa partikular.

Kung gayon, ang isang pamalagiang pinagmumulan ng mga pagtatalo ay nililikha ng diyalektikong kalikasan ng pag-unlad ng lipunan na sumusulong sa mga kontradiksyon at sa pamamagitan ng mga kontradiksyon. Progresibo ang kapitalismo dahil winawasak nito ang lumang mga pamamaraan ng produksyon at pinauunlad nito ang mga pwersa sa produksyon, at kasabay nito, sa isang antas ng pag-unlad, pinababagal naman nito ang pag-unlad ng mga pwersa sa produksyong ito. Pinauunlad, inoorganisa at dinidisiplina ang mga manggagawa; at binubusabos, inaapi, dinadala sila sa dedyenerasyon, karalitaan, atbp. Nililikha mismo ng kapitalismo ang tagahukay ng kanyang libingan, nililikha mismo nito ang mga elemento ng bagong sistema, at kasabay nito, walang mababago ang mga elementong ito sa kabuuang kalagayan ng mga bagay-bagay, hindi mababago ang dominasyon ng kapitalismo, kung walang "igpaw". Bilang teorya ng diyalektikong materyalismo, kaya ng Marxismong saklawin ang mga kontradiksyong ito ng aktwal na buhay, ng kasaysayan ng kapitalismo at ng kilusang paggawa. Malinaw na malinaw na ang masa ay natututo mula sa buhay at hindi mula sa mga libro, at bunga nito, lagi't laging pinalalaki ng mga indibidwal at mga grupo at dinadala sa antas ng makaisang-panig na teorya at makaisang-panig na sistema ng mga taktika ang isa ngayon, pagkatapos ay iba namang katangian ng kapitalistang pag-unlad, at ang isa ngayon, pagkatapos ay iba namang "aral" ng pag-unlad na ito.

Ang mga ideolohistang burges, mga liberal at demokrata na hindi nakauunawa kung ano ang Marxismo at modernong kilusang paggawa ay laging bumabaling-baling mula sa isang walang pag-asang dulo patungo sa kabila. Ipinapaliwanag nila ngayon na ito'y dahil "inuupatan" ng masasamang tao ang uri laban sa uri; ngayon naman, kinukunswelo nila ang sarili na ang partido ng mga manggagawa ay isang "mapayapang partido ng reporma". Dapat ituring kapwa ang anarko-sindikalismo at repormismo bilang tuwirang produkto ng burges na pananaw sa daigdig at burges na impluwensya na ito. Kapwa nila sinusunggaban ang isang panig ng kilusang paggawa, inaangat ang pagkamakaisang-panig na ito sa isang teorya, at ipinapahayag na ipinupwera

ang isa't isa ng mga tendensya o katangiang iyon ng kilusang paggawa na bumubuo ng partikular na pekulyaridad ng isa o iba pang panahon, ng isa o iba pang kalagayan ng pagkilos ng uring manggagawa. Gayunman, kabahagi ng tunay na buhay at tunay na kasaysayan mismo kapwa ang mabagal na ebolusyon at mabibilis na igpaw o mga patlang sa mabagal na pagsulong.

Itinuturing ng mga rebisyunista bilang mga salita lamang ang lahat ng argumento tungkol sa "mga igpaw" at ang mga prinsipyo na nasa likod ng antagonismo ng kilusang manggagawa laban sa lumang lipunan. Pinatatampok nila ang mga reporma bilang parsyal na pagtatamo ng sosyalismo. Ayaw ng anarko-sindikalista ng "maliliit na gawain", laluna ang paggamit sa parlamentaryong tribuna. Sa praktika, ang huling nabanggit na mga taktika ay nangangahulugan ng paghihintay sa "malalaking araw" at nagpapakita ng kawalang kakayahan na tipunin ang mga pwersa para lumikha ng malalaking pangyayari. Sinasagkaan kapwa ng mga rebisyunista at anarko-sindikalista ang pinakamahahalaga at pinakamahihigpit na gawaing pagkaisahin ang mga manggagawa sa malalaki, malalakas at mahuhusay na gumaganang organisasyon na may kakayahang gumana nang mahusay anuman ang sirkunstansya, lipos ng diwa ng makauring pakikibaka, malinaw na kumikilala sa kanilang mga layunin at sinanay sa pananaw sa daigdig na tunay na Marxista.

Dito, hayaang lumihis muna tayo at banggitin, sa mga panaklong para maiwasan ang posibleng di pagkakaunawaan, na inilalarawan ni Pannekoek ang kanyang pagsusuri sa pamamagitan lamang ng mga halimbawa mula sa kasaysayan ng Kanlurang Europa, partikular mula sa Germany at France, at hinding-hindi inisip ang Rusya. Kung magkaminsa'y mukhang pinatutungkulan niya ang Rusya, ito ay dahil lamang sa katotohanang ang mga pundamental na tendensya



na nagpapalitaw sa tiyak na mga paglihis sa mga taktikang Marxista ay nakikita rin sa atin, sa kabila ng napakalaking kaibahan ng Rusya at Kanluran, sa kultura, pamamaraan ng pamumuhay at mga kaibahan sa kasaysayan at ekonomya.

Panghuli, isang mahalagang-mahalagang dahilan kung bakit lumilitaw ang mga pagtatalo sa mga myembro ng kilusang paggawa ay ang mga pagbabago sa mga taktika ng naghaharing uri sa pangkalahatan at ng burgesya sa partikular. Kung laging unipormado o magkakaayon man lamang ang mga taktika ng burgesya, mabilis na matututunan ng uring manggagawa na tumugon sa pamamagitan ng unipormado o magkakaayong mga taktika rin. Di maiiwasang magpapalawig ang burgesya sa lahat ng bayan sa praktika ng dalawang sistema ng paggugubyerno, dalawang pamamaraan ng pakikibaka para sa mga interes nito at sa pagtatanggol sa dominasyon nito, at ang dalawang pamamaraang ito'y naghahalinhinan at nagsasalimbayan sa iba't ibang kumbinasyon. Ang mga ito ay, una, ang mga pamamaraan ng karahasan, ang pamamaraan ng pagtanggi sa lahat ng konsesyon sa kilusang paggawa, ang pamamaraan ng pagsuporta sa lahat ng sinauna at papalipas nang mga institusyon, ang pamamaraan ng walang kompromisong pagtanggi sa mga reporma. Iyon ang sustansya ng konserbatibong patakaran na papatigil na bilang patakaran ng uring panginoong maylupa sa Kanlurang Europa, at lalong nagiging isa sa mga pamamaraan ng pangkalahatang patakarang burges. Ang ikalawang pamamaraan ay ang pamamaraan ng "liberalismo", ng mga hakbang tungo sa pag-unlad ng mga karapatang pampulitika, ng mga reporma, ng mga konsesyon, atbp.

Nagpapalit ang burgesya mula sa isang pamamaraan tungo sa isa pa hindi sa pamamagitan ng malisyosong pakana ng mga indibidwal at hindi aksidental, kundi dahil sa saligang salungatan ng sarili nitong pusisyon. Hindi matagumpay na

uunlad ang normal na kapitalistang lipunan kung walang istabilisadong representatibong sistema, kung wala ang ilang karapatang pampulitika na ipinagkakaloob sa populasyon, na kinakailangang naiiba dahil sa mataas ang ipinagmamalaki nito sa "kultura". Ang paghingi nito ng isang antas na minimum na kultura ay nagmumula sa pinakakondisyon ng kapitalistang moda sa produksyon na gumagamit ng mataas na teknik, kompleksidad, pleksibilidad, mobilidad, bilis ng pag-unlad ng pandaigdigang kompetisyon, atbp. Bunga nito, partikular na katangian ng kasaysayan ng lahat ng bayan sa Europa sa nakaraang kalahating siglo ang pagbababagu-bago sa mga taktika ng burgesya at mga transisyon mula sa sistema ng karahasan tungo sa sistema ng sana'y mga konsesyon; at pinauunlad ng iba't ibang bayan pangunahin ang aplikasyon ng isa o iba pang pamamaraan sa tiyak na mga panahon. Halimbawa, ang England noong dekada 1860 at 1870 ng ikalabinsyam na siglo ang klasika na bayan ng "liberal" na patakarang burges, ang Germany naman noong dekada 1870 at 1880 ay nanatili sa pamamaraan ng pwersa, atbp.

Nang naghari ang pamamaraang ito sa Germany, ang makaisang-panig na alingawngaw ng sistemang ito ng gubyernong burges ay ang paglakas ng anarko-sindikalismo sa kilusang paggawa, o gaya ng taguri rito noon, anarkismo (ang "Kabataan"[2] sa simula ng dekada 1890, at si Johann Most[3] sa simula ng dekada 1880). Nang nagsimulang bumaling tungong "mga konsesyon" noong 1890, naging higit pang mapanganib ang pagbaling na ito, gaya ng laging nangyayari, para sa kilusang paggawa, dahil iniluwal nito ang ganoon ding makaisang-panig na alingawngaw na "repormismong" burges: ang oportunismo sa kilusang paggawa.

"Ang positibong layunin ng liberal progresibong patakaran ng burgesya," ani Pannekoek, "ay linlangin ang mga manggagawa, palitawin ang isplit sa kanilang hanay, transpormahin ang kanilang pulitika tungo sa pagiging walang silbing karugtong ng walang silbi, laging walang silbi at panandalian, na namumuong repormismo."

Madalas na natatamo ng burgesya ang layunin nito sa ilang panahon, sa pamamagitan ng "liberal" na patakaran na kumakatawan, ayon sa matwid na pakli ni Pannekoek, sa "mas tusong" patakaran. Hinahayaan ng bahagi ng mga manggagawa at bahagi ng kanilang mga lider na malinlang ang sarili ng mistulang mga konsesyon. Sinasabi ng mga rebisyunista na "lipas na" ang doktrina ng makauring pakikibaka, o kaya'y nagsisimulang magpatupad ng patakaran na sa katunaya'y nagwawaksi nito. Pinalalakas ng mga zigzag ng burges na taktika ang rebisyunismo sa kilusang paggawa, at madalas na humahantong sa mga pagtatalo sa hanay nito hanggang sa antas ng tuwirang isplit.

Lahat ng dahilan gaya ng ipinakita ay nagpapasulpot ng mga pagtatalo kaugnay ng mga taktika sa hanay ng kilusang paggawa at sa hanay ng proletaryado. Pero wala, at hindi maaaring magkaroon ng malaking pader sa pagitan ng proletaryado at karatig na mga seksyon ng petiburgesya, kabilang ang uring magsasaka. Malinaw na ang transisyon ng mga indibidwal, grupo at seksyon ng petiburgesya tungong proletaryado ay hindi maaari na hindi naman magbigay daan sa mga pag-uurong-sulong sa mga taktika ng huli.

Ang karanasan ng kilusang paggawa ng iba't ibang bayan ay nakatutulong sa paglilinaw kung ano ang esensya ng mga taktikang Marxista tungkol sa kongkreto at praktikal na mga usapin, at nakatutulong sa mas batang mga bayan na mas malinaw na pag-iba-ibahin ang tunay na makauring kabuluhan ng mga paglihis sa Marxismo at mas matagumpay na labanan ang mga ito.

Disyembre 29, 1910.

## Mga Talang Pansanggunian

1. Tingnan: Lenin, Mga Tinipong Akda 16:347-52. Unang inilathala ang artikulong "Mga Pagtatalo sa Kilusang Paggawa sa Europa" sa Blg. 1 ng pahayagang Zvezda (Ang Tala), sa seksyong pinamagatang "Mga Liham mula Sa Ibayong Dagat".

Zvezda - isang ligal na pahayagang Bolshevik na pinagsundan ng Pravda; inilabas ito sa St. Petersburg mula Disyembre 16 (29), 1910 hanggang Abril 22 (Mayo 5), 1912. Noong Pebrero 26 (Marso 10), 1912, lumabas din kasabay ng Zvezda ang unang isyu ng Nevskaya Zvezda, na pagpapatuloy ng Zvezda matapos isara ang huli. Ang huling isyu, ang ika-27, ng Nevzkaya Zvezda ay inilabas noong Oktubre 5 (18), 1912. Hanggang taglagas noong 1911, lumahok sa Zvezda ang mga maka-Partidong Menshevik (maka-Plekhanov). Pinasan ni Lenin ang pamumunong pang-ideolohiya sa pahayagan (mula sa ibang bayan), na nakapaglabas dito at sa Nevskaya Zvezda ang may 50 artikulo.

Ang ligal na pahayagang Zvezda na pinamatnugutan ni Lenin ay isang militanteng organong Bolshevik na nagtataguyod ng programa ng iligal na Partido. Nagbuo ang Zvezda ng permanenteng mahigpit na ugnayan sa mga manggagawa at naglaan ng malaking seksyon para sa mga sulat ng mga manggagawa. Umabot ang sirkulasyon ng indibidwal na isyu sa 50,000 hanggang 60,000. Tuluy-tuloy na sinupil ng gubyerno ang pahayagan; sa 96 na isyu ng Zvezda at Nevskaya Zvezda, kinumpiska ang 39 at pinagmulta ang 10. Hinawan ng Zvezda ang landas para sa publikasyon ng arawang pahayagan ng Bolshevik, ang Pravda, at isinara sa araw ding lumabas ang Pravda.

2. Ang "kabataang" paksyon – isang petiburges at mala-anarkistang pangkat na binuo sa Partidong Sosyal-Demokrata ng Germany noong 1890 at binubuo pangunahin ng mga estudyanteng hindi pa graduate, at batang mga manunulat (na pinagmulan ng ngalan nito). Nagharap ito ng plataporma na nagwawaksi sa anumang paglahok ng Sosyal-Demokrasya sa parlamento. Itiniwalag sila sa Partido ng Kongreso nito sa Erfurt noong Oktubre 1891.

3. Johann Most – isang Sosyal-Demokratang German. Noong 1880, sa Kongreso sa Baden, itiniwalag siya sa Partido dahil sa gawi niyang nagdidisorganisa. Noong dekada 1880, naging tagapanalig siya ng anarkismo. Dumating siya sa United States noong 1882 at mabilis na naging lider ng mga anarkista ng US, at pumapabor sa indibidwal na mga akto na terorista, at naniniwala na walang silbi ang aksyong pampulitika, gayundin pinabababa ang gawain sa unyon.



# 5. ILANG KATANGIAN NG ISTORIKONG PAG-UNLAD NG MARXISMO

Sabi ni Engels, ang aming doktrina – ang tinutukoy niya ay ang sarili at ang kanyang tanyag na kaibigan – ay hindi isang dogma, kundi isang gabay sa pagkilos. Idinidiin ng klasikal na pahayag na ito nang may tampok na bisa at katiyakan ang aspetong iyon ng Marxismo na madalas makaligtaan. At dahil nakakaligtaan ito, ginagawa nating makaisang-panig, baluktot at walang buhay ang Marxismo; binabawian natin ito ng nananalaytay na dugo; pinapanghina natin ang saligang teoretikal na pundasyon nito – ang diyalektika, ang doktrina ng istorikong pag-unlad, na sumasaklaw sa lahat at punung-puno ng kontradiksyon; pinapanghina natin ang koneksyon nito sa depinidong praktikal na mga tungkulin ng ating kapanahunan, na maaaring magbago sa bawat bagong pihit ng kasaysayan.

Sa katotohanan, sa ating panahon, kabilang sa mga interesado sa kahihinatnan ng Marxismo sa Rusya, madalas nating nasasalubong ang mga tao na nakalilimot sa mismong aspetong ito ng Marxismo. Gayunman, dapat malinaw sa lahat na sa kararaang mga taon, dumanas ang Rusya ng mga pagbabagong ganoon na lamang kabigla at nababago ang sitwasyon nang may pambihirang bilis at pambihirang pwersa – ang sitwasyong panlipunan at pampulitika, na sa pinakatuwiran at kagyat na paraan ay nagtatakda sa mga kondisyon para sa aksyon, at kung gayon, sa mga layunin nito. Mangyari pa, hindi kami tumutukoy sa pangkalahatan at pundamental na mga layunin na hindi nagbabago sa mga

pihit ng kasaysayan kung hindi nagbabago ang pundamental na relasyon sa pagitan ng mga uri. Malinaw na malinaw na ang pangkalahatang tunguhing ito ng ebolusyong pang-ekonomya (at hindi lamang pang-ekonomya) sa Rusya, tulad ng pundamental na relasyon sa pagitan ng iba't ibang mga uri ng lipunan ng Rusya, sabihin na natin, sa nakaraang anim na taon.

Gayunman, ang mga layunin ng kagyat at tuwirang aksyon ay napakatalas na nagbago sa panahong ito, gaya ng pagbabago rin ng aktwal na sitwasyon sa lipunan at pulitika, at bunga nito dahil buhay na doktrina ang Marxismo, tiyak na ang iba't ibang aspeto nito ay tatampok.

Para mailinaw ang ideyang ito, tunghayan natin ang pagbabago sa aktwal na sitwasyong panlipunan at pampulitika sa nakaraang anim na taon. Agad nating mapag-iiba ang dalawang yugtong tigtatatlong taon: ang una na nagtapos humigit-kumulang sa tag-init ng 1907, at ang ikalawa sa tag-init ng 1910. Ang unang yugtong tatlong taon, mula sa purong teoretikal na paninindigan, ay naiiba dahil sa mabilis na pagbabago sa pundamental na mga katangian ng sistemang pang-estado sa Rusya; dagdag pa, ang proseso ng mga pagbabagong ito ay napakatagibang at ang pagtaas-baba sa magkabilang direksyon ay napakalalaki. Ang batayang panlipunan at pang-ekonomya ng mga pagbabagong ito sa "superistruktura" ay aksyon ng lahat ng uri ng lipunan ng Rusya sa pinakamagkakaibang larangan (aktibidad sa loob at labas ng Duma, ang pahayagan, ang mga unyon, mga pulong, at iba pa), aksyon na napakahayag at kahanga-hanga, at sa pangmasang saklaw na bihirang makita sa kasaysayan.

Kabaligtaran nito, ang ikalawang yugtong tatlong taon ay naiiba – inuulit namin na nililimita namin ang sarili sa purong teoretikal na paninindigang "sosyolohikal" – dahil sa napakabagal na ebolusyon na halos nangahulugan na ito ng istagnasyon. Walang makikitang anumang makabuluhang pagbabago sa sistemang pang-estado. Halos walang anumang hayag at iba't ibang tipo ng aksyon ng mga uri sa mayorya ng mga "larangan" kung saan umunlad ang mga aksyong ito sa sinundang yugto.

Ang pagkakapareho ng dalawang yugto ay dumanas ng kapitalistang ebolusyon ang Rusya sa dalawang ito. Nanatili pa ang kontradiksyon sa pagitan ng ebolusyong pang-ekonomyang ito at ng pag-iral ng ilang institusyong pyudal at midyebal, at hindi pinigilan, bagkus ay pinalala pa nga, ng katotohanang nagkaroon ang ilang institusyon ng katangiang bahagyang burges.

Ang kaibahan ng dalawang yugto ay sa una, ang usapin kung sa anong anyo mismo magkakahugis ang nabanggit na mabilis at di pantay na mga pagbabago ang siyang nangingibabaw at makasaysayang usapin. Tiyak na magiging burges ang nilalaman ng mga pagbabagong ito dahil sa katangiang kapitalista ng ebolusyon ng Rusya; pero may iba't ibang tipo ng burges. Ang panggitna at malaking burgesya, na nagpapahayag ng humigit-kumulang ay moderatong liberalismo, dahil sa pinakapusisyon nito sa uri, ay takot sa biglang mga pagbabago at nagsikap para mapanatili ang malalaking labi ng lumang mga institusyon kapwa sa sistemang agraryo at sa "superistrukturang" pampulitika. Dahil tahi-tahi ito sa mga magsasaka na nabubuhay "sa pamamagitan lamang ng paggawa ng kanilang mga kamay", ang petiburgesya sa kanayunan ay tiyak na magsisikap para sa mga repormang burges na ibang tipo, mga repormang magtitira ng ibayong mas makipot na puwang para sa mga labing midyebal. Yayamang mulat nilang mauunawaan ang mga nangyayari sa kanilang paligid, tiyak na magbabalangkas ang mga sahurang-manggagawa para sa sarili ng isang depinidong aktitud sa uring ito na may dalawang magkakaibang tendensya. Ang dalawang tendensyang ito ay nanatili sa balangkas ng sistemang burges, at nagtakda

ng magkaibang-magkaibang anyo ng sistemang iyon, ng magkaibang-magkaibang bilis ng pag-unlad, ng magkaibang-magkaibang antas ng progresibong impluwensya nito.

Kung gayon, kinakailangang patampukin ng unang yugto – at hindi ito nangyari na lamang – ang mga usapin ng Marxismo na karaniwang tinutukoy bilang mga usapin ng mga taktika. Wala nang mas mali pa kaysa opinyon na ang mga sigalot at pagtatalo sa mga usaping ito ay pagtatalo sa hanay ng mga "intelektwal", "isang tunggalian para sa impluwensya sa wala pa sa hustong gulang na proletaryado," bilang ekspresyon ng "pag-aangkop ng intelihensiya sa proletaryado", gaya ng iniisip ng iba't ibang tipo ng tagapanalig ng Vekhi.[1] Kabaligtaran nito, dahil mismo umabot na sa hustong gulang ang uring ito kung kaya't hindi ito maaaring manatiling walang pakialam sa banggaan ng dalawang magkakaibang tendensya sa burges na pag-unlad ng Rusya, at hindi maaaring makaiwas ang mga ideolohista ng uring ito na magbigay ng teoretikal na mga pormulasyong umaalinsunod (tuwiran o di tuwiran, o repleksyong tuwiran o pabaligtad) sa magkakaibang tendensyang ito.

Sa ikalawang yugto, hindi kabilang sa mga pangunahing usapin ng panahon ang banggaan sa pagitan ng magkakaibang tendensya ng burges na pag-unlad sa Rusya, dahil kapwa ang mga tendensyang ito ay dinurog ng mga "sagadsarin", pinaatras, itinulak papaloob at pinigilan kahit pansamantala lamang. Hindi lamang nakatindig sa unahan ang mga sagadsaring midyebal kundi nagbibigay inspirasyon pa sa pinakamalalawak na seksyon ng burges na lipunan sa pamamagitan ng mga sentimyentong ipinalalaganap ng Vekhi, sa pamamagitan ng diwa ng kawalang pag-asa at pagsisisi. Hindi ito banggaan ng dalawang pamamaraan ng pagrereporma sa lumang kaayusan na paimbabaw na lumitaw, kundi pagkawala ng tiwala sa anumang tipo ng reporma, isang diwa ng "pagkaamo" at "pagtitika", isang



pananabik para sa mga doktrinang antisosyal, isang pagkauso ng mistisismo, atbp.

Ang kagulat-gulat na biglang pagbabagong ito ay hindi aksidental ni resulta ng "panlabas" na presyur lamang. Malalim na malalim na hinalukay ng sinundang yugto ang mga seksyon ng populasyon na sa maraming henerasyon at siglo ay walang pakialam, at walang alam sa mga isyu sa pulitika, kung kaya't natural at di maiiwasan na lumitaw "ang pagbabago sa pagbibigay halaga sa lahat ng pinagpapahalagahan", ang bagong pagsusuri sa pundamental na mga usapin, ang bagong interes sa teorya, sa mga pangunang simulain, sa ABAKADA ng pulitika. Ang milyun-milyong bigla na lamang napukaw mula sa kanilang mahabang pagkakahimbing at naharap sa napakahahalagang usapin ay hindi maaaring manatili nang matagal sa antas na ito. Hindi sila makapagpapatuloy nang walang pahinga, nang walang pagbabalik sa salalayang mga usapin, nang walang bagong pagsasanay na makatutulong sa kanila na "maunawaan" ang mga aral na walang kapantay sa yaman at makagagawang posible para muling makasulong ang masa nang walang kapantay sa dami, ngunit ngayo'y mas matatag, mas mulat, mas may kumpyansa at mas mapagpunyagi.

Ganoon na lamang ang diyalektika ng istorikong pag-unlad kung kaya't sa unang yugto, ang mahigpit na tungkulin ay ang pagtatamo ng kagyat na mga reporma sa lahat ng larangan ng buhay ng bayan. Sa ikalawang yugto, ang mahigpit na tungkulin ay ang kritikal na pagsusuri sa karanasan, ang pagkakaunawa dito ng mas malawak na seksyon, ang pagtagos nito, kumbaga, tungo sa ilalim ng lupa, tungo sa atrasadong hanay ng iba't ibang uri.

Dahil mismo sa hindi walang buhay na dogma ang Marxismo, dahil hindi ito kumpleto, yari na, at di nagbabagong doktrina, kundi isang buhay na gabay sa pagkilos, tiyak na sasalaminin nito ang kagulat-gulat na biglang pagbabago

sa mga kondisyon ng buhay ng lipunan. Nasalamin ang pagbabagong iyon sa malalim na disintegrasyon at kawalan ng kaisahan, sa lahat ng tipo ng pag-uurong-sulong, sa madaling salita, sa napakalubhang internal na krisis ng Marxismo. Muling naging mahigpit na tungkulin ang matatag na pagbaka sa disintegrasyong ito, isang matatag at mapagpunyaging pakikibaka para itaguyod ang mga pundamental na prinsipyo ng Marxismo. Sa sinundang yugto, naasimila sa paraang labis na makaisang panig at pira-piraso ng pagkalalaking seksyon ng mga uring hindi makaiwas sa Marxismo sa pagbabalangkas ng kanilang mga layunin. Naisaulo nila ang ilang "islogan", ilang sagot sa taktikal na mga usapin, nang hindi man lamang naunawaan ang pamantayang Marxista para sa mga sagot na ito. Ang "pagbabago sa pagbibigay halaga sa lahat ng pinagpapahalagahan", sa iba't ibang larangan ng buhay ng lipunan ay humantong sa "rebisyon" ng pinakaabstrakto at pangkalahatang pilosopikal na pundamental na prinsipyo ng Marxismo. Nagkahugis ang impluwensya ng burges na pilosopiya ng sari-saring hibo ng ideyalismo sa epidemyang Machista[2] na lumaganap sa hanay ng mga Marxista. Ang pag-uulit ng "mga islogan" na naisaulo pero hindi naunawaan at hindi napag-aralan ay humantong sa malaganap na pangingibabaw ng hungkag na mga bukambibig. Ang praktikal na ekspresyon nito ay ang absolutong di Marxista at petiburges na mga tunguhing iyon tulad na lantaran at walang kahihiyang *otzovismo*[3] [buntotismo], o ang pagkilala sa otzovismo bilang "ligal na hibo" ng Marxismo.

Sa kabilang banda, ang diwa ng magasin na Vekhi, ang diwa ng pagtatakwil na sumaklot na sa napakalalaking seksyon ng burgesya ay tumagos din sa tunguhin na naghahangad na maglimita sa Marxistang teorya at praktika sa mga daluyang "moderato at maingat". Ang natira na lamang sa Marxismo dito ay ang mga salita na ginagamit para bihisan ang mga argumento tungkol sa "hirarkiya", "hegemonya" at iba pa, na



nilipos ng diwa ng liberalismo.

Ang layunin ng artikulong ito ay hindi ang suriin ang mga argumentong ito. Sapat nang tukuyin ang mga ito para ilarawan ang mga nabanggit sa itaas kung gaano kalalim ang krisis na dinaraanan ng Marxismo at ang koneksyon nito sa buong sitwasyong panlipunan at pang-ekonomya sa kasalukuyang yugto. Hindi maaaring basta na lamang isantabi ang mga usaping ihinaharap ng krisis na ito. Wala nang mas buktot pa o di makaprinsipyo kaysa mga pagtatangka na isantabi ang mga ito sa pamamagitan ng mga bukambibig. Wala nang mas mahalaga pa kaysa pagkaisahin ang lahat na Marxista na nakauunawa sa lalim ng krisis at sa pangangailangang bakahin ito para ipagtanggol ang teoretikal na batayan ng Marxismo at pundamental na mga proposisyon nito na binabaluktot mula sa magkabilang dulo sa pamamagitan ng paglaganap ng impluwensyang burges sa samu't saring "magkakasamang manlalakbay" ng Marxismo.

Ang unang tatlong taon ay nagpukaw sa malalawak na seksyon tungo sa mulat na paglahok sa buhay ng lipunan, sa mga seksyon na sa maraming kaso ay nagsisimula, sa kauna-unahang pagkakataon, na kumilala sa Marxismo nang may tapat na pagsisikap. Lumilikha ang pahayagang burges ng higit na tiwaling mga ideya sa bagay na ito kaysa dati, at ipinalalaganap ang mga ito sa mas malawak na saklaw. Sa sirkunstansyang ito, higit na mapanganib ang disintegrasyon sa hanay ng mga Marxista. Kung gayon, ang pinakamahigpit na tungkulin ng mga Marxista ngayon ay unawain ang mga dahilan kung bakit di maiiwasan ang disintegrasyong ito sa kasalukuyan at magkapit-bisig para sa konsistenteng pakikibaka laban sa disintegrasyong ito.

Disyembre 1910

## Mga Talang Pansanggunian

1. Ang Vekhi (Mga Palatandaan) ay isang dyornal na inilathala sa Moscow sa tagsibol ng 1909 na naglalaman ng mga artikulo nina N. Berdyaev, S. Bulgakov, P. Struve at iba pang liberal-monarkistang burges na manunulat na tumutunggali sa rebolusyonaryong kilusan at nanghihikayat sa intelihensya na maglingkod sa awtokrasya. Tinagurian ni Lenin ang dyornal na "ensayklopedya ng kataksilang liberal".

2. Ang tinutukoy dito ni Lenin ay ang impluwensya ni Ernst Mach (1838-1916), isang pisisista, saykolohista at pilosopong Austrian na nangunguna sa bagong "positibismo" na kilala bilang "empiryo-kritisismo". Isinulat ni Lenin ang kanyang mayor na akdang pilosopikal, ang Materyalismo at Empiryo-Kritisismo noong 1908 para bakahin ang Machista at katulad na mga tendensya sa mga sirkulong Marxista.

3. Ang *otzovismo* (mula sa salitang Ruso na *otzovat* – pagpapaatras) ay isang tunguhing oportunista sa hanay ng maliit na seksyon ng mga Bolshevik na lumitaw matapos matalo ang Rebolusyon ng 1905-07. Hiningi ng grupo na paatrasin ang mga kinatawan ng Sosyal-Demokrasya mula sa Duma, ang di paglahok sa eleksyong parlamentaryo, at tanggihan ang gawain sa mga unyon at iba pang mga organisasyong masa.



# 6. ANG TATLONG PINAG-MULAN AT TATLONG SANGKAP NA BAHAGI NG MARXISMO[1]

Sa lahat ng dako ng sibilisadong daigdig, nakapupukaw ang mga itinuturo ni Marx ng pinakamatinding galit at pagkamuhi ng lahat ng syensyang burges (kapwa upisyal at liberal), na nagtuturing sa Marxismo bilang isang tipo ng "mapaminsalang sekta". At walang ibang aktitud na dapat asahan, dahil hindi magkakaroon ng syensyang panlipunan na "walang pinapanigan" sa isang lipunang nakabatay sa tunggalian ng mga uri. Sa iba't ibang paraan, ipinagtatanggol ng lahat ng upisyal at liberal na syensya ang pang-aalipin sa sahod, habang nagdeklara naman ang Marxismo ng walang humpay na digma laban sa pang-aalipin sa sahod. Kahangalan at kamusmusan ang asahan na maging imparsyal ang syensya sa isang lipunang aliping sahuran, tulad nang umasa ng imparsyalidad mula sa mga tagamanupaktura sa usapin kung dapat itaas ang sahod ng mga manggagawa sa pamamagitan ng pagbababa ng tubo ng kapital.

Gayunman, hindi pa ito ang lahat. Napakalinaw na ipinakikita ng kasaysayan ng pilosopiya at kasaysayan ng syensyang panlipunan na walang anuman sa Marxismo na kawangis ng "sektarismo", sa pakahulugan ng pagiging makitid at tuod na doktrina, isang doktrina na sumulpot sa labas ng mataas na landas ng pag-unlad ng pandaigdigang sibilisasyon. Kabaligtaran nito, ang henyo ni Marx mismo ay ang pagbibigay niya ng mga kasagutan sa mga usapin na pinagbuhusan ng pansin ng pinakamahuhusay na paham ng

sangkatauhan. Lumitaw ang kanyang mga turo bilang tuwiran at kagyat na pagpapatuloy ng mga turo ng pinakadakilang mga kinatawan ng pilosopiya, ekonomyang pampulitika at sosyalismo.

Makapangyarihan sa lahat ang Marxistang doktrina dahil ito ay totoo. Kumpleto ito at may internal na kaisahan, at nakapagbibigay sa tao ng integral na pagkakaunawa sa daigdig na di maiaayon sa anumang anyo ng pamahiin, paglilibang o pagtatanggol sa burges na pang-aapi. Ito ang lehitimong kahalili ng pinakamahusay nang nalikha ng sangkatauhan noong ika-19 na siglo sa hugis ng pilosopiyang German, ekonomyang pampulitikang Ingles at sosyalismong French.

Talakayin natin nang maikli ang tatlong mga pinagmulang ito ng Marxismo, na siya ring mga sangkap na bahagi nito.

## I

Ang pilosopiya ng Marxismo ay materyalismo. Sa buong modernong kasaysayan ng Europa, at laluna sa katapusan ng ika-18 siglo ng France, na pinangyarihan ng mapagpasyang paglaban sa lahat ng tipo ng basurang midyebal, laban sa pyudalismo sa mga institusyon at ideya, ang materyalismo ang siyang tanging pilosopiya na konsistente, tapat sa lahat ng turo ng natural na syensya at laban sa pamahiin, pagkukunwari at iba pa. Sa gayon, ubos kayang tinangka ng mga kaaway ng demokrasya na "patunayang mali", papanghinain at siraan ang materyalismo, at itinaguyod ang samu't saring anyo ng pilosopikal na ideyalismo, na lagi't laging nangangahulugan ng pagtataguyod o pagsuporta sa relihiyon sa isa o iba pang paraan.

Laging ipinagtatanggol nina Marx at Engels ang pilosopikal na materyalismo sa pinakadeterminadong paraan, at paulit-ulit na ipinaliwanag ang malalim na pagkakamali ng bawat



paglihis sa batayang ito. Napakalinaw at lubos na pinalawig ang kanilang mga pananaw sa mga akda ni Engels, Ludwig Feuerbach at Anti-Dühring, na tulad ng Manipestong Komunista ay mga manwal para sa lahat ng manggagawang mulat sa uri.

Gayunman, hindi huminto si Marx sa materyalismo ng ika-labingwalong siglo; pinaunlad niya ang pilosopiya. Pinayaman niya ito ng mga nahalaw sa klasikal na pilosopiyang German, laluna ng sistemang Hegelian, na humantong naman sa materyalismo ni Feuerbach. Ang pangunahin sa mga nahalaw na ito ay ang diyalektika, ibig sabihin, ang doktrina ng pag-unlad sa pinakaganap at pinakamalalim na anyo nito, na wala ang pagiging makaisang-panig – ang doktrina ng pagiging relatibo ng kaalaman ng tao, na nagbibigay sa atin ng repleksyon ng walang tigil na umuunlad na bagay. Ang pinakabagong mga tuklas ng natural na syensya – radium, mga electron, ang transmutasyon ng mga elemento – ay napakahusay na nagkukumpirma sa diyalektikong materyalismo ni Marx sa kabila ng mga turo ng burges na mga pilosopo kasama ng kanilang bagong pagtumbalik sa luma at bulok na ideyalismo.

Sa pamamagitan ng pagpapalalim at pagpapaunlad ng pilosopikal na materyalismo, kinumpleto ito ni Marx, at pinasaklaw ang kaalaman sa kalikasan tungo sa kaalaman sa lipunan ng tao. Ang istorikong materyalismo ni Marx ay isa sa pinakadakilang tagumpay ng syentipikong kaisipan. Ang kaguluhan at pagkaarbitraryo na dating naghahari sa mga pananaw sa kasaysayan at pulitika ay nagbigay daan sa litaw na litaw na integral at may panloob na kaisahan na syentipikong teorya, na nagpapakita, bunga ng pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon, mula sa mga pwersa sa produksyon, mula sa isang sistema ng buhay panlipunan, kung paano umuunlad ang isa pang mas mataas na sistema – kung paanong sumisibol ang kapitalismo mula sa pyudalismo

halimbawa.

Tulad ng sinasalamin ng kaalaman ng tao ang kalikasan (ibig sabihin, umuunlad na bagay), na umiiral nang independyente sa kanya, ganoon din, sinasalamin ng kaalamang panlipunan ng tao (ibig sabihin, ang samu't saring pananaw at doktrina – pilosopikal, relihiyoso, pampulitika, at iba pa) ang sistemang pang-ekonomya ng lipunan. Ang mga institusyong pampulitika ay isang superistruktura sa pundasyong pang-ekonomya. Nakikita natin halimbawa na ang samu't saring anyong pampulitika ng modernong mga estadong Europeano ay naglilingkod para patatagin ang paghahari ng burgesya sa proletaryado.

Ang pilosopiya ni Marx ay husto sa gulang na pilosopikal na materyalismo, na nakapagkaloob sa sangkatauhan, at laluna sa uring manggagawa, ng makapangyarihang mga instrumento sa kaalaman.

## II

Matapos makita na ang sistemang pang-ekonomya ang pundasyon na kinatatayuan ng superistrukturang pampulitika, nagbigay si Marx ng pinakamalaking atensyon sa pag-aaral ng sistemang pang-ekonomya. Ang pangunahing akda ni Marx, Ang Kapital, ay nakatuon sa pag-aaral ng sistemang pang-ekonomya ng moderno, ibig sabihin, kapitalistang lipunan.

Bago kay Marx, lumitaw ang klasikal na ekonomyang pampulitika sa England, ang pinakamaunlad sa mga kapitalistang bayan. Inilatag nila Adam Smith at David Ricardo, sa pamamagitan ng kanilang mga imbestigasyon sa sistemang pang-ekonomya, ang mga pundasyon ng teorya na ang halaga ay likha ng paggawa. Ipinagpatuloy ni Marx ang kanilang gawain. Mahigpit niyang pinatunayan at konsistenteng pinaunlad ang teoryang ito. Ipinakita niya na



ang halaga ng bawat kalakal ay itinatakda ng kantidad ng karaniwang oras paggawa na ginugol sa produksyon nito.

Habang ang nakita ng mga ekonomistang burges ay relasyon ng mga bagay (ang palitan ng isang kalakal para sa iba pa), ibinunyag ni Marx ang relasyon ng mga tao. Ipinapakita ng palitan ng mga kalakal ang ugnayan ng indibidwal na mga prodyuser sa pamamagitan ng pamilihan. Ipinahihiwatig ng salapi na ang bigkis na ito ay mas humihigpit nang humihigpit, at di mapaghihiwalay na binibigkis ang buong buhay pang-ekonomya ng indibidwal na mga prodyuser bilang isang kabuuan. Ipinahihiwatig naman ng kapital ang higit pang pag-unlad ng bigkis na ito: ang lakas paggawa ng tao ay naging kalakal. Nagbebenta ng lakas paggawa ang sahurang-manggagawa sa may-ari ng lupa, mga pabrika at mga instrumento ng paggawa. Ginagamit ng manggagawa ang isang bahagi ng araw paggawa para tugunan ang gastos sa pagpapanatili ng sarili at ng kanyang pamilya (sahod), habang sa iba pang bahagi ng araw paggawa, nagtatrabaho ang manggagawa nang walang bayad, at lumilikha ng labis na halaga para sa kapitalista, ang pinagmumulan ng tubo, ang pinagmumulan ng yaman ng uring kapitalista.

Ang doktrina ng labis na halaga ang panulukang bato ng teorya sa ekonomya ni Marx.

Ginigitgit ng kapital, na nilikha ng paggawa ng manggagawa, ang manggagawa sa pamamagitan ng pagwasak sa maliliit na maestro at lumilikha ng hukbo ng walang hanapbuhay. Sa industriya, agad nakikita ang tagumpay ng malawakang produksyon, pero nakikita rin natin ang bagay na ito sa agrikultura: lumalaki ang superyoridad ng malakawakang kapitalistang agrikultura, lumalawak ang aplikasyon ng makinarya, nahuhulog ang ekonomyang magsasaka sa buslo ng salaping kapital, dumadausdos ito at nawawasak dahil nababagahe ng atrasadong teknik nito. Sa agrikultura, ang pagdausdos ng maliitang produksyon ay nagkakaroon ng

iba't ibang anyo, pero ang pagdausdos nito mismo ay isang katotohanang hindi mapasusubalian.

Sa pamamagitan ng pagwasak sa maliitang produksyon, pinatataas ng kapital ang produktibidad ng paggawa at lumilikha ng monopolyong pusisyon para sa mga asosasyon ng malalaking kapitalista. Ang produksyon mismo ay nagiging higit na sosyal – daan-daang libo at milyun-milyong manggagawa ay nabubuklod sa isang sistematikong organismong pang-ekonomya – pero ang produkto ng kolektibong paggawa ay inaangkin ng sandakot na kapitalista. Tumitindi ang anarkiya ng produksyon, gayundin ang mga krisis, ang hibang na paghahabol sa mga pamilihan at ang inseguridad sa buhay ng masa ng populasyon.

Habang pinatataas nito ang pagsalig ng mga manggagawa sa kapital, nililikha ng sistemang kapitalista ang makapangyarihang lakas ng nagkakaisang paggawa.

Binaybay ni Marx ang pag-unlad ng kapitalismo mula sa unang mga binhi ng ekonomyang pangkalakal, mula sa simpleng palitan, hanggang sa pinakamataas na mga anyo nito, sa malakihang produksyon.

At malinaw na ipinapakita ng karanasan ng lahat ng kapitalistang bayan, luma at bago, na totoo ang Marxistang doktrinang ito sa papalaking bilang ng mga manggagawa taun-taon.

Nagtagumpay ang kapitalismo sa lahat ng dako ng daigdig, pero ang tagumpay na ito ay pasakalye lamang sa tagumpay ng paggawa sa kapital.

III

Nang ibinagsak ang pyudalismo, at lumitaw ang "malayang" kapitalistang lipunan sa daigdig na likha ng Diyos, agad na naging malinaw na ang kalayaang ito ay nangangahulugan ng bagong sistema ng pang-aapi at pagsasamantala sa mga



anakpawis. Agad na lumitaw ang samu't saring sosyalistang doktrina bilang repleksyon ng, at protesta laban sa, pang-aaping ito. Pero ang unang sosyalismo ay utopyang sosyalismo. Pinuna nito ang kapitalistang lipunan, kinondena at isinumpa ito, nangarap na mawawasak ito, nangarap ng mas mahusay na kaayusan at sinikap na kumbinsihin ang mayayaman sa imoralidad ng pagsasamantala.

Gayunman, hindi maipakita ng sosyalismong utopyan ang tunay na landas. Hindi nito maipaliwanag ang esensya ng pang-aaliping sahuran sa ilalim ng kapitalismo, ni matuklasan ang mga batas ng pag-unlad nito; hindi nito matukoy ang pwersang panlipunan na may kakayahang maging tagapaglikha ng bagong lipunan.

Samantala, palinaw nang palinaw na ibinubunyag ng maunos na mga rebolusyon na kasabay ng pagbagsak ng pyudalismo, ng sistemang timawa, sa lahat ng dako ng Europa, lalung-laluna sa France, na ang tunggalian ng mga uri ang batayan at motibong pwersa ng buong pag-unlad.

Hindi nakamit ang kahit isang tagumpay ng kalayaang pampulitika sa uring pyudal nang hindi nagdaan sa desperadong pagtatanggol. Hindi sumibol ang isa mang kapitalistang bayan sa humigit-kumulang ay malaya at demokratikong batayan, liban sa pamamagitan ng buhay-at-kamatayang tunggalian sa pagitan ng iba't ibang uri ng kapitalistang lipunan.

Ang henyo ni Marx ay nasa paghalaw niya mula sa bagay na ito bago kaninuman ang aral na itinuturo sa atin ng kasaysayan ng daigdig at konsistenteng paglapat ng deduksyong ito. Ang mga aral na ito ay ang doktrina ng tunggalian ng mga uri.

Ang tao ay lagi't laging magiging hangal na biktima ng panlilinlang at panlilinlang-sa-sarili sa pulitika hanggang matutunan nilang tuklasin ang mga interes ng alinmang uri

sa likod ng lahat ng parirala, pahayag at pangakong moral, relihiyoso, pampulitika at panlipunan. Laging maloloko ng mga tagapagtanggol ng lumang kaayusan ang mga tagasuporta ng mga reporma at pagpapaunlad, hanggang maunawaan nila na ang lahat ng lumang institusyon, gaano man magmistulang barbaro at bulok ang mga ito, ay pinananatili ng mga pwersa ng alinmang naghaharing uri. At iisa lamang ang paraan ng pagwasak sa paglaban ng mga uring ito, at iyon ay hanapin sa mismong lipunan na nakapaligid sa atin, ang pwersa na maaari – at dahil sa kanilang pusisyon sa lipunan, dapat – tumayo bilang kapangyarihan na may kakayahang kalusin ang luma at lumikha ng bago, at mulatin at organisahin ang mga nasabing pwersa para sa pakikibaka.

Ang pilosopikal na materyalismo lamang ni Marx ang nakapagpakita sa proletaryado ng kalutasan sa ispiritwal na pagkaalipin na kinasadlakan ng lahat ng aping uri sa nakaraan. Ang teorya sa ekonomya lamang ni Marx ang nakapaglinaw sa tunay na pusisyon ng proletaryado sa pangkalahatang sistema ng kapitalismo.

Dumarami ang independyenteng mga organisasyon ng proletaryado sa lahat ng dako ng daigdig, mula Amerika hanggang Japan, at mula Sweden hanggang Timog Aprika. Namumulat at natututo ang proletaryado sa pamamagitan ng pagsusulong ng makauring pakikibaka nito; iwinawaksi nito ang mga prehuwisyo ng lipunang burges; pinagkakaisa nito ang kanyang hanay nang mas mahigpit kaysa dati at natututo itong sukatin ang kanyang tagumpay; pinapanday nito ang kanyang mga pwersa at walang tigil na lumalaki.

Marso 1913

## Mga Talang Pansanggunian

1) Isinulat ni Lenin ang artikulong ito sa ika-30 Anibersaryo ng pagkamatay ni Marx (Marso 1913).



# 7. ANG ISTORIKONG KAHIHINATNAN NG DOKTRINA NI KARL MARX

Ang pangunahing punto sa doktrina ni Marx ay pinatatampok nito ang istorikong papel ng proletaryado bilang tagapagtatag ng sosyalistang lipunan. Kinumpirma ba ng pag-unlad ng mga pangyayari sa daigdig ang doktrinang ito mula nang pinalawig ito ni Marx?

Unang ihinarap ito ni Marx noong 1844. Nagbibigay na ang Manipestong Komunista nina Marx at Engels na inilathala noong 1848 ng kumpleto at sistematikong paglalahad ng doktrinang ito, na nananatiling pinakamahusay na paglalahad hanggang sa ngayon. Malinaw na nahahati sa tatlong pangunahing yugto ang kasunod na kasaysayan ng daigdig: (1) mula Rebolusyon ng 1844 hanggang sa Komuna ng Paris (1871); (2) mula sa Komuna ng Paris hanggang sa Rebolusyong Ruso (1905); (3) mula sa Rebolusyong Ruso.

Tunghayan natin kung ano ang kinahinatnan ng doktrina ni Marx sa bawat isa sa mga yugtong ito.

### I

Sa simula ng unang yugto, hinding-hindi pa nangingibabaw ang doktrina ni Marx. Isa lamang ito sa sobrang daming paksyon o tunguhin ng sosyalismo. Ang mga anyo ng sosyalismo na nangibabaw noon ay katulad sa kalakhan ng Narodismo[1] sa atin: hindi pagkakaunawa sa materyalistang batayan ng istorikong kilusan; kawalan ng

kakayahan na tukuyin ang papel at kabuluhan ng bawat uri sa kapitalistang lipunan; pagkukubli sa burges na esensya ng mga demokratikong reporma sa likod ng samu't sari at kunwa'y sosyalistang mga parirala tungkol sa "mamamayan", "katarungan", "karapatan", atbp.

Nagbigay ng pamatay na dagok ang Rebolusyon ng 1848 sa lahat ng maiingay, halu-halo at pasikat na mga anyong ito ng sosyalismong pre-Marxista. Sa lahat ng bayan, ibinunyag ng rebolusyon ang iba't ibang uri ng lipunan sa pagkilos. Sa wakas, ipinakita ng pamamaril ng republikanong burgesya sa mga manggagawa sa Mga Araw ng Hunyo 1848 sa Paris na tanging ang proletaryado ang likas na sosyalista. Nangayupapa sa reaksyon ang duwag na mga liberal. Ang uring magsasaka ay nasiyahan na sa abolisyon ng mga labi ng pyudalismo at sumama sa mga tagasuporta ng kaayusan, at nag-urong-sulong lamang kung minsan sa pagitan ng demokratikong mga manggagawa at mga liberal burges. Napatunayang kabalbalan ang lahat ng doktrina ng sosyalismong di makauri at pulitikang di makauri.

Kinumpleto ng Komuna ng Paris (1871) ang pag-unlad na ito ng mga repormang burges; ang tanging mapasasalamatan ng republika, ibig sabihin, ang anyo ng organisasyong pang-estado kung saan lumilitaw ang mga relasyon sa uri sa pinakalantad na anyo, ay ang kagitingan ng proletaryado para sa konsolidasyon nito.

Sa lahat ng iba pang bayan sa Europa, humantong din sa isang lipunang burges na may tiyak na hugis ang mas sala-salabid at di kumpletong pag-unlad. Sa bandang dulo ng unang yugto (1848-71) – ang yugto ng mga unos at rebolusyon – lumipas ang sosyalismong pre-Marxista. Isinilang ang independyenteng proletaryong mga partido: ang Unang Internasyunal (1864-72) at ang Sosyal-Demokratikong Partido ng Germany.



## II

Naiiba ang ikalawang yugto (1872-1904) sa unang yugto dahil sa "mapayapang" katangian nito, sa kawalan ng mga rebolusyon. Natapos na ang Kanluran sa burges na mga rebolusyon. Hindi pa nakararating ang Silangan sa yugto ng burges na mga rebolusyon.

Pumasok ang Kanluran sa panahon ng "mapayapang" paghahanda para sa kapanahunan ng pagbabago sa hinaharap. Nabuo sa lahat ng dako ang mga sosyalistang partido, na sa saliga'y proletaryo, at natuto na gamitin ang burges parlamentarismo at lumikha ng sarili nilang arawang pahayagan, ng kanilang edukasyunal na mga institusyon, ng kanilang unyon at mga samahang kooperatiba. Natamo ng doktrinang Marxista ang ganap na tagumpay at lumaganap. Ang proseso ng pagpili at akumulasyon ng mga pwersa ng proletaryado at ng paghahanda ng proletaryado para sa napipintong mga labanan ay mabagal pero hakbang-hakbang na sumulong.

Ganoon na lamang ang diyalektika ng kasaysayan kung kaya't inobliga ng teoretikal na tagumpay ng Marxismo ang kanyang mga kaaway na magbalatkayo bilang mga Marxista. Ang liberalismong sagad sa buto ang kabulukan ay nagtangkang magpanibagong buhay sa anyo ng Sosyalistang oportunismo. Ininterpreta ng mga oportunista ang yugto ng paghahanda ng mga pwersa para sa malalaking labanan bilang pagtatakwil sa mga pakikibakang ito. Pinalalabas nila na ang pagpapahusay ng pusisyon ng mga alipin para sa pakikibaka laban sa pang-aalipin sa sahod ay ang pangangailangan para ibenta ng mga alipin ang kanilang karapatan sa kalayaan kapalit ng isang mangkok ng nilugaw. Duwag nilang ipinangangaral ang "kapayapaang panlipunan" (ibig sabihin, kapayapaan sa mga may-ari ng alipin), ang pagtatakwil sa makauring tunggalian, at iba pa. Marami silang kapanalig sa hanay ng Sosyalistang mga kagawad ng Parlamento, iba't

ibang upisyal ng kilusang paggawa, at "simpatetikong" mga intelektwal.

III

Katatapos pa lamang batiin ng mga oportunista ang sarili sa "kapayapaang panlipunan" at sa di pangangailangan ng mga unos sa ilalim ng "demokrasya" nang bumukas ang isang bagong bukal ng dakilang mga unos sa daigdig sa Asya. Sinundan ang rebolusyong Ruso ng rebolusyong Turkish, Persian at Tsino. Nabubuhay tayo ngayon sa kapanahunang ito ng mga unos at mga "reperkusyon" nito sa Europa. Anuman ang kahinatnan ng dakilang Republikang Tsino, na pinaglalabasan ng pangil ng iba't ibang "sibilisadong" hyena, walang anumang kapangyarihan sa daigdig ang makapagpapabalik sa lumang sistemang timawa sa Asya, o makapagpapawi sa magiting na demokrasya ng masa ng mamamayan sa mga bayang Asyano at mala-Asyano.

Ang ilan na hindi nagbigay pansin sa mga kalagayan ng paghahanda at pag-unlad ng pakikibakang masa ay nawalan ng pag-asa at nauwi sa anarkismo dahil sa nagtagal na pagpapaliban ng mapagpasyang pakikibaka laban sa kapitalismo sa Europa. Kita na natin ngayon kung gaano kakitid ng pananaw at kaduwag ang anarkistang kawalang pag-asang ito.

Dapat makapagbigay sa atin ng lakas ng loob at hindi kawalan ng pag-asa ang katotohanang ang Asya, na may populasyong walong daang milyon, ay nahatak na sa pakikibaka para sa mga simulaing katulad ng sa Europa.

Inilantad ng mga rebolusyon sa Asya ang ganoon ding kawalang gulugod at kabuktutan ng liberalismo, ang ganoon ding pambihirang kahalagahan ng kasarinlan ng demokratikong masa at ganoon ding matalas na linya ng



pagkakahati sa pagitan ng lahat ng tipo ng proletaryado at burgesya. Matapos ng karanasan kapwa ng Europa at Asya, ang sinumang nangungusap ng pulitikang di makauri at Sosyalismong di makauri ay karapat-dapat na ilagay sa isang hawla at itanghal katabi ng kangaroo ng Australia.

Pagkatapos ng Asya, nagsimula na ring kumilos ang Europa, bagamat hindi sa paraang Asyano. Ganap nang lumipas ang "mapayapang" yugto ng 1872-1904 at hindi na kailanman magbabalik. Ang kataasan ng presyo ng mga bilihin at ang pang-aapi ng mga trust ay pumapatungo sa walang katulad na pagtampok ng pakikibakang pang-ekonomya, nakapupukaw maging sa mga manggagawang British na pinakabinulok ng liberalismo. Sa harap ng ating mga mata, kumukulo ang krisis pampulitika maging sa sukdulang "sagadsarin" at burges-Junker na bayan ng Germany. Ginagawa ng hibang na pag-aarmas at ng patakaran ng imperyalismo ang Europa bilang isang "kapayapaang panlipunan" na mas mukhang isang bariles ng pulbura kaysa anupaman. At kasabay nito, panay ang pagsulong ng pagkabulok ng lahat ng partidong burges at ang paghusto sa gulang ng proletaryado.

Ang bawat isa sa tatlong dakilang yugto ng kasaysayan ng daigdig mula nang lumitaw ang Marxismo ay nagbigay ng bagong kumpirmasyon at bagong mga tagumpay sa Marxismo. Pero mas malaki pang tagumpay ang kakaharapin ng Marxismo bilang doktrina ng proletaryado sa yugto ng kasaysayan na nagsisimula ngayon.

Marso 1913

## Mga Talang Pansanggunian

1. Ang Narodismo, na sa literal na pakahulugan ay "populismo", ay ang salitang unang ginamit sa kilusang sosyal ng dekada 1860 ng nakaraang siglo sa Rusya. Ang pinakakatangi-tanging katangian nito ay ang pananalig sa posibilidad ng di kapitalistang kaunlaran ng Rusya at ang pagtatamo ng sosyalismo nang wala ang uring manggagawa at sa batayan ng komunang pambaryo.



# KARL MARX

Isang Maikling Talambuhay
Nang May Maikling Paglalahad sa Marxismo[1]

## Paunang Salita

Ang artikulong ito hinggil kay Karl Marx, na lumabas sa hiwalay na paglalathala, ay isinulat ko noong 1913 [sa aking pagkakaalala] para sa Granat Encyclopaedia. May kalakip itong detalyadong bibliograpiya ng literatura hinggil kay Marx na karamiha'y dayuhan. Ito ngayon ay tinanggal sa kasalukuyang edisyon. Sa bahagi naman ng mga patnugot ng Encyclopaedia, inalis nila dahil sa sensura ang huling bahagi ng artikulo kay Marx, ang seksyong tumatalakay sa kanyang mga rebolusyonaryong taktika. Sa kasamaang palad, wala ako sa pusisyong ibalik ang nasabing bahagi dahil ang borador nito'y kasama ng aking mga papeles na naiwan kung hindi sa Cracow ay sa Switzerland. Ang naaalala ko lamang ay aking binanggit sa katapusang bahagi ng artikulo, kasama ng iba pang bagay, ang isang sipi mula sa sulat ni Marx kay Engels noong Abril 16, 1856, kung saan kanyang isinulat: "Ang mangyayari sa Germany ay nakasalalay sa posibilidad ng pagsuporta sa rebolusyong proletaryo ng isang tipo ng ikalawang edisyon ng Digmang Magsasaka. Kung magkakagayon ay napakainam." Noong 1905 at pagkatapos, ito ang hindi maintindihan nitong ating mga Menshevik[2] na nasadlak na sa lubusang pagkakanulo sa sosyalismo at pagpanig sa burgesya.

Moscow, Mayo 14, 1918 N. Lenin

Si Karl Marx ay ipinanganak noong Mayo 5, 1818, sa lunsod ng Trier [Rhenish Prussia]. Ang kanyang ama ay isang abogado, isang Hudyo na umanib sa Protestantismo noong 1824. May kaya ang kanilang pamilya, may pinag-aralan, ngunit di rebolusyonaryo. Pagkagradweyt mula sa isang Gymnasium sa Trier, pumasok si Marx sa unibersidad, una sa Bonn at kalaunan sa Berlin, kung saan nag-aral siya ng syensya ng batas, at pangunahin, ang kasaysayan at pilosopiya. Tinapos niya ang kanyang kurso sa unibersidad noong 1841, at isinumite ang doktoral na disertasyon tungkol sa pilosopiya ni Epicurus. Sa panahong iyon, si Marx ay isa pang ideyalistang maka-Hegel sa kanyang pananaw. Sa Berlin, kabilang siya sa sirkulo ng mga "Kaliwang Hegelian"[3] [Bruno Bauer, atbp.] na nagsikap humalaw ng ateistiko at rebolusyonaryong mga kongklusyon mula sa pilosopiya ni Hegel.

Nang siya'y magtapos, lumipat si Marx sa Bonn, sa pag-asang maging isang propesor. Ngunit ang reaksyunaryong patakaran ng gubyerno – na nagtanggal kay Ludwig Feuerbach sa kanyang katungkulan sa pagtuturo noong 1832, at tumangging pabalikin siya sa unibersidad noong 1836, at nagbawal naman noong 1841 sa batang propesor na si Bruno Bauer na maglektura sa Bonn – ay nagpabago sa isip ni Marx na maging isang akademiko. Noong panahong iyon, mabilis na umuunlad sa Germany ang mga kaliwang kaisipang Hegelian. Sinimulang punahin ni Ludwig Feuerbach ang teolohiya, lalo na pagkatapos ng 1836, at bumaling siya sa materyalismo, na noong 1841 ay nakapangibabaw na sa kanyang pilosopiya (*Das Wesen des Christentums* [Ang Esensya ng Kristyanidad]. Noong 1843, lumabas ang kanyang *Principles of the Philosophy of the Future* (Mga Prinsipyo ng Pilosopiya ng Hinaharap). "Dapat maranasan mismo ang mapagpalayang epekto" ng mga librong ito, ani Engels kaugnay ng mga nasabing akda ni Feuerbach. "Kaming lahat [ibig sabihin, mga Kaliwang Hegelian, kabilang si Marx] ay kagyat na naging maka-Feuerbach."[4] Noong panahong iyon, nagtatag sa Cologne ang ilang burges na radikal sa Rhineland na may ugnayan sa mga Kaliwang Hegelian ng isang dyaryong oposisyon na tinatawag na *Rheinische Zeitung*[5]; ang unang isyu ay lumabas noong Enero 1, 1842. Si Marx at Bruno Bauer ay inimbitahang maging mga pangunahing kontribyutor at noong Oktubre 1842, si Marx ay naging punong patnugot at lumipat mula Bonn tungong Cologne. Sa ilalim ng kanyang pamamatnugot, tumingkad ang pagiging rebolusyonaryo-demokratiko ng pahayagan, at pinatawan ito ng gubyerno ng doble at tripleng sensura, hanggang noong Enero 1, 1843, nagdesisyon ang gubyerno na tuluyan nang supilin ito. Kinailangang magbitiw si Marx sa pamamatnugot bago sa nasabing petsa ngunit hindi nailigtas ng kanyang pagbibitiw ang pahayagan, na isinara noong Marso 1843. Sa mga mayor na artikulong isinulat ni Marx para sa *Rheinische Zeitung*, banggit ni Engels, dagdag sa mga artikulong nabanggit sa ibaba, [tingnan ang Bibliograpiya[6]], kabilang ang isang artikulo sa kalagayan ng mga magsasakang nagtatanim ng ubas sa Moselle Valley.[7] Batay sa kanyang mga naging gawaing pampahayagan, nakumbinsi si Marx na hindi sapat ang kanyang kaalaman sa ekonomyang pampulitika, at siya ay nagdesisyong masinsin itong pag-aralan.

Noong 1843, pinakasalan ni Marx sa Kreuznach si Jenny von Westphalen, isang kababatang kaibigan na kanyang naging kasintahan habang estudyante pa. Ang kanyang asawa ay nagmula sa isang reaksyunaryong pamilya ng nobilidad

ng Prussia. Ang kanyang nakatatandang kapatid ay naging Ministro ng Interyor ng Prussia sa napakareaksyunaryong panahong 1850-58. Noong taglagas ng 1843, pumunta si Marx sa Paris upang maglathala ng radikal na pahayagan sa ibang bayan, kasama si Arnold Ruge [1802-1880; Kaliwang Hegelian; naditine mula 1825-1830; isang destiyerong pampulitika mula 1848, at isang Bismarckian makalipas ang 1866-70]. Iisang isyu lamang ng nasabing pahayagan, *Deutsch-Franzosische Jahrbucher* (Dyornal na German-French), ang lumabas[8]. Itinigil ang publikasyon nito dahil sa kahirapan ng sikretong pamamahagi nito sa Germany at bunga ng di pagkakasundo kay Ruge. Ipinakikita ng mga artikulo ni Marx sa nasabing pahayagan na siya ay isa nang rebolusyonaryo na nagtataguyod ng "walang habas na pagpuna sa lahat ng bagay na umiiral", at sa partikular, sa "pagpuna sa pamamagitan ng armas", [9] at nananawagan sa masa at sa proletaryado.

Noong Setyembre 1844, bumisita sa Paris nang ilang araw si Frederick Engels at simula noon ay naging pinakamatalik nang kaibigan ni Marx. Kapwa sila naging napakaaktibo sa masiglang buhay ng mga rebolusyonaryong grupo sa Paris [may partikular na kahalagahan nang panahong iyon ang doktrina ni Proudhon[10], na ganap na pinatunayang mali ni Marx sa kanyang *Karukhaan ng Pilosopiya* (Poverty of Philosophy, 1847); nabuo nila ang teorya at taktika ng rebolusyonaryong proletaryong sosyalismo, o komunismo [Marxismo], sa kanilang masigasig na pakikibaka laban sa samu't saring doktrina ng sosyalismong petiburges. Tingnan ang mga akda ni Marx sa panahong ito, 1844-1848, sa Bibliograpiya. Sa paggugumiit ng gubyernong Prussian, pinaalis si Marx sa Paris noong 1845, bilang isang mapanganib na rebolusyonaryo. Tumungo siya sa Brussels. Noong tagsibol ng 1847, umanib sina Marx at Engels sa isang sikretong samahang pampropaganda na tinaguriang Ligang Komunista[11]; gumampan sila ng namumukod na papel sa



Ikalawang Kongreso ng Liga [London, Nobyembre 1847], at sa pakiusap nito, binalangkas nila ang bantog na *Manipestong Komunista*, na lumabas noong Pebrero 1848. Taglay ang linaw at talas ng henyo, inilalatag ng akdang ito ang isang bagong pananaw sa daigdig, na umaalinsunod sa materyalismo na sumasaklaw rin sa buhay panlipunan; ang diyalektika bilang pinakakomprehensibo at pinakamalalim na doktrina ng pag-unlad; ang teorya ng tunggalian ng mga uri at ng rebolusyonaryong papel sa kasaysayan ng proletaryado – ang tagapaglikha ng isang bagong lipunang komunista.

Nang sumiklab ang Rebolusyon ng Pebrero 1848[12], pinatalsik si Marx sa Belgium. Bumalik siya sa Paris, at mula dito, makalipas ang Rebolusyong Marso[13], tumungo siya sa Germany, muli sa Cologne. Doon, inilathala ang *Neue Rheinische Zeitung*[14] (Bagong Dyornal na Rhenish) mula Hunyo 1, 1848 hanggang Mayo 19, 1849, sa ilalim ng kanyang pamamatnugot. Ang bagong teorya ay maningning na kinumpirma ng takbo ng mga rebolusyonaryong pangyayari ng 1848-49, tulad ng naging pagkumpirma dito ng lahat ng sumunod na proletaryo at demokratikong kilusan sa lahat ng bayan sa daigdig. Si Marx ay inihabla ng mga nagtagumpay na kontrarebolusyon [napawalang-sala siya noong Peb. 9, 1849], at pagkatapos ay pinatalsik sa Germany [Mayo 16, 1849]. Pumunta muna si Marx sa Paris, muli siyang pinatalsik pagkatapos ng demonstrasyon ng Hunyo 13, 1849[15], at pagkatapos ay tumungo sa London kung saan tuluyan siyang nanirahan hanggang kanyang kamatayan.

Ang kanyang buhay bilang destiyerong pulitikal ay lipos ng hirap, tulad ng malinaw na ipinakita ng koresponsal nila ni Engels [inilathala noong 1913][*]. Dumanas ng matinding kahirapan si Marx at ang kanyang pamilya. Kung hindi dahil sa patuloy at walang pag-iimbot na tulong pampinansya ni Engels, baka hindi lamang hindi nakumpleto ni Marx

* Magmula rito'y tataguriang *Briefwechsel* (Koresponsal). – Ed.

ang Kapital, kundi tiyak na namatay pa sa pagdarahop. Dagdag pa, ang namamayaning mga doktrina at tunguhing sosyalismong petiburges at sosyalismong di proletaryo sa kabuuan ay nag-obliga kay Marx na maglunsad ng patuloy at walang habas na pakikibaka na magkaminsa'y nahaharap sa pinakamabagsik at kasumpa-sumpang mga personal na atake [Ginoong Vogt][16]. Dumistansya si Marx sa mga sirkulo ng mga destiyerong pampulitika, at pinaunlad niya ang kanyang materyalistang teorya sa ilang makasaysayang akda [tingnan ang Bibliograpiya] at itinuon ang kanyang mga pagsisikap pangunahin sa pag-aaral ng ekonomyang pampulitika. Nirebolusyonisa ni Marx ang syensyang ito [tingnan ang "Ang Marxistang Doktrina" sa ibaba] sa kanyang *Kontribusyon sa Kritika sa Ekonomyang Pampulitika* (Contribution to the Critique of Political Economy) [1859] at *Kapital* [Tomo 1, 1867].

Ang muling pagsigla ng mga demokratikong kilusan sa huling bahagi ng dekada 1850 at 1860 ay nagpabalik kay Marx sa praktikal na aktibidad. Noong 1864, [Setyembre 28], itinatag sa London ang Internasyunal na Asosasyon ng mga Manggagawa (International Working Men's Association - ang bantog na Unang Internasyunal. Si Marx ang puso't kaluluwa ng organisasyong ito; siya ang may-akda ng unang Talumpati[17] at napakaraming resolusyon, deklarasyon at manipesto. Sa pamamagitan ng pagbubuklod ng kilusang paggawa ng iba't ibang bayan, sa pamamagitan ng pagsisikap na idirihe sa pinagsanib na mga aktibidad ang iba't ibang anyo ng di proletaryo at pre-Marxistang sosyalismo [Mazzini, Proudhon, Bakunin, liberal na unyonismo sa Britanya, mga Lassallean na kumikiling sa Kanan sa Germany, atbp.] at sa pamamagitan ng pagbaka sa mga teorya ng lahat ng sekta at kaisipang ito, nagbalangkas si Marx ng isang unipormadong taktika para sa proletaryong pakikibaka ng uring manggagawa sa iba't ibang bayan. Matapos matalo ang Komuna ng Paris [1871] – na nilapatan ni Marx ng napakalalim, napakalinaw,



napakatalas at epektibo at rebolusyonaryong pagsusuri [*Ang Digmaang Sibil sa France* (The Civil War in France), 1871] – at pagkatapos mahati ng mga maka-Bakunin[18] ang Internasyunal, hindi na posibleng makapanatili sa Europa ang Internasyunal. Pagkatapos ng Kongreso ng Internasyunal sa Hague [1872], pinalipat ni Marx ang Pangkalahatang Konseho ng Internasyunal sa New York. Nagampanan na ng Unang Internasyunal ang makasaysayang papel nito at ngayo'y nagbigay daan sa isang panahon ng di masukat na pag-unlad ng kilusang paggawa sa lahat ng bayan ng daigdig, isang panahon kung saan ang kilusan ay lumawak sa saklaw at nabuo ang mga sosyalistang partidong pangmasa ng uring manggagawa na may malawak na kasapian sa indibidwal na mga bayan.

Ang kalusugan ni Marx ay napahina ng kanyang mabigat na gawain sa Internasyunal at higit pang mabigat na gawaing teoretikal. Ipinagpatuloy niya ang kanyang gawain sa pagsisinop ng ekonomyang pampulitika at pagkukumpleto sa *Kapital*; para dito, nag-ipon siya ng maraming bagong materyal at nag-aral ng ilang lenggwahe [Ruso, halimbawa]. Gayunman, napigilan ng kanyang mahinang kalusugan ang pagkukumpleto niya sa *Kapital*.[8]

Namatay ang kanyang asawa noong Dis. 2, 1881, at noong Marso 14, 1883, si Marx ay payapang namatay sa kanyang upuan [armchair]. Siya'y nakalibing sa Sementeryo ng Highgate sa London sa tabi ng kanyang asawa at ni Helene Demuth, ang kanilang butihing katulong na halos myembro na ng pamilya. Ilan sa mga anak ni Marx ay namatay habang musmos pa sa London, nang ang buong pamilya ay naghihirap nang husto. May tatlo siyang anak na babaeng nakapag-asawa ng mga sosyalistang Ingles at Pranses: si Eleanor Aveling, Laura Lafargue at Jenny Longuet. Ang anak na lalaki ng huli ay myembro ng Partido Sosyalista ng France.

## ANG MARXISTANG DOKTRINA

Ang Marxismo ay ang sistema ng mga pananaw at mga turo ni Marx. Si Marx ay ang henyong nagpatuloy at nagbuo ng tatlong pangunahing tunguhing pang-ideolohiya noong ika-19 siglo, na kinakatawan ng tatlong pinakasulong na bayan ng sangkatauhan: klasikal na pilosopiyang German, klasikal na ekonomyang pampulitikang Ingles at sosyalismong French kakumbina ng mga rebolusyonaryong doktrinang French sa kabuuan. Kinikilala kahit ng kanyang mga katunggali ang napakahusay na integridad at pagiging konsistente ng mga pananaw ni Marx, na ang totalidad ay siyang bumubuo sa modernong materyalismo at modernong syentipikong sosyalismo bilang teorya at programa ng kilusang manggagawa sa lahat ng sibilisadong bayan sa daigdig, at ito ay nag-oobliga sa ating maglahad ng maikling balangkas ng kanyang pananaw sa daigdig sa kabuuan bago talakayin ang prinsipal na nilalaman ng Marxismo – ang doktrinang pang-ekonomya ni Marx.

## MATERYALISMONG PILOSOPIKAL

Mula ng mga taong 1844-45, nang ang kanyang mga pananaw ay nagsimulang magkahugis, si Marx ay isa nang materyalista, sa partikular, isang tagasunod ni L. Feuerbach na ang mga kahinaan ay kanyang tinukoy di naglaon na binubuo lamang ng pagiging di sapat na puspusan at komprehensibo ng kanyang materyalismo. Para kay Marx, ang istoriko at "makasaysayang" kahalagahan ni Feuerbach ay ang kanyang mapagpasyang pakikipagkalas sa idealismo ni Hegel at ang proklamasyon ng materyalismo, na noon nang ika-18 siglo, laluna sa France, ay "hindi lamang isang pakikibaka laban sa umiiral na mga pampulitikang institusyon, at laban sa ... relihiyon at teolohiya, kundi pakikibaka rin ... laban sa lahat ng metapisika [sa pakahulugan ng "langong ispekulasyon" na kaiba sa "matinong pilosopiya"]. [Tingnan sa *The Holy Family*, Literarische Nachlass[19]].



"Para kay Hegel…," ani Marx, "ang proseso ng pag-iisip, na sa ilalim ng taguring 'ang Ideya' ay kanya pang tinransporma sa isang nagsasariling simuno, ay ang demi-urgos [ang tagapaglikha, ang tagagawa] ng tunay na daigdig.... Para sa akin naman, ang ideya ay walang iba kundi ang materyal na daigdig na sinasalamin ng isip ng tao, at isinasalin sa mga anyo ng isip." [*Kapital*, Tomo 1, Panghuling Salita sa Ikalawang Edisyon[20]].

Ganap na umaayon sa materyalistang pilosopiya ni Marx, at bilang pagpapalawig dito, isinulat ni Engels sa *Anti-Dühring* [na binasa ni Marx ang orihinal]:

"Ang kaisahan ng daigdig ay hindi itinatakda ng kanyang pag-iral.... Ang tunay na kaisahan ng daigdig ay itinatakda ng kanyang materyalidad, at ito'y pinatutunayan ... ng mahaba at matagalang pag-unlad ng pilosopiya at natural na syensya...." "Ang paggalaw ang siyang moda ng pag-iral ng bagay. Kahit saan, hindi kailanman nagkaroon ng bagay na walang paggalaw, o paggalaw na walang bagay, at kailanman hindi ito mangyayari.... Ngunit kung ihahapag ang katanungan: ano kung gayon ang kaisipan at kamalayan at saan ba sila nagmumula; nagiging malinaw na produkto sila ng utak ng tao at ang tao mismo ay produkto ng kalikasan, at umuunlad sa loob at kaalinsabay ng kapaligiran nito; sa gayon, malinaw na malinaw na ang mga produkto ng utak ng tao, na sa huling pagsusuri ay mga produkto rin ng Kalikasan, ay di sumasalungat sa lahat ng iba pang mga bahagi ng Kalikasan at sa halip ay nakaayon dito....

"Si Hegel ay isang idealista; ibig sabihin, para sa kanya ang mga ideya sa loob ng kanyang isip ay hindi mga abstraktong imahen [Abbilder, repleksyon; minsa'y tinatawag na "imprints" ni Engels], humigit-kumulang ng mga tunay na

bagay at proseso; sa halip, para sa kanya, ang mga bagay at ang kanilang pag-unlad ay mga imahen ng 'Ideya' na umiiral bago pa pag-iral ng mundo, at ngayon ay naging tunay.[21]

Sa kanyang akdang Ludwig Feuerbach – na tumalakay sa pananaw nila ni Marx hinggil sa pilosopiya ni Feuerbach at ipinalimbag matapos muling basahin ang isang lumang manuskritong sinulat nila ni Marx noong 1844-45 hinggil kay Hegel, Feuerbach at sa materyalistang pananaw sa kasaysayan – sinulat ni Engels:

> "Ang malaking batayang katanungan ng lahat ng pilosopiya, laluna ng kagyat na nakalipas na pilosopiya, ay ang relasyon ng pag-iisip at pag-iral.... ng diwa sa Kalikasan... alin ang pangunahin, ang diwa o kalikasan.... Ang mga kasagutang ibinigay ng mga pilosopo sa katanungang ito ay naghati sa kanila sa dalawang malaking kampo. Ang mga naggigiit sa pangunguna ng diwa sa Kalikasan, at kung gayon, sa huli ay nagpapalagay na nilikha ang daigdig ng isa o iba pang anyo, ay bumuo sa kampo ng ideyalismo. Ang iba na nagtuturing sa Kalikasan bilang pangunahin ay nabibilang naman sa iba't ibang kaisipang materyalismo."[22]

Ang anupamang ibang paggamit ng mga konsepto ng [pilosopikal na] idealismo at materyalismo ay magdudulot lamang ng kalituhan. Puspusang itinakwil ni Marx hindi lamang ang ideyalismo, na sa isa o iba pang paraan ay laging nakaugnay sa relihiyon, kundi maging ang mga pananaw nina Hume at Kant – na may kalaganapan sa ating panahon – ang agnostisismo, kritisismo at positibismo sa iba't ibang anyo ng mga ito; itinuring niya ang naturang pilosopiya bilang isang "reaksyunaryong" konsesyon sa ideyalismo, at sa pinakamainam, isang pakunwaring paraan ng patagong pagtanggap sa materyalismo habang itinatatwa ito sa harap ng buong daigdig[23]. Kaugnay ng usaping ito, tingnan liban pa



sa mga akda ni Engels at Marx na nabanggit sa itaas, ang sulat ni Marx kay Engels noong Disyembre 12, 1866.[24] Dito, tinuran ni Marx ang isang sinabi ng naturalistang si Thomas Huxley, na "mas materyalista" kaysa dati at ang kanyang pag-amin na "habang tayo ay aktwal na nakapagmamasid at nakapag-iisip, hindi natin matatakasan ang materyalismo." Kasabay nito, pinuna ni Marx si Huxley dahil sa pag-iwan niya ng "puwang" para sa agnostisismo at Humeismo.

May partikular na kahalagahang pansinin ang pananaw ni Marx hinggil sa relasyon ng kalayaan at pangangailangan: "Ang kalayaan ay pagkilala sa pangangailangan. 'Nagiging *bulag* lamang ang pangangailangan *hanggang sa antas na hindi ito nauunawaan.*'" [Engels, *Anti-Dühring*][25] Ibig sabihin, ang pagkilala sa obhetibong batas ng kalikasan at sa diyalektikong transpormasyon ng pangangailangan sa kalayaan [kapareho ng transpormasyon ng mga di pa nababatid pero maaaring mabatid na "bagay-sa-sarili-nito" tungong "bagay-para-sa-atin", ng "esensya ng mga bagay" tungong "mga penomenon".] Para kina Marx at Engels, ang pundamental na mga limitasyon ng "lumang" materyalismo, kabilang ang kay Feuerbach [at lalo pa ang "bulgar" na materyalismo ni Buchner, Vogt at Moleschott] ay ang sumusunod: (1) ang materyalismong ito ay "mekanikal sa kalakhan", hindi nagsasaalang-alang sa pinakahuling mga pag-unlad sa chemistry at biology [sa ngayon kailangang idagdag: at sa elektrikal na teorya ng mga bagay]; (2) ang lumang materyalismo ay di istoriko at di diyalektiko [metapisikal sa pakahulugang anti-diyalektiko], at di pirmi at komprehensibong umaalinsunod sa paninindigan ng pag-unlad; (3) itinuturing nito sa abstraktong paraan ang "esensya ng tao" at hindi bilang "kalipunan ng lahat ng relasyong panlipunan" na kongkreto at istorikong itinatakda, at sa gayo'y "ipinaliliwanag" lamang ang daigdig, gayong ang usapin ay ang "baguhin" ito, ibig sabihin, hindi nito nauunawaan ang kahalagahan ng rebolusyonaryo at praktikal-

kritikal na aktibidad."[26]

## ANG DIYALEKTIKA

Bilang pinakakomprehensibo, may pinakamayamang laman at pinakamalalim na doktrina ng pag-unlad, itinuturing nina Marx at Engels ang diyalektikang Hegelian bilang pinakamalaking tagumpay ng klasikal na pilosopiyang German. Itinuring nila na ang lahat ng ibang pormulasyon ng prinsipyo ng pag-unlad, ng ebolusyon, ay makaisang-panig at mahina sa nilalaman, at bumabaluktot at sumisira sa tunay na dahilan ng pag-unlad [na karaniwang sumusulong sa pamamagitan ng mga igpaw at malalaking sakuna at mga rebolusyon] sa kalikasan at lipunan.

"Kami nga lamang ni Marx ang nakapagligtas sa mulat na diyalektika [mula sa pangwawasak ng idealismo, kabilang ang Hegelianismo] at nakapaglapat nito sa materyalistang pag-unawa sa Kalikasan.... Ang kalikasan ang katibayan ng diyalektika, at ang modernong natural na syensya ay nakapagbibigay ng napakayaman [isinulat ito bago matuklasan ang radium, electronics, transmutasyon ng mga elemento, atbp.!] at araw-araw ay dumaraming materyal para sa nasabing pagsusubok, at sa gayon ay napatunayan na, sa huling pagsusuri, ang proseso ng kalikasan ay diyalektiko at hindi metapisikal![27]

"Ang dakilang saligang kaisipan," sulat ni Engels, "na ang daigdig ay di dapat tingnan bilang kalipunan ng ganap-na-yaring mga bagay, kundi bilang kalipunan ng mga proseso, kung saan ang mga bagay na sa malas ay istable, tulad ng mga imaheng-isip ng mga ito sa ating ulo, ang mga konsepto, ay dumadaan sa walang tigil na proseso ng pag-iral at pagkawala.... ang dakilang pundamental na kaisipang ito, lalo na mula sa kapanahunan ni Hegel, ay malalim na tumagos



sa karaniwang kamulatan kaya't sa kalahatan, ito ngayon ay bihirang sinasalungat. Ngunit ang pagkilala sa pundamental na kaisipang ito sa salita at ang paglalapat nito sa realidad, sa detalye ng bawat larangan ng imbestigasyon ay dalawang magkaibang bagay.

“Para rito [sa pilosopiyang diyalektiko], walang anumang bagay na pinal, absoluto at sagrado. Ipinakikita nito ang transitoryong katangian ng lahat ng bagay at sa loob ng lahat ng bagay; walang pirming bagay kundi ang patuloy na proseso ng pag-iral at paglipas, ang walang katapusang pagsulong mula baba paitaas. At ang pilosopiyang diyalektiko mismo ay walang iba kundi ang simpleng repleksyon ng prosesong ito sa utak na nag-iisip." Sa gayon, ayon kay Marx, ang dialektika ay "ang syensya ng pangkalahatang mga batas ng paggalaw – kapwa ng panlabas na daigdig at ng kaisipan ng tao."[28]

Ang rebolusyonaryong aspetong ito ng pilosopiya ni Hegel ay kinuha at pinaunlad ni Marx. Ang materyalismong diyalektiko "ay hindi nangangailangan ng anupamang pilosopiyang nakapangingibabaw sa iba pang syensya." Sa dating pilosopiya, ang nananatili ay "ang syensya ng kaisipan at mga batas nito – ang pormal na lohika at diyalektika."[29] At ang diyalektika, sa pagkakaunawa ni Marx, at gayundin alinsunod kay Hegel, ay kinabibilangan ng tinatawag na teorya ng kaalaman o epistemolohiya, na obligado ring ituring ang bagay na pag-aaralan sa kanyang istorikal na konteksto, at pag-aralan at bumuo ng heneralisasyon ng pinagmulan at pag-unlad ng kaalaman, ng transisyon mula walang-kaalaman tungong kaalaman.

Sa ating panahon, ang ideya ng pag-unlad, ng ebolusyon ay halos lubos nang nakatagos sa kamalayang panlipunan, ngunit sa ibang paraan lamang at di sa pamamagitan ng pilosopiyang Hegelian. Gayunman, ang ideyang ito, sa pormulasyon nina Marx at Engels na nakabatay sa pilosopiyang Hegelian, ay

higit na komprehensibo at mayaman ang nilalaman kaysa kasalukuyang ideya ng ebolusyon. Isang pag-unlad na mistulang umuulit sa mga yugtong napagdaanan na, ngunit umuulit sa ibang paraan, sa isang mas mataas na batayan ["ang negasyon ng negasyon"]; isang pag-unlad na sumusulong nang paikid, hindi sa isang tuwid na linya; – isang pag-unlad sa pamamagitan ng mga igpaw, malalaking sakuna, rebolusyon; "mga patlang sa kontinuwidad"; ang transpormasyon ng kantidad sa kalidad; – mga panloob na tulak sa pag-unlad na ibinubunga ng kontradiksyon at tunggalian ng iba't ibang pwersa at tendensyang umiimpluwensya sa isang takdang bagay, o sa loob ng isang takdang pangyayari o loob ng isang takdang lipunan; – ang pagsasaligan at pinakamahigpit na ugnayang di malalagot sa pagitan ng lahat ng aspeto ng lahat ng penomenon (habang laging nagpapakita ang kasaysayan ng bago at bagong mga aspeto); isang ugnayang nagbibigay ng unipormado at unibersal na proseso ng paggalaw, na sumusunod sa mga depinidong batas – ito ang mga katangian ng diyalektika bilang doktrina ng pag-unlad na mas mayaman (kaysa karaniwan) na diyalektika. (Tingnan ang sulat ni Marx kay Engels noong Enero 8, 1868, kung saan kanyang kinutya ang "mga kahoy na trichotomy" ni Stein, na kabalbalan kung ipagkakamali sa materyalismong dialektiko.)[30]

## ANG MATERYALISTANG PAGTANAW SA KASAYSAYAN

Dahil naunawaan niya ang pagiging di konsistente, di ganap at makaisang-panig ng lumang materyalismo, nakumbinsi si Marx sa pangangailangang "itugma ang syensya ng lipunan.... sa materyalistang pundasyon, at muling buuin ito sa ganitong batayan."[31] Dahil sa kabuuan ay ipinaliliwanag ng materyalismo na ang kamalayan ay resulta ng pag-iral at hindi ang kabaligtaran nito, sa gayon kailangang ilinaw ng



materyalismo sa pagkakalapat nito sa buhay panlipunan ng sangkatauhan, na ang kamulatang panlipunan ay resulta ng pamumuhay panlipunan.

"Ibinubunyag ng teknolohiya," sulat ni Marx [*Kapital*, Tomo 1], "ang moda ng pakikitungo ng tao sa kalikasan, ang proseso ng produksyon na nagsusustini sa kanyang buhay, at sa gayon ay naglalantad din sa moda ng pagkakabuo ng kanyang mga relasyong panlipunan, at sa mga kaisipang mental na dumadaloy mula rito."[32]

Sa paunang salita ng kanyang Kontribusyon sa Kritika sa Ekonomyang Pampulitika, nagbigay si Marx ng integral na pormulasyon ng mga pundamental na prinsipyo ng materyalismo sa aplikasyon nito sa lipunan ng tao at sa kasaysayan nito, sa sumusunod na mga salita:

"Sa produksyong panlipunan na isinasagawa ng mga tao, pumapasok ang mga tao sa tiyak na mga relasyon na di maisasantabi at labas sa kanilang kagustuhan; ang mga relasyon sa produksyon ay tumutugma sa isang depinidong yugto ng pag-unlad ng materyal na mga pwersa sa produksyon ng mga ito. Ang suma total ng mga relasyon sa produksyon ang bumubuo sa istrukturang pang-ekonomya ng lipunan, ang tunay na pundasyon na pinagmumulan ng superistrukturang ligal at pampulitika at tumutugma sa depinidong mga anyo ng kamalayang panlipunan. Ang moda ng produksyon sa materyal na buhay ang nagtatakda ng panlipunan, pampulitika at intelektwal na proseso ng buhay sa kabuuan. Hindi ang kamalayan ng tao ang nagtatakda ng kanyang pag-iral, sa halip, itinatakda ng kanyang pamumuhay panlipunan ang kanyang kamalayan. Sa isang yugto ng kanilang pag-unlad, ang mga materyal na produktibong pwersa ng lipunan ay bumabangga sa umiiral na relasyon sa produksyon o – sa isa lamang ligal na paglalahad nito – sa relasyon sa pag-aari na kinapapalooban ng mga ito sa

nakaraan. Mula sa pagiging mga anyo ng pag-unlad ng mga produktibong pwersa, ang mga relasyong ito ay nagiging tanikala ng mga ito. Pagkatapos ay nagsisimula ang panahon ng rebolusyong panlipunan. Sa pagbabago ng pundasyong pang-ekonomya, ang buong malawak na superistruktura ay humigit-kumulang mabilis na natatransporma. Sa pag-aaral ng mga nasabing transpormasyon, dapat pag-ibahin ang materyal na transpormasyon ng mga pang-ekonomyang kalagayan sa produksyon, na maaaring matukoy nang may presisyon ng natural na syensya at ang ligal, pampulitika, relihiyoso, estetiko o pampilosopiya – sa maikling salita, mga anyong pang-ideolohiya kung saan ang tao ay nagiging mulat sa nasabing tunggalian at nagtutunggali.

"Katulad ng kalagayan na ang ating opinyon sa isang indibidwal ay hindi nakabatay sa kung ano ang tingin niya sa kanyang sarili, gayundin, hindi natin maaaring sukatin ang isang panahon ng transpormasyon batay sa sarili nitong kamalayan; sa halip, ang kamalayang ito ay dapat ipaliwanag mula sa mga kontradiksyon ng materyal na buhay, mula sa mga umiiral na tunggalian sa pagitan ng sosyal na mga pwersa sa produksyon at mga relasyon sa produksyon.... Sa masaklaw na krokis, maaaring banggitin ang Asyatiko, sinauna, pyudal at modernong burges na mga moda sa produksyon bilang mga kapanahunan sa pag-unlad ng pang-ekonomyang pormasyon ng lipunan."[33] [Tingnan ang maikling pormulasyon ni Marx sa isang sulat kay Engels noong Hulyo 7, 1866: "Ang aming teorya na ang organisasyon ng paggawa ay itinatakda ng mga kagamitan sa produksyon."][34]

Ang pagkakadiskubre ng materyalistang pagtanaw sa kasaysayan, o mas tumpak pa, ang konsistenteng ekstensyon ng materyalismo sa larangan ng sosyal na mga penomenon, ay nagtanggal sa dalawang mayor na kahinaan ng mga naunang teorya ng kasaysayan. Unang-una na, sinuri lamang ng huli ang pang-ideolohiyang mga motibo ng pangkasaysayang



mga aktibidad ng tao, nang hindi sinusuri ang pinagmumulan ng nasabing mga motibo, o nang hindi nagagagap ang mga obhetibong batas na nagtatakda sa pag-unlad ng sistema ng relasyong panlipunan, at nang hindi nakikita ang ugat ng mga nasabing relasyon sa antas ng pag-unlad na naabot ng materyal na produksyon. Ikalawa, hindi sinaklaw ng mga naunang teorya ang mga aktibidad ng masa ng populasyon; sa kabilang banda, sa kauna-unahang pagkakataon, ginawang posible ng materyalismong istoriko na pag-aralan nang may syentipikong presisyon ang panlipunang kalagayan ng buhay ng masa at ang mga pagbabago sa kanilang kalagayan. Sa pinakamainam, ang pre-Marxistang "sociology" at syensya ng kasaysayan ay nakapagbigay ng akumulasyon ng hilaw na datos na di sistematikong inipon at isang paglalarawan ng indibidwal na mga aspeto ng prosesong istoriko. Ipinakita ng Marxismo ang landas sa lahatang-panig at komprehensibong pag-aaral sa proseso ng pag-usbong, pag-unlad at paglipas ng mga pormasyong sosyo-ekonomiko sa pamamagitan ng pagsusuri sa kabuuan ng magkakasalungat na tendensya, pagdadala sa kanila sa antas ng presisong mailalarawang mga kalagayan ng kabuhayan at produksyon ng iba't ibang mga uri sa lipunan, sa pamamagitan ng pagwawaksi sa suhetibismo at pagiging arbitraryo sa pagpili sa iba't ibang "nangungunang" ideya o sa interpretasyon ng mga ito, at sa pamamagitan ng pagbubunyag na lahat ng ideya at lahat ng iba't ibang tendensya nang walang eksepsyon ay maiuugat sa kalagayan ng mga materyal na pwersa sa produksyon. Ang tao ang lumilikha ng kanyang kasaysayan. Gayunman, ano ang nagtatakda ng mga motibo ng tao, ng masa ng mamamayan; ibig sabihin, ano ang nagbubunsod ng tunggalian ng magkakasalungat na ideya at mga hangarin? Ano ang suma total ng lahat ng tunggaliang ito ng kabuuang kalipunan ng mga lipunan ng tao? Ano ang obhetibong kalagayan ng produksyon ng materyal na buhay na siyang batayan ng lahat ng istorikal na aktibidad ng tao? Ano ang batas ng pag-unlad ng mga kalagayang ito? Hinatak

ni Marx ang atensyon sa lahat ng ito at ipinakita niya ang landas sa syentipikong pag-aaral ng kasaysayan bilang isang unipormadong prosesong sumusunod sa batas ng paggalaw, gaano man karami ang pagkakaiba-iba at kontradiksyon.

## ANG TUNGGALIAN NG MGA URI

Karaniwang kaalaman na na sa anumang takdang lipunan, ang pagsisikap ng ilan ay salungat sa pagsisikap ng iba; na ang buhay panlipunan ay puno ng kontradiksyon; na ibinubunyag ng kasaysayan ang tunggalian sa pagitan ng mga bansa at lipunan, gayundin, sa loob mismo ng mga bansa at lipunan, at bukod pa dito, ang salitan ng mga panahon ng rebolusyon at reaksyon, kapayapaan at digma, istagnasyon at mabilis na pag-unlad o kaya'y pag-urong. Ang Marxismo ay nakapagbigay ng gabay sa pagtuklas ng mga batas na sumasaklaw sa animo'y labirinto at kaguluhang ito, na walang iba kundi ang teorya ng tunggalian ng mga uri. Ang pag-aaral lamang ng kalipunan ng mga pagsisikap ng lahat ng myembro ng isang takdang lipunan o grupo ng mga lipunan ang makapagbibigay ng syentipikong depinisyon sa resulta ng mga pagsisikap na ito. At ang pinagmumulan ng tunggalian ng mga pagsisikap ay ang pagkakaiba sa pusisyon at moda ng buhay ng mga uri kung saan nahahati-hati ang bawat lipunan.

"Ang kasaysayan ng lahat ng umiral na lipunan ay kasaysayan ng tunggalian ng mga uri," sinulat ni Marx sa Manipestong Komunista (liban sa kasaysayan ng primitibong komunidad, dagdag ni Engels].

"Ang malayang tao at ang alipin, ang patrician at plebeian, ang panginoon at ang timawa, ang maestro at journeyman, sa maikling salita, ang mang-aapi at inaapi, ay laging kasalungat ng isa't isa, at walang tigil na naglalabanan, minsa'y tago,



minsa'y hayag, isang labanan na sa bawat pagkakatao'y nagwawakas, kung hindi man sa rebolusyonaryong rekonstitusyon ng lipunan sa kalahatan, ay sa pagkakawasak na komun ng nagtutunggaling mga uri.

"Hindi pinawi ng modernong lipunang burges na sumibol mula sa guho ng lipunang pyudal ang mga antagonismong makauri. Nagtatag lamang ito ng bagong mga uri, bagong mga kalagayan ng pang-aapi, bagong mga anyo ng tunggalian kahalili ng mga dati.

"Gayunman, taglay ng ating kapanahunan, ang kapanahunan ng burgesya, ang naiibang salik na ito: pinasimple nito ang mga antagonismong makauri. Ang lipunan sa kabuuan ay nahahati nang nahahati sa dalawang malalaking magkatunggaling kampo, sa dalawang malalaking uri na tuwirang nahaharap sa isa't isa – ang burgesya at ang proletaryado." [35]

Sapul pa noong Dakilang Rebolusyong French, ipinakita ng kasaysayang Europeano, sa ilang bayan, ang katotohanan sa likod ng mga pangyayari, ang tunggalian ng mga uri. Ang panahon ng Restorasyon sa France[36] ay nakapagpalitaw na ng ilang istoryan (Thiery, Guizot, Mignet, Thiers) na sa proseso ng pagsusuma ng mga kaganapan ay naobligang kilalanin na ang tunggalian ng mga uri ang susi sa kabuuang kasaysayang French. Ang modernong panahon – panahon ng ganap na tagumpay ng burgesya, ng representatibong mga institusyon, ng malawakan (kung hindi man unibersal) na karapatang bumoto, ng murang arawang pahayagan na may malawak na sirkulasyon sa masa, atbp., ang panahon ng makapangyarihan at patuloy na lumalawak na mga unyon ng mga manggagawa at unyon ng mga employer, atbp. – ay mas matingkad pang nagbunyag (pero kung minsan sa isang makaisang-panig, "mapayapa" at "konstitusyunal" na anyo) sa tunggalian ng mga uri bilang pinagmumulan ng mga pangyayari. Ang

sumusunod na sipi mula sa Manipestong Komunista ni Marx ay nagpapakita sa atin kung ano ang hiningi ni Marx sa syensyang panlipunan kaugnay ng obhetibong pagsusuri nito sa pusisyon ng bawat uri sa modernong lipunan, sa pagsusuri ng kalagayan sa pag-unlad ng bawat uri:

"Sa lahat ng uri na kaharap ngayon ng burgesya, tanging ang proletaryado ang tunay na rebolusyonaryong uri. Ang ibang mga uri ay naaagnas at sa kahuliha'y naglalaho sa harap ng modernong industriya; ang proletaryado naman ay ang kanyang espesyal at esensyal na produkto.

"Ang nakabababang panggitnang uri, ang maliit na tagamanupaktura, ang may tindahan, ang artisano, ang magsasaka, lahat ng ito'y nakikibaka laban sa burgesya para iligtas mula sa paglaho ang kanilang pag-iral bilang mga bahagi ng nakabababang panggitnang uri. Kung gayon, hindi sila rebolusyonaryo kundi konserbatibo. Higit pa dito, sila'y reaksyunaryo, dahil hangad nilang paurungin ang gulong ng kasaysayan. Kung nagkataon mang sila'y rebolusyonaryo, ganoon sila dahil lamang sa napipintong paglipat nila tungo sa proletaryado; samakatwid, ipinagtatanggol nila hindi ang kanilang kasalukuyan, kundi ang kanilang hinaharap na interes; iniiwan nila ang sariling paninindigan at inilalagay ang sarili sa paninindigan ng proletaryado."[37]

Sa ilang istorikong akda, (tingnan ang Bibliograpiya), nagbigay si Marx sa atin ng matalas at malalim na mga halimbawa ng materyalistang historyograpiya, ng pagsusuri ng pusisyon ng bawat indibidwal na uri, at minsan, ng iba't ibang grupo o saray sa loob ng isang uri, na malinaw na nagpapakita kung bakit at paano "ang bawat tunggalian ng mga uri ay tunggaliang pampulitika."[38] Ang binanggit na sipi sa itaas ay naglalarawan kung gaano kakumplikado ang network ng relasyong panlipunan at transisyunal na mga yugto mula isang uri tungong iba, mula nakaraan tungong



hinaharap, na sinuri ni Marx upang mataya ang ibubunga ng istorikal na pag-unlad.

Ang doktrinang pang-ekonomya ni Marx ang pinakamalalim, pinakakomprehensibo at pinakadetalyadong kumpirmasyon at aplikasyon ng kanyang teorya.

## ANG DOKTRINANG PANG-EKONOMYA NI MARX

"Ang ultimong layunin ng akdang ito ay ilantad ang pang-ekonomyang batas ng paggalaw ng modernong lipunan"[39] (ibig sabihin, ang lipunang kapitalista at burges), ani Marx sa paunang salita sa *Kapital*. Imbestigasyon sa mga relasyon sa produksyon sa isang takdang istorikong lipunan, ang kanilang pag-usbong, pag-unlad at paglaho – ganyan ang nilalaman ng doktrinang pang-ekonomya ni Marx. Sa lipunang kapitalista, ang produksyon ng kalakal ang nangingibabaw, at sa gayon, ang pagsusuri ni Marx ay nagsisimula sa pagsusuri ng kalakal.

## HALAGA

Ang kalakal, una sa lahat, ay isang bagay na tumutugon sa pangangailangan ng tao; at ikalawa, ito ay bagay na maaaring ipalit sa ibang bagay. Dahil sa utilidad ng isang bagay, ito ay isang halaga-sa-paggamit. Nalalahad ang halaga-sa-palitan [o sa simpleng salita, halaga] una sa lahat bilang isang relasyon, bilang proporsyon kung saan ang isang takdang bilang ng mga halaga-sa-paggamit na isang tipo ay maaaring ipalit sa isang takdang bilang ng mga halaga-sa-paggamit na ibang tipo. Ipinakikita ng karanasan sa araw-araw na may milyun-milyong ganoong palitan na sa tuwi-tuwina'y nagtutumbas sa isa't isa ng lahat ng klaseng halaga-sa-paggamit, kahit na iyong makaibang-magkaiba at di mapagkukumpara.

Ano ngayon ang komun sa iba't ibang bagay na ito, mga bagay na laging itinutumbas sa isa't isa sa isang depinidong sistema ng relasyong panlipunan? Ang komun sa kanila ay mga produkto ng paggawa ang mga ito. Sa palitan ng mga produkto, pinagtutumbas-tumbas ng tao ang magkaibang-magkaibang tipo ng paggawa. Ang produksyon ng mga kalakal ay isang sistema ng relasyong panlipunan kung saan ang mga indibidwal na prodyuser ay lumilikha ng iba't ibang produkto [ang sosyal na hatian ng paggawa], at ang lahat ng produktong ito ay itinutumbas sa isa't isa sa palitan. Bunga nito, ang komun sa lahat ng kalakal ay hindi ang kongkretong paggawa ng isang depinidong sangay ng produksyon, hindi ang paggawa ng isang partikular na tipo, kundi ang abstraktong paggawa ng tao – ang paggawa ng tao sa kabuuan. Ang lahat ng lakas paggawa ng isang takdang lipunan, na kinakatawan sa suma total ng halaga ng lahat ng kalakal, ay siyang lakas paggawa ng tao. Pinatutunayan ito ng milyun-milyong akto ng palitan. At bunga nito, ang bawat partikular na kalakal ay kumakatawan lamang ng isang takdang bahagi ng karaniwang oras paggawa. Ang laki ng halaga ay itinatakda ng dami ng karaniwang paggawa, o ng oras paggawa na karaniwang kinakailangan para sa produksyon ng takdang kalakal na may takdang halaga-sa-paggamit.

"... Sa bawat pagkakataon na sa pamamagitan ng palitan ay itinutumbas natin bilang halaga ang iba-iba nating mga produkto, sa pamamagitan ng kilos na iyon, tinutumbas-tumbas din natin bilang paggawa ng tao ang iba't ibang tipo ng paggawang ginugol sa paglikha sa mga ito. Hindi natin ito namamalayan, pero magkagayunman, ginagawa natin ito."[40] Tulad ng sinabi ng isa sa naunang mga ekonomista, ang halaga ay isang relasyon sa pagitan ng dalawang tao; dangan nga lamang, dapat ay idinagdag niya: isang relasyon sa pagitan ng mga tao na nalalahad bilang relasyon sa pagitan ng mga bagay. Mauunawaan lamang natin kung ano ang halaga kung titingnan natin ito mula sa punto de bista ng sistema ng mga sosyal na relasyon sa produksyon ng isang partikular na istorikal na pormasyon ng lipunan; dagdag pa, mga relasyon na nalalahad sa maramihang nagaganap na palitan, isang penomenon na milyun-milyong beses na nauulit-ulit. "Bilang mga halaga, lahat ng kalakal ay mga depinidong kalipunan lamang ng naipong oras paggawa."[41]



Matapos gumawa ng detalyadong pagsusuri ng dalawahang katangian ng paggawa na nakapaloob sa mga kalakal, sinuri ni Marx ang mga anyo ng halaga at salapi. Dito, ang pangunahing tungkulin ni Marx ay pag-aralan ang pinagmulan ng anyong salapi ng halaga, pag-aralan ang istorikal na proseso ng pag-unlad ng palitan, mula sa hiwalay at kaswal na mga akto ng palitan ["ang elementaryo o aksidental na anyo ng halaga," kung saan ang isang takdang kantidad ng isang kalakal ay ipinagpapalit sa isang takdang kantidad ng iba pa], hanggang sa unibersal na anyo ng halaga, kung saan ang takdang bilang ng magkakaibang kalakal ay ipinagpapalit sa iisang tipo ng partikular na kalakal; at hanggang sa anyong salapi ng halaga, kung saan ginto ang siyang nagiging partikular na kalakal na iyon, ang unibersal na katumbas. Bilang pinakamataas na produkto ng pag-unlad ng palitan at produksyon ng kalakal, ikinukubli at itinatago ng salapi ang katangiang panlipunan ng lahat ng indibidwal na paggawa, ang panlipunang ugnayan sa pagitan ng mga indibidwal na prodyuser na pinag-iisa ng pamilihan. Detalyadong-detalyadong sinusuri ni Marx ang iba't ibang gamit ng salapi; mahalagang pansinin dito, sa partikular, [tulad sa panimulang kabanata ng *Kapital* sa kabuuan] na ang abstrakto at magkaminsa'y animo purong "deductive" na paraan ng paglilinaw ay gumagamit sa katunayan ng pagkalaki-laking koleksyon ng datos hinggil sa kasaysayan ng pag-unlad ng palitan at produksyon ng kalakal.

"... Kung susuriin natin ang salapi, nagpapahiwatig ang pag-iral nito ng isang depinidong yugto sa palitan ng kalakal. Ang partikular na mga gamit ng salapi na kanyang ginagampanan bilang simpleng katumbas man ng kalakal, o bilang pampalit sa sirkulasyon, o pambayad, bilang imbak, o unibersal na salapi ay tumutukoy sa iba't ibang mga yugto sa proseso ng produksyong panlipunan, depende sa saklaw at relatibong pangingibabaw ng isang gamit kumpara sa iba. [*Kapital*, Tomo 1].[42]

## LABIS NA HALAGA

Sa isang takdang yugto ng pag-unlad ng produksyon ng kalakal, ang salapi ay natatransporma sa kapital. Ang pormula sa sirkulasyon ng kalakal ay K-S-K [kalakal-salapi-kalakal], ibig sabihin, ang pagbebenta ng isang kalakal sa layuning bumili ng iba pa. Ang pangkalahatang pormula ng kapital, sa kabilang banda, ay S-K-S' [salapi-kalakal-salapi], ibig sabihin, pamimili sa layuning magbenta [nang may tubo]. Ang naidagdag sa orihinal na halaga ng salapi na pumasok sa sirkulasyon ay tinatawag ni Marx na labis na halaga. Alam ng lahat ang katotohanan ng ganitong "paglaki" ng salapi sa kapitalistang sirkulasyon. Ang "paglaking" ito ang nagtatransporma ng salapi sa kapital, bilang isang espesyal at istorikal na takdang sosyal na relasyon sa produksyon. Ang labis na halaga ay hindi maaaring magmula sa sirkulasyon ng kalakal, dahil ang alam lamang ng huli ay ang palitan ng magkakatumbas; hindi rin ito maaaring magmula sa pagdagdag sa presyo, dahil ang mutwal na pagkalugi at ganansya ng mga mamimili at nagbebenta ay babawi sa isa't isa, samantalang ang nagaganap dito ay hindi isang indibidwal na penomenon kundi isang malawakan, karaniwan at panlipunang penomenon. Upang makakuha ng labis na halaga, ang may-ari ng salapi "ay kailangang makatagpo sa pamilihan ng isang kalakal na ang



halaga-sa-paggamit ay taglay ang kakaibang katangiang pinagmumulan ng halaga"[43] – isang kalakal na ang proseso sa pagkonsumo ay siya ring proseso ng paglikha ng halaga. At mayroon ngang ganoong kalakal. Ito ang lakas paggawa ng tao. Ang pagkonsumo nito ay paggawa, at ang paggawa ay lumilikha ng halaga. Ang may-ari ng salapi ay bumibili ng lakas paggawa sa halaga nito, na tulad ng halaga ng lahat ng iba pang kalakal ay itinatakda na karaniwang oras-paggawa na kinakailangan para sa produksyon nito [ibig sabihin, ang gastos sa pagmamantini ng manggagawa at kanyang pamilya].

Dahil binili ng may-ari ng salapi ang lakas paggawa, may karapatan siyang gamitin ito, ibig sabihin, patrabahuin ito sa buong araw – sabihin na nating labindalawang oras. Gayunman, sa loob pa lamang ng anim na oras ["karaniwang" oras paggawa], ang manggagawa ay nakalilikha na ng produktong sapat upang tugunan ang gastos sa pagmamantini ng sarili; sa loob naman ng kasunod na anim na oras [oras paggawa para sa "labis na halaga"], lumilikha siya ng "labis" na produkto, o labis na halaga, na hindi binabayaran ng kapitalista. Sa gayon, mula sa punto de bista ng proseso sa produksyon, sa kapital, dalawang bahagi ang dapat mapag-iba: pamalagiang kapital, na ginugugol sa kagamitan sa produksyon [makinarya, mga kasangkapan, hilaw na materyales, atbp.] na ang halaga ay inililipat nang walang pagbabago [buung-buo o baha-bahagi] sa yaring produkto; at ang nagbabagong kapital, na ginugugol sa lakas paggawa. Ang halaga ng huling nabanggit na kapital ay hindi pirmi, at sa halip ay lumalaki sa proseso ng paggawa, at lumilikha ng labis na halaga. Samakatwid, upang maipakita ang tindi ng pagsasamantala ng kapital sa lakas paggawa, ang labis na halaga ay dapat ikumpara, hindi sa kabuuang kapital kundi sa nagbabagong kapital lamang. Sa gayon, sa nabanggit na halimbawa, ang tantos ng labis na halaga, na siyang tawag

ni Marx sa proporsyong ito, ay 6:6, o sa madaling salita, 100 porsyento.

Ang istorikong mga kondisyon na kailangan sa paglitaw ng kapital ay ang sumusunod: una, ang akumulasyon ng isang takdang laki ng salapi sa kamay ng iilang indibidwal at relatibong mataas na antas ng pag-unlad ng produksyon ng kalakal sa kabuuan; at ikalawa, ang pag-iral ng manggagawa na "malaya" sa dobleng pakahulugan: malaya sa lahat ng salik na pumipigil sa, o restriksyon na ipagbili ang kanyang lakas paggawa, at malaya sa, o walang lupa at lahat ng kagamitan sa produksyon sa kabuuan, isang obrerong walang ari-arian, isang "proletaryo", na hindi maaaring mabuhay kung hindi magbebenta ng kanyang lakas paggawa.

May dalawang pangunahing pamamaraan upang palakihin ang labis na halaga: sa pamamagitan ng pagpapahaba ng araw paggawa ["absolutong labis na halaga"], at sa pamamagitan ng pagpapaikli ng kinakailangang araw paggawa ["relatibong labis na halaga"]. Sa pagsusuri ng unang pamamaraan, nagbigay si Marx ng kahanga-hangang larawan ng pakikibaka ng uring manggagawa para paikliin ang araw paggawa at ng pakikialam ng gubyerno para pahabain ang araw paggawa [mula ika-14 hanggang ika-17 siglo] at para paikliin ang araw paggawa [lehislasyong pampabrika noong ika-19 siglo]. Mula nang lumabas ang *Kapital*, ang kasaysayan ng kilusan ng uring manggagawa sa lahat ng sibilisadong bayan ng daigdig ay nakapagbigay ng mayamang kalipunan ng bagong datos na higit na nakapaglilinaw sa larawang ito.

Sa pagsusuri ng paglikha ng relatibong labis na halaga, pinag-aralan ni Marx ang tatlong pangunahing istorikal na yugto sa pagpapalaki ng kapitalismo sa produktibidad ng paggawa: 1) simpleng kooperasyon; 2) dibisyon ng paggawa at manupaktura; 3) makinarya at malakihang industriya. Siyangapala, kung gaano kalalim na ibinunyag ni Marx ang



saligan at tipikal na katangian ng kapitalistang pag-unlad ay pinatototohanan ng mga imbestigasyon sa industriya sa industriyang “kustar” o pantahanan ng Rusya na nagbibigay ng mayamang materyal na naglalarawan sa unang dalawa sa nabanggit na mga yugto. Ang nagrerebolusyonisang epekto ng malakihang industriyang de makina, na inilarawan ni Marx noong 1867, ay makikita sa ilang "bagong" bayan [Rusya, Japan, atbp.] sa takbo ng kalahating dantaong nakalipas.

Magpatuloy tayo. Bago at pinakamahalaga sa lahat ang pagsusuri ni Marx sa akumulasyon ng kapital; ibig sabihin, ang transpormasyon ng bahagi ng labis na halaga tungong kapital, ang paggamit nito, hindi upang tugunan ang personal na pangangailangan o kapritso ng kapitalista, kundi para sa bagong produksyon. Ibinunyag ni Marx ang pagkakamali ng lahat ng naunang klasikal na ekonomistang pampulitika [mula kay Adam Smith] na nagpalagay na ang buong labis na halaga na natatransporma sa kapital ay napupunta sa pagbubuo ng nagbabagong kapital. Sa katunayan, hinahati ito sa mga kagamitan sa produksyon at nagbabagong kapital. Napakahalaga para sa proseso ng pag-unlad ng kapitalismo, at transpormasyon nito sa sosyalismo, ng mas mabilis na paglaki ng bahagi ng pamalagiang kapital [sa kabuuang kapital] kumpara sa bahagi ng nagbabagong kapital.

Sa pagpapabilis sa pagpapalit ng makinarya sa mga manggagawa at paglikha ng kayamanan sa isang dulo at karalitaan sa kabila, ang akumulasyon ng kapital ay lumilikha ng tinatawag na "reserbang hukbo ng paggawa," ng "relatibong kalabisan" ng mga manggagawa, o "kapitalistang labis na populasyon", na nagkakaroon ng iba't ibang anyo at nagpapahintulot sa kapital na napakabilis na magpalawak ng produksyon. Kasama ng mga ahensya sa pagpapautang at ng akumulasyon ng kapital sa kagamitan sa produksyon, ito ang susi sa pag-unawa sa mga krisis ng sobrang produksyon na paulit-ulit na nagaganap sa mga kapitalistang bayan – sa

umpisa, tuwing sampung taon sa karaniwan, at sa kalaunan, sa mas mahaba at di-depinidong mga interbal. Dapat pag-ibahin ang tinatawag na primitibong akumulasyon at ang akumulasyon ng kapital sa ilalim ng kapitalismo: ang pwersahang paghihiwalay ng manggagawa sa mga kagamitan sa produksyon, ang pagpapalayas ng magsasaka mula sa lupa, ang pangangamkam sa mga lupang komunal, ang sistema ng mga kolonya at utang pambansa, protektibong mga taripa at mga katulad nito. Lumilikha ang "primitibong akumulasyon" ng "malayang" proletaryo sa isang dulo, at ng nagmamay-ari ng salapi, ang kapitalista, sa kabila.

Ang "istorikal na tunguhing kapitalistang akumulasyon" ay inilarawan ni Marx sa sumusunod na bantog na mga pangungusap:

"Ang ekspropriyasyon sa kagyat na mga prodyuser ay nakamit sa pamamagitan ng walang habas na pangwawasak, at sa udyok ng mga damdaming pinakawalang-hiya, pinakaimbi, pinakamakitid, pinakasakim, at pinakakasuklam-suklam. Ang sariling-kitang pribadong pag-aari [ng magsasaka at tagayaring-kamay] na masasabing nakabatay sa paghuhugpong ng hiwalay na indibidwal na nagsasariling nagtatrabaho at ng kalagayan ng kanyang paggawa, ay pinapalitan ng kapitalistang pribadong pag-aari, na nakabatay sa pagsasamantala sa paggawa ng iba na nominal na malaya.... Ang ipapailalim ngayon sa ekspropriyasyon ay hindi na ang obrerong nagtatrabaho para sa kanyang sarili, kundi ang kapitalistang nagsasamantala ng maraming manggagawa. Ang ekspropriyasyong ito ay naipatutupad sa pamamagitan ng aksyon ng mga likas na batas mismo ng kapitalistang produksyon, sa pamamagitan ng sentralisasyon ng kapital. Laging pinapatay ng isang kapitalista ang maraming iba pa. Kasabay ng sentralisasyong ito, o ng ekspropriyasyong ito ng ilang kapitalista sa maraming kapitalista, umuunlad sa papalawak na saklaw ang kooperatibang anyo ng proseso ng



paggawa, ang mulat at teknikal na aplikasyon ng syensya, ang sistematikong paglilinang ng lupa, ang transpormasyon ng mga instrumento ng paggawa bilang mga instrumento ng paggawa na magagamit lamang nang komun, ang pag-eekonomisa ng lahat ng kagamitan sa produksyon sa pamamagitan ng paggamit sa mga ito bilang mga kagamitan sa produksyon ng sama-sama at sosyalisadong paggawa, ang pagkakasalabid ng lahat ng tao sa lambat ng pandaigdigang pamilihan, at bunga nito, umuunlad ang internasyunal na katangian ng kapitalistang kaayusan. Kasabay ng laging lumiliit na bilang ng mga hepe ng kapital, na nangangamkam at nagmomonopolisa sa lahat ng bentahe ng prosesong ito ng transpormasyon, lumalawak ang karukhaan, pang-aapi, pang-aalipin, pambubusabos, pagsasamantala; ngunit kasabay nito ay sumusulong din ang pag-aalsa ng uring manggagawa, isang uring patuloy na lumalaki ang bilang, at disiplinado, nagkakaisa at organisado ng mismong mekanismo ng proseso ng kapitalistang produksyon. Ang monopolyo sa kapital ay nagiging tanikala sa moda ng produksyon na umusbong at lumago kasabay at sa ilalim nito. Sa wakas, ang sentralisasyon ng mga kagamitan sa produksyon at sosyalisasyon ng paggawa ay aabot sa puntong hindi na sila tumutugma sa kanilang kapitalistang kahon. Ang kahong ito ay nawawasak. Tumutunog ang agunyas sa pagwawakas ng pribadong pag-aari. Ang mga nag-eekspropriyasyon ay binabawian ng pag-aari." [*Kapital*, Tomo 1][44]

Bago rin at sukdulang napakahalaga ng pagsusuring ibinigay ni Marx sa ikalawang tomo ng *Kapital* hinggil sa reproduksyon ng kabuuang sosyal na kapital. Dito rin, ang sinusuri ni Marx ay ang pangmasang penomenon at hindi ang indibidwal na penomenon; hindi ang kapirasong bahagi ng ekonomya ng lipunan, kundi ang ekonomyang ito sa kabuuan. Sa pagwawasto ng mga kamalian ng nabanggit na klasikal na mga ekonomista, hinati ni Marx ang buong

panlipunang produksyon sa dalawang malaking seksyon: (I) produksyon ng mga kagamitan sa produksyon at (II) produksyon ng mga bagay na pangkonsumo, at detalyadong sinusuri nang may matematikal na mga halimbawa ang sirkulasyon ng kabuuang sosyal na kapital – kapwa sa kaso ng produksyon sa dating antas at sa kaso ng akumulasyon.

Nilulutas ng ikatlong tomo ng *Kapital* ang usapin kung paano nabubuo ang karaniwang tantos ng tubo sa batayan ng batas sa halaga. Ang malaking pagsulong ng syensyang pang-ekonomya na naiambag ni Marx ay dahil ginawa niya ang kanyang pagsusuri mula sa punto de bista ng maramihang pang-ekonomyang penomenon, ng panlipunang ekonomya sa kabuuan, at hindi mula sa punto de bista ng indibidwal na mga kaso, o ng panlabas at paimbabaw na mga aspeto ng kompetisyon, na siya namang malimit pagtuunan lamang ng bulgar na ekonomyang pampulitika at modernong "teorya ng marginal utility".[45] Una muna, sinuri ni Marx ang pinagmumulan ng labis na halaga, at pagkatapos ay pinag-aralan ang pagkakahati nito sa tubo, interes at ground rent. Ang tubo ay ang proporsyon sa pagitan ng labis na halaga at kabuuang kapital na nakapasok sa isang empresa. Ang kapital na may "mataas na organikong komposisyon" [ibig sabihin, may kalakihan ang pamalagiang kapital kumpara sa nagbabagong kapital na higit sa karaniwan sa lipunan] ay nagluluwal ng tantos ng tubo na mas mababa sa karaniwan; ang kapital na may "mababang organikong komposisyon" ay nagluluwal ng tantos ng tubo na mas mataas sa karaniwan. Ang kompetisyon ng mga kapital, at ang kalayaan nilang maglipat ng kapital mula sa isang sangay tungo sa iba ay nagpapababa sa tantos ng tubo sa antas ng karaniwan sa dalawang kasong nabanggit. Ang suma total ng halaga ng lahat ng kalakal sa isang takdang lipunan ay katumbas ng suma total ng mga presyo ng mga kalakal; gayunman, dahil sa kompetisyon, ang mga kalakal sa mga indibidwal na



negosyo at sangay ng produksyon ay ibinebenta, hindi sa kanilang halaga kundi sa presyo sa produksyon [o presyong pamproduksyon], na katumbas ng kapital na nagastos at karaniwang tubo.

Sa ganitong paraan, ang kilala at di mapasusubaliang katotohanan ng pag-iba ng presyo sa halaga at ng ekwalisasyon ng tubo ay lubos na ipinaliwanag ni Marx sa batayan ng batas ng halaga; ito'y dahil ang suma total ng halaga ng lahat ng kalakal ay katumbas ng suma total ng mga presyo. Gayunman, ang reduksyon ng [sosyal na] halaga tungo sa [indibidwal na] presyo ay nagaganap, hindi sa simple at tuwirang paraan, kundi sa isang napakakumplikadong paraan. Sadyang natural na sa isang lipunan ng magkakahiwalay na prodyuser ng mga kalakal na pinag-iisa lamang ng pamilihan, ang batas ay mabubunyag lamang bilang isang *average*, panlipunan at pangmasang batas, kung saan ang indibidwal na mga paglihis sa alinmang direksyon ay mutwal na bumabawi sa isa't isa.

Ang pagtaas ng produktibidad ng paggawa ay nangangahulugan ng mas mabilis na paglaki ng pamalagiang kapital kumpara sa nagbabagong kapital. At dahil ang labis na halaga ay katangian lamang ng nagbabagong kapital, malinaw na ang tantos ng tubo [ang proporsyon ng labis na halaga sa kabuuang kapital, at hindi sa nagbabagong bahagi lamang nito] ay may tendensyang bumagsak. Gumawa si Marx ng detalyadong pagsusuri ng tendensyang ito at ng ilang sirkunstansyang nagkukubli o sumasalungat dito.

Tunghayan natin ngayon ang pinakamahalagang seksyon ng ikatlong tomo ng *Kapital* – ang teorya ng *ground rent* – nang di muna pinapasadahan ang mga kawili-wiling seksyon nito hinggil sa kapital ng usurero, komersyal na kapital at salaping kapital. Dahil ang erya ng lupa ay limitado, at sa mga bayang kapitalista, ang lupa ay hawak lahat ng mga indibidwal na pribadong may-ari, ang presyo sa produksyon

ng mga produktong pang-agrikultura ay itinatakda ng gastos sa produksyon, hindi sa lupang may katamtamang kalidad, kundi sa pinakamasamang klaseng lupa; hindi sa karaniwang kalagayan, kundi sa ilalim ng pinakamasahol na kalagayan ng pagdeliber ng produkto sa pamilihan. Ang pagkakaiba sa pagitan ng presyong ito at ng presyo sa produksyon sa mas matabang lupa [o sa mas mabuting kalagayan] ang bumubuo ng *differential rent*. Sa pamamagitan ng detalyadong pagsusuri ng *differential rent*, at pagpapakita kung paano ito lumilitaw mula sa pagkakaiba sa pertilidad ng magkakaibang parsela ng lupa, at pagkakaiba sa laki ng kapital na ipinuhunan sa lupa, lubos na inilantad ni Marx [tingnan din ang *Mga Teorya sa Labis na Halaga*, kung saan ang kritika kay Rodbertus ang dapat bigyan ng partikular na atensyon] ang pagkakamali ni Ricardo, na nagpalagay na ang *differential rent* ay nakukuha lamang kapag may sunud-sunod na transisyon mula mahusay tungong mahinang klaseng lupa. Kabaligtaran nito, maaaring may mga transisyon sa magkabilang direksyon, maaaring mabago ang lupa mula isang kategorya tungong iba [bunga ng mga pagsulong sa teknika sa agrikultura, pag-unlad ng mga kabayanan, atbp]. At maling-mali ang bantog na "batas ng papaliit na ganansya" [law of diminishing returns] na isinisisi sa Kalikasan ang mga depekto, limitasyon at kontradiksyon ng kapitalismo.

Dagdag pa, ang ekwalisasyon ng tubo sa lahat ng sangay ng industriya at pambansang ekonomya sa kabuuan ay nangangahulugan ng ganap na kalayaan sa kompetisyon at malayang daloy ng kapital mula isang sangay tungong iba. Gayunman, ang pribadong pag-aari ng lupa ay lumilikha ng monopolyo na sumasagka sa nasabing malayang daloy. Dahil sa monopolyong ito, ang mga produktong pang-agrikultura na mas mababa ang organikong komposisyon ng kapital, at bunga nito'y mas mataas na indibidwal na tantos ng tubo, ay hindi pumapasok sa lubos na malayang proseso



ng ekwalisasyon ng tantos ng tubo. Bilang isang monopolista, maaaring imantini ng may-ari ng lupa ang presyo nang mas mataas sa karaniwan, at ang monopolyong presyong ito ay nagluluwal ng absolutong upa.

Ang *differential rent* ay hindi maaaring mapawi sa ilalim ng kapitalismo, ngunit ang absolutong upa ay maaaring pawiin – halimbawa, sa pamamagitan ng nasyunalisasyon ng lupa, sa pamamagitan ng paggawa nitong pag-aari ng estado. Kapag ginawang pag-aari ng estado ang lupa, mawawakasan ang monopolyo ng mga pribadong may-ari ng lupa, at magtutungo sa higit na sistematiko at ganap na aplikasyon ng kalayaan sa kompetisyon sa larangan ng agrikultura. Samakatuwid, ito ang dahilan, sabi ni Marx, kung bakit sa takbo ng kasaysayan, paulit-ulit na ibinabandila ng mga burges na radikal ang progresibong burges na kahilingan sa nasyunalisasyon ng lupa; gayunman, isa itong kahilingan na tumatakot naman sa mayorya ng burgesya dahil masyadong malapit itong nakakatulad sa isa pang monopolyo, isang monopolyong may partikular na kahalagan at "pagkasensitibo" sa ngayon – ang monopolyo sa mga kagamitan sa produksyon sa kalahatan. [Sa kanyang sulat kay Engels noong Agosto 2, 1862, nagbigay si Marx ng madaling maunawaan, maigsi ngunit malaman at malinaw na pagtalakay ng kanyang teorya ng karaniwang tantos ng tubo sa kapital at ng absolutong *ground rent*. Tingnan ang *Briefwechsel*, Tomo 3, pp. 77-81; gayundin ang sulat ng Agosto 9, 1862, ibid., pp. 86-87][46]

Kaugnay ng kasaysayan ng ground rent, mahalaga ring banggitin ang pagsusuri ni Marx na nagpapakita kung paano ang upang paggawa [kung saan lumilikha ang magsasaka ng labis na produkto sa pamamagitan ng pagtatrabaho sa lupa ng panginoong maylupa] ay natatransporma sa upa sa anyo ng parte sa ani o sa anyo ng produkto [kung saan lumilikha ng labis na produkto ang magsasaka sa sarili niyang lupa at ibinibigay ito sa panginoong maylupa dahil sa "non-economic

constraint"], at pagkatapos, sa anyo ng upang-salapi [ang upang ani na natatransporma sa salapi – ang *obrok* (quit-rent) ng lumang Rusya, dahil sa pag-unlad ng produksyon ng kalakal], at sa kahulihan, sa kapitalistang upa, kung saan ang magsasaka ay hinalinhan ng negosyante sa agrikultura, na nagsasaka sa lupa sa tulong ng sahurang-paggawa. Kaugnay ng pagsusuring ito sa "paglitaw ng kapitalistang upa sa lupa," dapat bigyang pansin ang ilang malalim na ideya [may partikular na kahalagahan sa mga atrasadong bayan tulad ng Rusya] na inilahad ni Marx kaugnay ng ebolusyon ng kapitalismo sa agrikultura.

"Ang transpormasyon ng upang-ani sa upang-salapi ay hindi lamang di maiiwasang sinasabayan, kundi inuunahan pa nga, ng pormasyon ng isang uri ng arawang-obrero na walang ari-arian, na nagpapaupa ng sarili kapalit ng salapi. Sa panahon ng kanilang pagsibol, noong ang bagong uring ito ay panaka-naka pang lumilitaw, tiyak na lilitaw sa hanay ng maykayang magsasakang nagbabayad ng upa sa lupa ang kostumbre ng pagsasamantala sa mga manggagawang agrikultural para sa sariling pakinabang, tulad ng paggamit ng mas nakaririwasang mga timawa sa panahong pyudal ng mga timawa para sa sariling benepisyo. Sa ganitong paraan, unti-unti silang nagkakaroon ng pagkakataong makapag-ipon ng yaman at matransporma pa nga sa pagiging kapitalista sa hinaharap. Ang lumang mga may hawak ng lupang nag-eempleyo sa sarili sa gayon ay nagsisilbing pasibulan para sa mga kapitalistang kasamá, na ang pag-unlad ay nakasalalay sa pangkalahatang pag-unlad ng kapitalistang produksyon sa labas ng mga distritong rural" [*Kapital*, Tomo 3, p. 332].[47]

"Ang ekspropriyasyon at pagpapalayas sa isang bahagi ng agrikultural na populasyon ay hindi lamang nagpapalaya ng mga obrero, ng kanilang mga panustos sa buhay, at materyal sa paggawa para sa kapital sa industriya; nilikha rin nito ang lokal na pamilihan" [*Kapital*, Tomo 1, p. 778].[48]



Ang pagdaralita at pagbagsak ng kabuhayan ng agrikultural na populasyon ay nagtutungo naman sa paglikha ng reserbang hukbo ng paggawa para sa kapital. Sa lahat ng bayang kapitalista, "bahagi ng populasyong agrikultural sa gayon ay laging nasa bingit ng pagiging proletaryadong lunsod o pangmanupaktura [ginagamit dito ang manupaktura sa pakahulugang lahat ng di agrikultural na industriya]. Ang bukal na ito ng relatibong labis na populasyon kung gayon ay laging dumadaloy.... Ang paggawang agrikultural kung gayo'y nasasadlak sa pinakamababang pasahod at laging may isang paang nakabaon sa kumunoy ng karukhaan" [*Kapital*, Tomo 1, p. 668].[49]

Ang pribadong pag-aari ng magsasaka sa lupang kanyang sinasaka ay ang pundasyon ng maliitang produksyon at kalagayan para sa pag-unlad nito at pagtamo ng klasikal na anyo. Ngunit ang gayong maliitang produksyon ay tugma lamang sa isang makitid at primitibong balangkas ng produksyon at lipunan. Sa ilalim ng kapitalismo, "ang pagsasamantala (sa magsasaka) ay sa anyo lamang naiiba sa pagsasamantala sa proletaryadong industriyal. Pareho ang nagsasamantala: kapital. Pinagsasamantalahan ng mga indibidwal na kapitalista ang mga indibidwal na magsasaka sa pamamagitan ng prenda at usura; pinagsasamantalahan naman ng kabuuang uring kapitalista ang uring magsasaka sa pamamagitan ng buwis sa estado." [*Ang Tunggalian ng mga Uri sa France*].[50] "Ang maliit na pag-aari ng magsasaka ay siya lamang ngayong nagsisilbing dahilan na nagpapahintulot sa kapitalistang pumiga ng tubo, interes at upa mula sa lupa, habang iniiwan sa nagsasaka ng lupa mismo kung paano niya mapalilitaw ang kanyang sahod" [*The Eighteenth Brumaire*].[51] Sa pangkalahatan, isinusuko ng magsasaka sa lipunang kapitalista, ibig sabihin, sa uring kapitalista, pati bahagi ng sahod, bumababa "sa antas ng Irish na kasamá – lahat sa pagdadahilang isa siyang pribadong propetaryo"

[*Ang Tunggalian ng mga Uri sa France*].[52]

Ano ang "isa sa mga dahilan kung bakit mas mababa ang presyo ng butil sa mga bayang nangingibabaw ang mga magsasakang maliit ang sakahan kaysa mga bayang may kapitalistang moda ng produksyon?" [*Kapital*, Tomo 3, p. 340][53] Ito'y dahil isinusuko ng magsasaka sa lipunan [ibig sabihin, sa kapitalista], ang isang bahagi ng kanyang labis na produkto nang walang kapalit. "Ang mas mababang presyong ito [ng butil at iba pang produktong agrikultural] ay resulta ng karalitaan ng mga prodyuser at hindi ng produktibidad ng kanyang paggawa." [*Kapital*, Tomo 3, p. 340].[54] Sa ilalim ng kapitalismo, ang sistema ng maliitang pag-aari na siyang karaniwang anyo ng maliitang produksyon ay nabubulok, nawawasak at namamatay:

"Dahil sa kalikasan nito, ipinupwera ng maliitang pagmamay-aring magsasaka ang pag-unlad ng panlipunang kakayahan ng paggawa sa produksyon, ang sosyal na mga anyo ng paggawa, ang panlipunang konsentrasyon ng kapital, ang malawakang pagpapastol ng baka, at ang progresibong aplikasyon ng syensya.

"Sa lahat ng lugar, pinarurukha ito ng usura at sistema ng buwis. Ang paggugol ng kapital sa presyo ng lupa ay nag-aalis ng kapital na ito sa pagsasaka. Sinasabayan ito ng walang katapusang pagkaubos ng mga kagamitan sa produksyon, at paghihiwalay sa mga prodyuser mismo." [Ang mga samahang kooperatiba, ibig sabihin, ang mga asosasyon ng maliliit na magsasaka, habang gumagampan ng napakaprogresibong burges na papel, ay nagpapahina lamang sa nasabing tendensya nang hindi ito pinapawi; hindi rin dapat malimutan na malaki ang nagagawa ng mga samahang ito para sa maykayang mga magsasaka, at kaunti at halos wala, para sa masa ng maralitang magsasaka; ang mga asosasyong ito mismo ay nagiging tagapagsamantala ng



sahurang paggawa.] "Kay laking aksaya rin ito ng enerhiya ng tao. Ang progresibong deteryorasyon ng mga kalagayan sa produksyon at ang pagtaas ng presyo ng produksyon ay isang di maiiwasang batas ng maliitang pagmamay-ari ng mga magsasaka."[55]

Sa agrikultura, tulad ng sa industriya, naitatransporma ng kapitalismo ang proseso ng produksyon kapalit lamang ng "pagmamartir ng mga prodyuser".

"Pinahihina ng pagkakahiwa-hiwalay ng mga manggagawang rural sa malawak na erya ang kanilang kakayahang lumaban, habang pinalalakas ng konsentrasyon ang kakayahang lumaban ng mga manggagawa sa bayan. Sa modernong agrikultura, tulad ng sa industriyang urban, ang dagdag na produktibidad at kantidad ng paggawang napapakilos ay nabibili kapalit ng pagwawaldas at pagpapagupo sa sakit ng lakas paggawa mismo. Dagdag pa, lahat ng pag-unlad sa kapitalistang agrikultura ay pag-unlad sa sining, di lamang ng pagnanakaw sa manggagawa, kundi pati pagnanakaw sa lupa (ng pertilidad nito).... Samakatuwid, pinaunlad ng kapitalistang produksyon ang teknolohiya at ang pagkokombina ng iba't ibang proseso sa isang panlipunang kabuuan, sa pamamagitan lamang ng pagpiga sa orihinal na pinagmumulan ng lahat ng yaman – ang lupa at ang manggagawa" [*Kapital*, Tomo 1, katapusan ng Kabanata 13].[56]

## SOSYALISMO

Mula sa naunang nabanggit, malinaw na buong-buo at eksklusibong nahinuha ni Marx mula sa pang-ekonomyang batas ng pag-unlad ng kasalukuyang lipunan ang di-maiiwasang transpormasyon ng kapitalistang lipunan tungong sosyalistang lipunan. Ang sosyalisasyon

ng paggawa, na patuloy na papabilis na sumusulong sa libo-libong anyo at napakatingkad na nakita sa tatlumpung taong nagdaan pagkamatay ni Marx sa pag-unlad ng malakihang produksyon, mga kapitalistang kartel, syndicate at trust, gayundin sa dambuhalang paglaki ng saklaw at kapangyarihan ng kapital sa pinansya, ang sosyalisasyon ng paggawang ito ay nagbibigay ng pangunahing materyal na pundasyon sa di maiiwasang pag-iral ng sosyalismo. Ang intelektwal at moral na motibong pwersa at tagapagpaganap ng nasabing transpormasyon ay ang proletaryado na sinanay mismo ng kapitalismo. Ang pakikibaka ng proletaryado laban sa burgesya na nakikita sa iba't ibang anyong higit pang yumayaman sa nilalaman ay di-maiiwasang maging pakikibakang pampulitika na nakatuon sa pag-agaw ng proletaryado sa kapangyarihang pampulitika ["ang diktadura ng proletaryado"].

Ang sosyalisasyon ng produksyon ay di-maiiwasang tumungo sa kumbersyon ng mga kagamitan sa produksyon tungong pag-aari ng lipunan, tungong "ekspropriyasyon ng mga nag-eekspropriyasyon." Tuwirang magreresulta ang kumbersyong ito sa napakalaking pagtaas ng produktibidad ng paggawa, sa pag-ikli ng araw paggawa at sa pagpapalit ng kolektibo at mas mahusay na paggawa sa mga labi at pinagguhuan ng maliitan, primitibo at hiwa-hiwalay na produksyon. Sa kalauna'y winawasak ng kapitalismo ang buklod sa pagitan ng agrikultura at industriya; gayunman kasabay nito, ihinahanda nito sa kanyang pinakamataas na pag-unlad ang bagong mga elemento ng nabanggit na buklod, bagong mga elemento ng isang pagkakaisa sa pagitan ng industriya at agrikultura na nakabatay sa mulat na aplikasyon ng syensya at kombinasyon ng kolektibong paggawa at sa redistribusyon ng populasyon ng tao [kapwa winawakasan ang pagkaatrasado, pagkakahiwalay at barbarismo ng kanayunan, at ang di natural na konsentrasyon ng malaking



bulto ng tao sa malalaking lunsod].

Inihahanda ng mas mataas na mga anyo ng modernong kapitalismo ang bagong anyo ng pamilya, ang bagong mga kondisyon sa katayuan ng kababaihan at sa pagpapalaki ng nakababatang henerasyon: ang pagtatrabaho ng kababaihan at mga bata at ang pagwasak ng kapitalismo sa pamilyang patriyarkal ay di naiiwasang magkahugis sa pinakaterible, pinakamapaminsala at kasuklam-suklam na mga anyo sa modernong lipunan. Gayunpaman, "ang modernong industriya, sa pamamagitan ng pagtatakda ng mahalagang papel sa sosyal na organisadong proseso ng produksyon, labas ng tahanan, sa kababaihan, kabataan at mga bata ng parehong kasarian, ay lumilikha ng bagong pundasyong pang-ekonomya para sa mas mataas na anyo ng pamilya at sa relasyon sa pagitan ng mga kasarian. Mangyari pa, ang ipalagay ang Teutoniko-Kristyanong anyo ng pamilya bilang absoluto at pinal ay kasing kakatwa ng paglalapat ng gayong katangian ng pamilya sa sinaunang Romano, sinaunang Griyego o Silanganing mga anyo, na kung pagsasama-samahin ay bumubuo ng isang serye ng istorikong pag-unlad. Dagdag pa, malinaw na dahil sa katotohanang ang kolektibong grupo ng paggawa ay binubuo ng mga indibidwal ng parehong kasarian at lahat ng edad, ito'y nagiging bukal ng makataong pag-unlad sa ilalim ng angkop na mga kalagayan; gayunman, sa kanyang ispontanyong-umunlad, brutal at kapitalistang anyo, kung saan ang manggagawa ay nabubuhay para sa proseso ng produksyon at hindi umiiral ang proseso ng produksyon para sa manggagawa, ang katotohanang ito ay isang mapaminsalang bukal ng katiwalian at pang-aalipin" [*Kapital*, Tomo 1, katapusan ng Kabanata 13].[57] Taglay ng sistemang pagawaan "ang binhi ng edukasyon ng hinaharap, isang edukasyon na sa kaso ng bawat batang lampas ng isang takdang edad, ay nagkokombina ng produktibong paggawa sa instruksyon at gymnastics, hindi lamang bilang isa sa

mga paraan sa pagpapahusay ng produksyon, kundi bilang tanging paraan ng paglikha ng ganap na maunlad na mga tao" [ibid].[58]

Inilagay ng Marxistang sosyalismo ang usapin ng nasyunalidad at ng estado sa iisang istorikong antas, hindi lamang sa pakahulugan ng pagpapaliwanag sa nakaraan, kundi gayundin sa mapangahas na prediksyon ng hinaharap at mapangahas na praktikal na aksyon upang matamo ito. Ang mga bansa ay di maiiwasang produkto, isang di maiiwasang anyo, sa burges na yugto ng pag-unlad ng lipunan. Ang uring manggagawa ay hindi makapagpapalakas, mahuhusto sa gulang at mabubuo, kung hindi nito "bubuuin ang sarili sa balangkas ng bansa", kung hindi magiging "pambansa" ["pero hindi sa burges na pakahulugan ng salita"]. Gayunman, lalong winawasak ng pag-unlad ng kapitalismo ang mga balakid na pambansa, inaalis ang pagkakahiwa-hiwalay ng mga bansa, at ipinapalit ang antagonismo ng mga uri sa mga pambansang antagonismo. Samakatwid, ganap na totoo para sa mga maunlad na kapitalistang bayan na "ang mga manggagawa ay walang bayan", na ang "nagkakaisang pagkilos" ng mga manggagawa, sa mga sibilisadong bayan man lamang, ay "isa sa mga unang kondisyon sa pagpapalaya ng proletaryado" [*Manipestong Komunista*].[59]

Ang estado, na organisadong pandarahas, ay di maiiwasang lumitaw sa isang takdang yugto sa pag-unlad ng lipunan, nang ang lipunan ay nahati sa di mapagkakasundong mga uri, at hindi maaaring umiral nang walang isang "awtoridad" na sa wari'y nakapusisyon sa itaas ng lipunan, at sa isang antas ay hiwalay sa lipunan. Dahil sa sumibol mula sa tunggalian ng mga uri, ang estado ay nagiging "estado ng pinakamakapangyarihang uri sa ekonomya, na dahil sa pangingibabaw nito sa ekonomya ay nagiging naghaharing uri din sa pulitika, at sa gayon ay nakakakuha ng bagong instrumento sa pagsupil at pagsasamantala sa mga uring



api. Ang sinaunang estado, una sa lahat, ay estado ng mga panginoong may-alipin upang supilin ang mga alipin; gaya ng ang estadong pyudal ay organo ng nobilidad upang supilin ang magsasakang timawa at bondsmen, at ang modernong representatibong estado ay instrumento para sa pagsasamantala ng kapital sa sahurang paggawa " [Engels, *The Origin of the Family, Private Property and the State*, isang akda kung saan tinatalakay ng manunulat ang sarili niyang pananaw at ang kay Marx].[60]

Kahit ang pinakamalaya at pinakaprogresibong anyo ng estadong burges, ang demokratikong republika, ay hinding-hindi nagwawaksi sa katotohanang ito, kundi binabago lamang ang anyo nito [ang ugnayan sa pagitan ng gubyerno at ng stock exchange, ang korapsyon – tuwiran at di tuwiran – ng mga upisyal at ng pahayagan, atbp.]. Ang sosyalismo, sa pamamagitan ng pagpawi sa mga uri, ay tutungo rin sa gayon sa pagpawi ng estado.

"Ang unang aksyon," sulat ni Engels sa *Anti-Dühring*, "kung saan tunay na tumitindig ang estado bilang kinatawan ng lipunan sa kabuuan – ang pag-agaw ng mga kagamitan sa produksyon sa ngalan ng lipunan – ay siya ring huling independyenteng aksyon nito bilang estado. Ang pakikialam ng kapangyarihang pang-estado sa mga relasyong panlipunan ay nagiging kalabisan sa sunud-sunod na larangan at sa kalaunan ay tumitigil nang kusa. Ang gubyerno ng mga tao ay pinapalitan ng administrasyon ng mga bagay at ng pagdidirihe ng mga proseso sa produksyon. Ang estado ay hindi 'pinapawi', ito'y naglalaho."[61]

"Muling inoorganisa ng lipunan ang produksyon sa batayan ng malaya at pantay na asosasyon ng mga prodyuser na maglalagay sa buong makinarya ng estado kung saan siya dapat naroroon: sa museo ng mga antigo, katabi ng panghabi (spinning wheel) at tansong palakol" [Engels, *Ang Pinagmulan*

*ng Pamilya, Pribadong Pag-aari at Estado*].[62]

Pangwakas, kaugnay ng aktitud ng sosyalismo ni Marx sa uri ng maliit na magsasaka, na patuloy na iiral sa panahon ng ekspropriyasyon ng mga nag-eekspropriyasyon, kailangan nating tunghayan ang pahayag ni Engels, na naglalahad ng mga pananaw ni Marx.

"Kapag hawak na natin ang kapangyarihang pang-estado, ni hindi natin iisipin ang pwersahang ekspropriyasyon sa pag-aari ng maliliit na magsasaka [may kapalit man o wala, gaya ng dapat nating gawin sa kaso ng malalaking maylupa. Una sa lahat, ang ating tungkulin kaugnay ng maliliit na magsasaka ay ituon ang kanilang pribadong pagsisikap at pribadong pag-aari tungo sa kooperatibong pagsisikap at pag-aari nang di pwersahan kundi sa pamamagitan ng halimbawa at pagbibigay ng tulong publiko para sa layuning ito. At mangyari pa, magkakaroon tayo kung gayon ng sapat na paraan para ipakita sa maliit na magsasaka ang lahat ng bentahe kaugnay ng gayong transpormasyon, mga bentahe na dapat nang ilinaw sa kanya ngayon pa lamang" [Engels, *Ang Usaping Magsasaka sa France at Germany*,[63] p. 17, nilathala ni Alexeyeva; may mga mali sa pagsasaling Ruso. Nasa *Die Neue Zeit*[64] ang orihinal].

## TAKTIKA NG MAKAURING PAKIKIBAKA NG PROLETARYADO

Matapos suriin, kasing aga ng 1844-45, ang isa sa pangunahing mga depekto ng naunang materyalismo, ang hindi nito pagkakaunawa sa mga kondisyon o ang hindi nito pagkilala sa kahalagahan ng praktikal na rebolusyonaryong aktibidad, iniukol ni Marx ang kanyang buong buhay at teoretikal na gawain sa mga taktikal na usapin ng makauring pakikibaka ng proletaryado. Napakalaking bulto ng



materyales hinggil dito ang nakapaloob sa lahat ng akda ni Marx, at sa partikular, sa apat na tomo ng kanyang koresponsal kay Engels na inilathala noong 1913. Ang materyales na ito ay hindi pa ganap na napagsasama-sama, nakokolekta, napag-aaralan at nasusuri. Sa gayon, ililimita natin ang ating sarili sa pangkalahatan at maiikling pahayag na nagdidiin sa sadyang itinuturing ni Marx na kung wala ang nasabing aspetong ito, ang materyalismo ay hindi puspusan, makaisang-panig at walang buhay.

Tinukoy ni Marx ang pundamental na tungkulin ng proletaryong taktika nang may mahigpit na pag-aalinsunod sa lahat ng panuntunan ng kanyang diyalektikong materyalistang pananaw. Tanging ang obhetibong pagsusuri ng suma total ng mga relasyon sa pagitan ng lahat ng uri sa isang takdang lipunan, at bunga nito, isang pagsusuri sa obhetibong yugto ng pag-unlad ng lipunang iyon at ng resiprokal na mga relasyon sa pagitan nito at iba pang mga lipunan, ang maaaring maging batayan para sa wastong taktika ng abanteng uri. Kasabay nito, hindi istatikong sinusuri ang lahat ng uri at lahat ng bayan kundi sa dinamikong paraan, ibig sabihin, hindi sa katayuang tigil kundi sa paggalaw nito [na ang mga batas sa paggalaw ay itinatakda ng pang-ekonomyang mga kalagayan sa pag-iral ng bawat uri]. Ang paggalaw naman ay sinusuri hindi lamang mula sa punto de bista ng nakaraan, ngunit mula rin sa punto de bista ng hinaharap, at kasabay nito, ito ay hindi alinsunod sa bulgar na pananaw ng mga "ebolusyonista" na ang nakikita lamang ay ang mababagal na pagbabago, kundi sa diyalektikong pananaw: "... sa istorikong mga pangyayari na napakalaki, kung kaya't ang dalawampung taon ay kasing ikli lamang ng isang araw," sulat ni Marx kay Engels, "sa hinaharap, maaaring magkaroon naman ng mga araw na nakokonsentra ang dalawampung taon" [*Briefwechsel*, Tomo 3, p. 127].[65] Sa bawat yugto ng pag-unlad, sa bawat sandali, dapat isaalang-alang ng proletaryong

taktika ang ganitong obhetibong di maiiwasang diyalektika ng kasaysayan ng tao. Sa isang banda, ginagamit nito ang mga panahon ng pampulitikang istagnasyon o ng mabagal at diumano'y "payapang" pag-unlad upang paunlarin ang makauring kamulatan, lakas at militansya ng abanteng uri; at sa kabilang banda, dinidirihe ang lahat ng gawaing ito tungo sa "ultimong layunin" ng kilusan ng abanteng uri, at sa paglikha sa loob nito ng kakayahan na praktikal na gampanan ang malalaking tungkulin sa mga dakilang araw kung saan ang "dalawampung taon ay nakokonsentra".

Dalawa sa mga argumento ni Marx ang may espesyal na kahalagahan kaugnay nito: ang isa rito ay nakapaloob sa "Ang Karukhaan ng Pilosopiya" at pumapatungkol sa mga pakikibakang pang-ekonomya at mga organisasyong pang-ekonomya ng proletaryado; ang isa pa ay nakapaloob sa *Manipestong Komunista* at pumapatungkol sa mga tungkuling pampulitika ng proletaryado. Ganito ang isinasaad ng una:

"Ikinokonsentra ng malaking industriya sa isang lugar ang isang kalipunan ng mga taong hindi magkakakilala. Hinahati ng kompetisyon ang kanilang interes. Ngunit ang pagmamantini ng sahod, ang kanilang interes na komun na ito laban sa kanilang amo, ay nagbubuklod sa kanila sa iisang pag-iisip na lumaban – kumbinasyon.... Ang mga kumbinasyon, na sa umpisa ay hiwa-hiwalay, ay nabubuo sa mga grupo.... at sa harap ng laging nagkakaisang kapital, ang pagpapanatili ng asosasyon ay lalong nagiging pangangailangang mas mahalaga pa sa kanila (ibig sabihin, ang mga manggagawa) kaysa sahod.... Sa pakikibakang ito – isang digmaang sibil sa katunayan – lahat ng elemento na kailangan para sa isang nalalapit na labanan ay nagsasama-sama at umuunlad. Kapag narating na nito ang ganitong punto, nagkakaroon ng pampulitikang katangian ang asosasyon."[66]

Naririto ang programa at mga taktika ng pakikibakang



pang-ekonomya at ng kilusang unyon para sa ilang dekadang darating, para sa buong mahabang panahon ng paghahanda ng proletaryado ng kanyang mga pwersa para sa "nalalapit na labanan." Katabi nito, dapat ilagay ang napakaraming pagtukoy nina Marx at Engels sa halimbawa ng kilusang paggawa sa England: kung paano tumutungo ang "kasaganaang" industriyal sa mga pagtatangkang "bilhin ang mga manggagawa" [*Briefwechsel*, Tomo 1, p. 136],[67] upang ilihis sila mula sa pakikibaka; kung paano "dinedemoralisa ng kasaganaang ito sa pangkalahatan ang mga manggagawa" [Tomo 2, p. 218];[68] kung paano "nagiging burges" ang proletaryadong Ingles – "ang pinakaburges sa lahat ng bansang ito ay mukhang naglalayon sa dulo na magkaroon ng aristokrasyang burges at proletaryadong burges kahanay ng burgesya" [Tomo 2, p. 290][69]; kung paano nahihibas ang "rebolusyonaryong lakas" nito [Tomo 3, p. 124];[70] kung paano kailangan munang maghintay nang may kahabaang panahon bago "mapalaya ng mga manggagawang Ingles ang kanilang sarili mula sa kanilang litaw na korapsyong burges" [Tomo 3, p. 127];[71] kung paano "kulang sa tapang ng mga Chartists" ang kilusang paggawang Ingles[72] [1866; Tomo 3, p. 305][73]; kung paano ang mga lider manggagawang Ingles ay nagiging isang tipo sa pagitan ng "isang burges radikal at isang manggagawa" [tumutukoy kay Holyoake, Tomo 4, p. 209];[74] kung paano, dahil sa monopolyong British, at hanggat nananatili ang monopolyong ito, "hindi titinag ang manggagawang British." [Tomo IV, p. 433].[75] Ang taktika ng pakikibakang pang-ekonomya, kaugnay ng pangkalahatang takbo [at resulta] ng kilusang paggawa, ay pinag-aaralan dito mula sa isang malapad, komprehensibo, diyalektiko at tunay na rebolusyonaryong paninindigan.

Inilatag ng Manipestong Komunista ang isang pundamental na prinsipyong Marxista hinggil sa taktika ng pampulitikang pakikibaka: "Ipinaglalaban ng mga Komunista

ang pagtamo ng mga kagyat na layunin, para sa pagpapatupad ng pansumandaling mga interes ng uring manggagawa; ngunit sa kilusan ng kasalukuyan, kinakatawan at pinangangalagaan din nila ang hinaharap ng nasabing kilusan."[76]

Ito ang dahilan kung bakit, noong 1848, sinuportahan ni Marx ang partido ng "rebolusyong agraryo" sa Poland, "ang partidong nagpasiklab ng insureksyong Cracow noong 1846."[77] Sa Germany, sinuportahan ni Marx noong 1848 at 1849 ang dulong rebolusyonaryong demokrasya, at kailanman ay hindi binawi ang kanyang sinabi noon hinggil sa taktika. Itinuturing niya ang burgesyang German bilang isang elementong "mula pa simula ay may tunguhing ipagkanulo ang mamamayan" [tanging ang pakikipag-alyansa sa magsasaka ang makapagbibigay sa burgesya ng integral na pagkakamit sa mga layunin nito] "at makipagkasundo sa may koronang mga kinatawan ng lumang lipunan." Narito ang pagsusuma ni Marx sa makauring paninindigan ng burgesyang German sa panahon ng burges demokratikong rebolusyon – isang pagsusuma rin na nagsisilbing halimbawa ng isang materyalismong nagsusuri sa lipunan sa paggalaw nito, at kasabay nito, sinusuri ito hindi lamang mula sa aspeto ng paggalaw na paatras!

Ayon kay Marx, ang burgesyang German sa panahong ito ay: "Walang tiwala sa sarili, walang tiwala sa mamamayan, uungul-ungol laban sa mga nasa itaas, nanginginig sa harap ng nasa ibaba; takot sa pandaigdigang daluyong... walang anumang lakas, sa lahat ng lugar nanggagaya – walang inisyatiba.... isang kamuhi-muhing matanda na nakatadhanang gumabay sa unang bugso sa kabataan ng isang batang-bata at matikas na mamamayan para sa kanyang sariling mga huklubang interes...." [*Neue Rheinish Zeitung*, 1848; tingnan ang Literarischer Nachlass, Tomo 3, p. 212].[78]

Mga dalawampung taon makalipas, ipinahayag ni Marx sa isang sulat kay Engels [*Briefwechsel*, Tomo 3, p. 224],[79] na nabigo ang Rebolusyon ng 1848 dahil mas ginusto ng burgesya ang kapayapaan sa pang-aalipin kaysa sa prospek man lamang ng pakikipaglaban para sa kalayaan. Nang matapos ang rebolusyonaryong kapanahunan ng 1848-49, tinutulan ni Marx ang lahat ng pagtatangkang maglaro sa pagrerebolusyon [ang kanyang pakikibaka laban kay Schapper at Willich], at iginiit ang kakayahang kumilos sa bagong yugto, na sa mistulang "payapang" paraan ay naghahanda para sa mga bagong rebolusyon. Makikita ang diwa na nais ni Marx na mamutawi sa gawain sa pagtatasa niya sa sitwasyon sa Germany noong 1856, ang pinakamadilim na panahon ng reaksyon. "Ang lahat sa Germany ay nakasalalay sa posibilidad ng pagsuhay sa proletaryong rebolusyon ng isang animo'y ikalawang edisyon ng Digmang Magsasaka" [*Briefwechsel*, Tomo 2, p. 108][80]

Habang di pa natatapos ang demokratikong [burges] rebolusyon sa Germany, ibinuhos ni Marx ang buong atensyon sa mga taktika ng sosyalistang proletaryado sa pagpapaunlad ng demokratikong lakas ng uring magsasaka. Nanindigan siya na ang aktitud ni Lasalle ay isang "obhetibong pagkakanulo sa buong kilusang manggagawa para sa Prussia" [Tomo 3, p. 210],[81] dahil nakipagsabwatan na rin si Lasalle sa mga aksyon ng mga Junker at nasyunalismong Prussian.

"Sa isang bayang agrikultural sa pangunahin," sulat ni Engels noong 1865, sa pakikipagpalitan ng kuro-kuro kay Marx sa paksa ng nilayon nilang pinagsamang deklarasyon sa pahayagan, "....karuwagan... sa ngalan ng proletaryadong industriyal, ang eksklusibong atakehin ang burgesya ngunit ni minsa'y di banggitin ang pagsasamantalang patriyarkal sa proletaryadong rural ng malalaking aristokrasyang pyudal" [Tomo 3, p. 217].[82]

Mula 1864 hanggang 1870, nang papatapos na ang kapanahunan ng pagkukumpleto ng burges demokratikong

rebolusyon sa Germany, isang panahon kung kailan ang mga mapagsamantalang uring Prussian at Austrian ay nagsisikap kumpletuhin ang rebolusyon sa anumang paraan mula sa itaas, hindi lamang kinondena ni Marx si Lasalle na noo'y nakikipaglaro kay Bismarck, kundi iwinasto rin si Liebknecht, na kumiling sa "Austrophilismo" at pagdedepensa sa partikularismo. Hiningi ni Marx ang pagpapatupad sa mga rebolusyonaryong taktikang babaka kapwa kay Bismarck at mga Austrophiles nang may katumbas na bangis, mga taktikang hindi iaangkop sa "nagwagi", ang Junker na Prussian, kundi kagyat na magpapanumbalik sa rebolusyonaryong pakikibaka laban sa kanya, sa batayan rin na nilikha ng mga tagumpay militar ng Prussia [*Briefwechsel*, Tomo 3, pp. 134, 136, 147, 179, 204, 210, 215, 418, 437, 440-41].[83]

Sa bantog na Talumpati sa Internasyunal na Asosasyon ng mga Manggagawa noong Setyembre 9, 1870, pinaalalahanan ni Marx ang proletaryadong French laban sa di napapanahong pag-aalsa; gayunpaman, nang maganap ang pag-aalsa [1871], masiglang pinarangalan ni Marx ang rebolusyonaryong inisyatiba ng masa na "lumulusob sa langit" [sulat ni Marx kay Kugelmann].[84] Mula sa punto de bista ng materyalismong diyalektiko ni Marx, ang pagkatalo ng rebolusyonaryong aksyon sa sitwasyong iyon, tulad sa maraming iba pa, ay mas menos na kasamaan sa pangkalahatang takbo at resulta ng proletaryong pakikibaka, kaysa pagtalikod sa isang pusisyong dating hawak na, at pagsuko nang hindi lumalaban. Ang ganoong pagsuko ay magdedemoralisa sa proletaryado at magpapanghina sa kanyang kakayahang lumaban. Dahil ganap na pinahahalagahan ang paggamit ng ligal na paraan ng pakikibaka sa mga panahon ng istagnasyong pampulitika at pangingibabaw ng burges na ligalidad, matalas na kinondena ni Marx noong 1877 at 1878, ang "rebolusyonaryong pananalita" ni Most matapos pagtibayin ang Anti-Sosyalistang Batas[85]; gayunman, kasing talas, kung



hindi man mas matalas pa niyang inatake ang oportunismo na nakapangibabaw pansamantala sa upisyal na Partidong Sosyal Demokrata, na hindi agad nagpakita ng katatagan, katibayan, rebolusyonaryong diwa at kahandaang bumaling sa iligal na pakikibaka bilang tugon sa Anti-Sosyalistang Batas [*Briefwechsel*, Tomo 4, pp. 397, 404, 418, 422, 424[86]; tingnan din mga sulat kay Sorge.]

Isinulat noong Hulyo-Nob. 1914
Unang inilathala sa pinaigsing anyo noong 1915 sa
Granat Encyclopaedia, Pampitong Edisyon, Tomo 28
sa itaas ng pirma ni V. Ilyin

Paunang Salita
inilathala noong 1918 sa pamplet: N. Lenin, Karl Marx
Priboi Publishers, Moscow

Tinipong mga Akda, Tomo 21, pp, 43-79

# MGA TALA

1) Isinulat ni Lenin ang artikulong ito para sa Encyclopaedic Dictionary na inilathala ng Granat Brothers na noon ay siyang pinakapopular sa Rusya. Sa paunang salita sa edisyong pamplet noong 1918, ibinigay ni Lenin ang taong 1913 bilang petsa ng pagkakasulat ayon sa kanyang pagkakaalala. Sa katunayan, sinimulan niya ito noong tagsibol ng 1914 sa Poronin, ngunit kinailangang pansamantalang itigil dahil masyado siyang abala sa gawain sa pamamatnubay sa Partido at sa pahayagang Pravda. Itinuloy ni Lenin ang trabaho sa artikulo noong Setyembre lamang ng taong iyon, pagkalipat niya sa Berne at natapos ito noong unang hati ng Nobyembre.

Inilathala ang artikulo noong 1915 sa Tomo 28 ng Dictionary na may kalakip na "Bibliograpiya ng Marxismo"; "V. Ilyin" ang nakalagda. Dahil sa sensura, tinanggal ng mga patnugot ang dalawang kabanata: ang "Sosyalismo" at "Taktika sa Makauring Pakikibaka ng Proletaryado" at gumawa ng ilang pagbabago sa teksto.

Noong 1918, inilabas ng Priboi Publishers ang artikulo sa anyong pamplet, katulad na katulad ng pagkakalathala nito sa Dictionary ngunit hindi kasama ang "Bibliograpiya".

Unang inilathala ng Lenin Institute ng Komite Sentral ng CPSU ang buong teksto ng artikulo ayon sa manuskrito sa Marx, Engels, Marxism, na koleksyon ng mga artikulo ni Lenin na lumabas noong 1925. Sa tomong ito inilagay ang artikulo nang walang "Bibliograpiya".

2) Mensheviks – isang oportunistang tunguhin sa Sosyal-Demokratikong kilusang Ruso.

Nakilala sila bilang Mensheviks sa Ikalawang Kongreso ng RSDLP noong 1903, nang mapanalunan ng mga rebolusyonaryong Sosyal Demokrata sa pamumuno ni Lenin ang mayorya (bolshinstvo) ng mga pusisyon sa eleksyon sa mga sentral na organo ng Partido, habang natagpuan ng mga oportunista ang kanilang sarili sa minorya (menshinstvo); sa gayon lumitaw ang mga pangalang Bolsheviks at Mensheviks.

Sa panahon ng rebolusyong 1905-07, tinutulan ng mga Menshevik ang pamumuno ng uring manggagawa sa rebolusyon at ang pakikipag-alyansa nito sa magsasaka at hiningi ang pakikipagkasundo sa burgesyang liberal, na ayon sa kanila ay siyang dapat mamuno sa rebolusyon. Sa mga taon ng reaksyon matapos ang pagkatalo ng rebolusyon, karamihan ng



mga Menshevik ay naging likidasyunista: hiningi nila ang likidasyon ng rebolusyonaryong Partidong iligal ng uring manggagawa. Matapos ang tagumpay ng burges-demokratikong rebolusyon Pebrero noong 1917, tumanggap ang mga Menshevik ng mga pusisyon sa burges na Gubyernong Probisyunal, sinuportahan ang imperyalistang patakaran nito at tinutulan ang sosyalistang rebolusyong inihahanda ng mga Bolshevik.

Matapos ang Sosyalistang Rebolusyong Oktubre, naging lantarang kontra-rebolusyonaryong partido ang mga Menshevik, nag-organisa at lumahok sa mga pakana at pag-aalsa laban sa kapangyarihang Sobyet.

3) Mga Kaliwang Hegelian o Mga Batang Hegelian – isang tunguhing idealista sa pilosopiyang German noong dekada 1830 at 1840. Sinikap humango ng mga radikal na kongklusyon mula sa pilosopiya ni Hegel ang mga Batang Hegelian upang patunayan ang pangangailangan sa burges na reporma sa Germany.

Ang mga pinuno ng tunguhin ay sina David Strauss, magkapatid na Bauer, Max Stirner at ilan pang iba. Sa ilang panahon, si Feuerbach, gayundin si Marx at Engels, sa kanilang kabataan, ay kaanib ng mga Batang Hegelian. Kalaunan, humiwalay sa kanila sina Marx at Engels at pinuna nila ang idealista at petiburges na esensya ng tunguhin sa *Ang Sagradong Pamilya* [1844] at *Ang Ideolohiyang German* [1845-46].

4) Frederick Engels, *Si Ludwig Feuerbach at ang Wakas ng Klasikal na Pilosopiyang German* [tingnan ang Marx and Engels, Piling mga Akda na may tatlong tomo. Tomo 3, Moscow, 1973, p. 344]

5) *Rheinische Zeitung fur Politik, Handel und Gewerb* [Rheinish Gazette sa Pulitika, Pangangalakal at Manupaktura] – isang arawang pahayagan na lumabas sa Cologne mula Enero 1, 1842 hanggang Marso 31, 1843. Itinatag ito ng mga kinatawan ng burgesyang Rheinish na tutol sa absolutismong Prussian. Ang ilang Kaliwang Hegelian ay inimbitahang magsulat sa pahayagan. Noong Abril 1842, naging isa sa mga tagapagsulat si Marx at noong Oktubre ng taong iyon, naging isa siya sa mga patnugot. Sa ilalim ni Marx, nagkaroon ng mas depinidong rebolusyonaryo-demokratikong katangian ang *Rheinische Zeitung*. Noong Enero, 1843, iniutos ng gubyernong Prussian na isara ang dyaryo simula Abril 1, 1843 at magpapatupad ng istriktong sensura bago naturang petsa. Nagbitiw si Marx noong Marso 17, 1843 dahil sa plano ng mga may-ari [shareholders] na gawin itong mas moderato.

6) Ang "Bibliograpiyang" ito na isinulat ni Lenin para sa artikulong Karl Marx ay di kasama sa edisyong ito.

7) Ang artikulong tinutukoy ay ang "*Justification of the Correspondent from the Mosel*" (Pagmamatwid ng Peryodista mula sa *Mosel*) ni Karl Marx.

8) Ang tinutukoy ay ang *Deutsch-Franzosische Jahrbucher* [Anwal na German-French], isang magasing pinamamatnugutan ni Karl Marx at Arnold Ruge at inilathala sa Aleman sa Paris. Tanging ang unang isyu, na doble, ang lumitaw, noong Peb. 1844. Kabilang dito ang dalawang akda ni K. Marx at F. Engels na naghudyat ng pinal na transisyon nina Marx at Engels sa materyalismo at komunismo.

Itinigil ang paglalathala ng magasin pangunahin dahil sa batayang pagkakaiba ng opinyon sa pagitan ni Marx at ang burges radikal na si Ruge.

9) Karl Marx, "*Contribution to the Critique of Hegel's Philosophy of Right*, (Kontribusyon sa Kritika ng Pilosopiya ng Karapatan ni Hegel) Introduction" [tingnan ang Marx at Engels, On Religion, Moscow, 1972, p. 45]

10) Proudhonismo – isang di syentipikong tunguhin sa sosyalismong petiburges, galit sa Marxismo, ipinangalan sa ideolohista nitong si Pierre Joseph Proudhon, isang anarkistang Pranses. Pinuna ni Proudhon ang malaking kapitalistang pag-aari mula sa paninindigang petiburges at pinangarap ang walang katapusang pagpapairal sa maliitang pag-aari. Ipinanukala niya ang pagtatatag ng mga bangko ng "mamamayan" at bangko sa "palitan" na tutulong sa mga manggagawa na makapag-ari ng kagamitan sa produksyon, maging tagayaring-kamay at titiyak sa makatarungang bagbebenta ng kanilang produkto. Hindi nauunawaan ni Proudhon ang makasaysayang papel ng proletaryado at nagpakita ng negatibong aktitud sa makauring pakikibaka, sa rebolusyong proletaryo at sa diktadura ng proletaryado bilang anarkista, itinanggi niya ang pangangailangan sa isang estado. Matinding pinuna ni Marx ang Proudhonismo sa kanyang akdang *The Poverty of Philosophy* (Ang Karukhaan ng Pilosopiya).

11) Ang Liga Komunista – ang unang internasyunal na organisasyong komunista ng proletaryado na itinatag sa London sa ilalim ng pamamatnubay nina Marx at Engels noong maagang bahagi ng Hunyo 1847.

Tumulong sina Marx at Engels sa pagbabalangkas ng mga prinsipyong pang-organisasyon at programa ng Liga; isinulat nila ang programa nito – *Ang Manipestong Komunista* – na inilathala noong Peb. 1848. Ang Liga



Komunista ay ang sinundan ng Internasyunal na Asosasyon ng mga Manggagawa [ang Unang Internasyunal]. Umiral ito hanggang Nob. 1852; kalaunan, gumampan ng namumunong papel sa Unang Internasyunal ang mga kilalang kasapi nito.

12) Ang tinutukoy dito ay ang rebolusyong burges sa Pransya noong Pebrero 1848.

13) Ang tinutukoy dito ay ang mga rebolusyong burges ng Germany at Austria na nagsimula noong Marso 1848.

14) Ang *Die Neue Rheinische Zeitung* [New Rheinish Gazette] ay inilathala sa Cologne mula Hunyo 1, 1848 hanggang Mayo 19, 1849. Idinirihe ni Marx at Engels ang pahayagan, sa ilalim ng pamamatnugot ni Marx. Inilarawan ni Marx ang *Neue Rheinische Zeitung* bilang "pinakamagaling at di mapantayang organo ng rebolusyonaryong proletaryado" [Collected Works, Tomo 21, p. 81]. Sa kabila ng panggigipit at pagsagka rito ng mga pulis, magiting na pinagtanggol ng pahayagan ang interes ng rebolusyonaryong demokrasya, ang interes ng proletaryado. Tumigil sa paglalathala ang *Die Neue Rheinische Zeitung* dahil sa pagpapaalis kay Marx mula sa Prussia noong Mayo 1849 at panggigipit sa iba pa nitong mga editor.

15) Ang tinutukoy dito ay ang demonstrasyong masa sa Paris na inorganisa ng Montagne, ang partido ng petiburgesya, bilang protesta laban sa paglabag ng Presidente at mayorya sa Asembleyang Lehislatibo sa mga tuntuning konstitusyunal na naitatag ng rebolusyong 1848. Sinupil ng gubyerno ang demonstrasyon.

16) Tinutukoy dito ang pamplet ni Marx na *Herr Vogt*, na sinulat bilang tugon sa mapanirang-puring pamplet ni Vogt, isang Bonapartistang ahenteng probokador, "My Process Against Algemeine Zeitung".

17) Tinutukoy dito ang "Talumpati sa Pagbubukas ng Internasyunal na Asosasyon ng Manggagawa".

18) Bakuninismo – isang tunguhing ipinangalan sa lider nitong si Mikhael Bakunin, isang ideolohista ng anarkismo at kaaway ng Marxismo at syentipikong sosyalismo.

Nagsagawa ang mga Bakuninista ng matigas na pakikibaka laban sa Marxistang teorya at taktika sa kilusang manggagawa. Ang batayang tuntunin ng Bakuninismo ay ang pagtatwa sa lahat ng anyo ng estado, kabilang ang diktadura ng proletaryado. Hindi naiintindihan ng mga Bakuninista ang istorikal na papel ng proletaryado. Kanilang iginiit

na isang sikretong kalipunang rebolusyonaryo na binubuo ng mga "namumukod na tao" ang mamumuno sa mga popular na pag-aalsa. Ang kanilang taktikang konspiratoryal at terorista ay simpleng pagsusugal at katunggali ng Marxistang teorya ng insureksyon.

19) Tingnan ang Marx at Engels, The Holy Family (Ang Banal na Pamilya), Moscow, 1956, p. 168.

20) Tingnan ang Karl Marx, Kapital, Tomo 1, Moscow, 1972, p.29.

21) Frederick Engels, Anti-Duhring, Moscow, 1962, pp. 65, 86, 55, 38.

22) Agnostisismo – isang idealistang teoryang pilosopikal na naggigiit na ang daigdig ay hindi kayang unawain, na limitado ang isip ng tao at di maaaring malaman ang anumang bagay lampas ng kanyang pandama. May iba't ibang anyo ang agnostisismo; kinikilala ng ilang agnostiko ang obhetibong pag-iral ng materyal na daigdig ngunit itinatanggi ang posibilidad ng pag-alam dito; itinatanggi naman ng iba ang pag-iral ng materyal na daigdig batay sa katwirang hindi maaaring malaman ng tao kung may anumang bagay na umiiral lampas ng kanyang pandama.

Kritisismo – ito ang ipinangalan ni Kant sa kanyang idealistang pilosopiya; ipinapalagay niyang ang pagpuna sa kakayahang umunawa ng tao ang tanging layunin ng gayong pilosopiya. Bunga ng kanyang kritisismo, kumbinsido si Kant na hindi maaaring unawain ng isip ng tao ang kalikasan ng mga bagay.

Positibismo – isang malaganap na tunguhin sa burges na pilosopiya at sosyolohiya, na itinatag ni Comte (1798-1857), isang pilosopo at sosyolohistang French. Itinatanggi ng mga positibista ang posibilidad sa pag-alam ng mga panloob na kaayusan at relasyon at itinatatwa ang kahalagahan ng pilosopiya bilang pamamaraan ng pag-alam at pagbabago sa obhetibong mundo. Pinabababa nila ang pilosopiya sa simpleng pagsusuma ng mga datos na ibinibigay ng iba't ibang sangay ng syensya at sa mababaw na paglalarawan ng mga resulta ng tuwirang obserbasyon, i.e., sa "positibong" mga katotohanan. Itinuturing ng positibismo ang sarili nito bilang "nakatataas" kapwa sa materyalismo at idealismo gayong sa katunayan isang tipo lamang ito ng suhetibong idealismo.

23) Frederick Engels, *Ludwig Feuerbach and the End of Classical German Philosophy* [Si Ludwig Feuerbach at ang Wakas ng Klasikal na Pilosopiyang German] (tingnan ang Marx at Engels, Selected Works, Tomo 3, Moscow, 1973, p. 3470.

24) Marx/Engels, *Briefwechsel*, Dietz Verlag, Berlin, 1950, Tomo III, pp. 439-40.

25) Engels, *Anti-Duhring*, Moscow, 1959, p. 157, nirebisang salin.

26) Tingnan ang akda ni Marx, "Tesis Hinggil kay Feuerbach," sa Marx at Engels, *Piling mga Akda*, Moscow, 1951, Tomo II, pp. 365-67.

27) Frederick Engels, *Anti-Duhring*, Moscow, 1962, pp. 16, 36.

28) Frederick Engels, *Ludwig Feuerbach and the End of Classical German Philosophy* (Si Ludwig Feuerbach at ang Wakas ng Klasikong Pilosopiyang German) (tingnan ang Marx at Engels, Selected Works, Tomo 3. Moscow, 1973, pp. 362-63, 339, 362).

29) Frederick Engels, *Anti-Duhring*, Moscow, 1962, p. 40.

30) Marx/Engels, *Briefwechsel*, Berlin, 1950, Tomo IV, p. 8.

31) Frederick Engels, *Ludwig Feuerbach and the End of Classicial German Philosophy* (Si Ludwig Feuerbach at ang Wakas ng Klasikong Pilosopiyang German) (tingnan ang Marx at Engels, Selected Works, Tomo 3, Moscow, 1973, p. 351).

32) Tingnan ang Karl Marx, *Kapital*, Tomo 1, Moscow, 1972, p.352.

33) Tingnan ang Karl Marx, *Contribution to the Critique of Political Economy* (Kontribusyon sa Kritika ng Ekonomyang Pampulitika), Moscow, 1971, pp. 20-21.

34) Marx at Engels, *Piling mga Liham*, Moscow, p. 218.

35) Marx at Engels, *Manipesto ng Partido Komunista*, FLP, Peking, 1970, pp. 30-31.

36) Ang Restorasyon – ang panahon sa Pransya sa pagitan ng 1814 at 1830, nang ang kapangyarihan ay nasa kamay ng mga Bourbon na nakabalik sa trono matapos silang ibagsak ng burges na rebolusyong Pranses ng 1792.

37) Marx at Engels, *Manipesto ng Partido Komunista*, FLP, Peking, 1970, pp. 44.

38) Tingnan ang Marx at Engels, Selected Works, Tomo 1, Moscow, 1973, pp. 108-109, 117-18, 116.

39) Tingnan ang Karl Marx, Kapital, Tomo 1, Moscow, 1972, p. 20.

40) Tingnan ang Karl Marx, Kapital, Tomo 1, Moscow, 1972, p. 78-79.

41) Karl Marx, *A Contribution to the Critique of Political Economy*, Moscow, 1971, p. 30.

42) Karl Marx, *Kapital*, Tomo 1, Moscow, 1972, p. 167.

43) Ibid., p. 164.

44) Ibid., p. 713, 714-15.

45) *The Theory of Marginal Utility* – isang bulgar, mapagmatwid na teoryang pang-ekonomiyang burges na nagsimula noong dekada 1870 upang hadlangan ang teorya sa halaga ni Marx. Ayon sa teoryang ito, matataya ang halaga ng mga kalakal batay sa kanilang kapakinabangan at hindi batay sa laki ng sosyal na paggawang nagamit sa kanilang produksyon.

46) Marx at Engels, *Piling mga Liham*, International Publishers, New York, 1942, pp. 129-33 at 137-38.

47) Karl Marx, *Kapital*, Tomo 3, Moscow, p. 798-99.

48) Karl Marx, *Kapital*, Tomo 1, Moscow, 1972, p. 699.

49) Ibid., p. 601-02.

50) Marx and Engels, *Piling mga Akda*, Tomo 1, Moscow, 1973, p. 276-77.

51) Ibid., p. 481.

52) Ibid., p. 276.

53) Marx, *Kapital*, Moscow, 1959, Tomo III, p. 786.

54) Ibid.

55) Karl Marx, *Kapital*, Tomo 3, p. 806, 807.

56) Karl Marx, *Kapital*, Tomo 1, Moscow, 1972, p. 474-75.

57) Ibid., pp. 489-90, nirebisang salin.

58) Ibid., p. 460, 454.

59) Marx and Engels, *Selected Works*, Tomo 1, Moscow, 1973, p. 124-25.



60) Marx and Engels, Selected Works, Tomo 3, Moscow, 1973, p. 328.

61) Frederick Engels, *Anti-Duhring*, Moscow, 1962, p. 385.

62) Marx and Engels, Piling mga Akda, Tomo 3, Moscow, 1973, p. 330.

63) Marx and Engels, Piling mga Akda, Tomo 3, Moscow, 1973, p. 470.

64) *Die Neue Zeit* [Ang Bagong Pahayagan] - isang magasing teoretikal ng Sosyal-Demokratikong Partidong German na inilathala sa Stuttgart mula 1883 hanggang 1923.

Unang lumabas ang ilang akda ni Marx at Engels sa *Die Neue Zeit*. Tinulungan ni Engels ang mga patnugot ng pahayagan sa pamamagitan ng kanyang mga payo at madalas na pinupuna sa kanilang mga paglihis sa Marxismo. Simula kalagitnaan ng dekada 1890, pagkamatay ni Engels, regular na naglathala ang *Die Neue Zeit* ng mga artikulo ng mga rebisyunista. Noong Unang Digmaang Pandaigdig, 1914-1918, naging Sentrista ito at sa katunayan ay sumuporta sa mga sosyal na sobinista.

65) Tingnan ang sulat ni Marx kay Engels, Abril 9, 1863 (Marx and Engels, Selected Correspondence, Moscow, 1965, p. 140).

66) Karl Marx, *The Poverty of Philosophy* (Ang Karukhaan ng Pilosopiya), Moscow, 1973, p. 150.

67) Tingnan ang sulat ni Marx kay Engels, Peb. 5, 1851.

68) Marx/Engels, *Briefwechsel*, Berlin, 1949, Tomo II, p. 319.

69) Mga sulat ni Engels kay Marx, Dis. 17, 1857 at Okt. 7, 1858, (Marx and Engels, Selected Correspondence, Moscow, 1965, p. 110.

70) Marx/Engels, *Briefwechsel*, Berlin, 1950, Tomo III, pp. 161-62.

71) Marx at Engels, Piling mga Liham, New York, 1942, p. 147.

72) Chartism - ang unang rebolusyonaryong kilusang masa ng mga Ingles noong dekada 1830 at 1840. Inilathala ng mga Chartist ang kanilang petisyon sa Parlamento, ang Tsarter ng Mamamayan [pinagmulan ng kanilang pangalan], at ipinaglaban ang mga hinihingi nito; unibersal na karapatang bumoto, pag-aalis ng kwalipikasyon sa pag-aari ng mga kandidato sa Parlamento, atbp. Nagdaos sa buong bayan ng mga pulong masa at demonstrasyong nilahukan ng milyun-milyong manggagawa at

artisano nang maraming taon.

Hindi inaprubahan ng Parlamento ang Tsarter ng Mamamayan at tinanggihan lahat ng petisyon.

Marahas na sinupil ng gubyerno ang mga Chartists at inaresto ang mga lider nila. Nawasak ang kilusan ngunit nagkaroon ito ng matinding impluwensya sa sumunod na pag-unlad ng internasyunal na kilusang manggagawa.

73) Tingnan ang sulat ni Engels kay Marx noong Abril 8, 1863, sulat ni Marx kay Engels noong Abril 9, 1863, at sulat ni Marx kay Engels noong Abril 2, 1866.

74) Marx at Engels, Briefwechsel, Berlin, Tomo IV, p. 291

75) Sulat ni Engels kay Marx na may petsang Nob. 19, 1869 at Agosto 11, 1881.

76) Marx and Engels, Piling mga Akda, Tomo 1, Moscow, 1973, p. 136.

77) Tinutukoy dito ang demokratikong pag-aalsa para sa pambansang kalayaan sa Republika ng Cracow na noong 1815 ay ipinailalim sa magkasanib na kontrol ng Austria, Prussia at Rusya. Nagtayo ng Pambansang Gubyerno ang mga rebelde at naglabas ng manipestong nagproklama sa pagpawi ng mga serbisyong pyudal at nangakong mamimigay ng lupa sa magsasaka nang walang kabayaran. Sa iba pa nitong mga proklamasyon, inanunsyo nito ang pagtatatag ng mga pambansang talyer na may mas mataas na pasahod at ang pagsisimula ng pantay na karapatan para sa lahat ng mamamayan. Ngunit di naglaon, sinupil ang pag-aalsa.

78) Karl Marx, "*The Bourgeoisie and the Counter-Revolution*" [Ang Burgesya at ang Kontra-rebolusyon] (tingnan ang Marx and Engels, Selected Correspondence, Moscow, 1973, p. 141).

79) Marx at Engels, *Piling mga Liham*, New York, 1942, p. 187.

80) Tingnan ang sulat ni Marx kay Engels, Abril 16, 1856, (Marx and Engels, Selected Correspondence, Moscow, 1965, p. 92).

81) Marx at Engels, *Piling mga Liham*, New York, 1942, p. 178.

82) Tingnan ang mga sulat ni Engels kay Marx, Enero 27, 1865 at Pebrero 5, 1865.



83) Tingnan ang mga sulat ni Engels kay Marx, Hunyo 11, 1863, Nob. 24, 1863, Set. 4, 1864, Enero 27, 1865, Oktubre 22, 1867, at Dis. 6, 1867 at mga sulat ni Marx kay Engels na may petsang Hunyo 12, 1863, Dis. 10, 1864, Peb. 3, 1865 at Dis. 17, 1867.

84) Tingnan ang sulat ni Marx kay Kugelmann, Abril 12, 1871 (Marx and Engels, Selected Correspondence, Moscow, 1965, p. 263).

85) Ang Ispesyal na Batas Laban sa mga Sosyalista ay ipinroklama sa Germany noong 1878. Sa ilalim ng batas na ito, ipinagbawal ang lahat ng organisasyon ng Partido Sosyal-Demokratiko, lahat ng organisasyon at pahayagan ng uring manggagawa; kinumpiska ang literaturang sosyalista at inusig at pinatapon ang mga Sosyal-Demokrata. Gayunman, nagawang kumilos nang lihim ng Partido Sosyal-Demokratiko at kasabay nito ginamit ang mga ligal na oportunidad upang mapatibay ang ugnayan nito sa masa. Ipinawalang-bisa ang batas noong 1890, sa pwersa ng papalaking kilusang masa.

86) Tingnan ang mga sulat ni Marx kay Engels, Hulyo 23, 1877, Agosto 1, 1877, at Set. 10, 1979 at mga sulat ni Engels kay Marx ng Agosto 20, 1879 at Setyembre 9, 1879.

# 9. TALUMPATI SA PASINAYA NG MONUMENTO KINA MARX AT ENGELS NOONG NOBYEMBRE 7, 1918*

Pinapasinayaan natin ngayon ang isang memoryal sa mga lider ng pandaigdigang rebolusyon ng mga manggagawa, kina Marx at Engels.

Naghirap at nagdusa ang sangkatauhan sa napakahabang panahon sa ilalim ng pang-aapi ng kakarampot na mapagsamantala na nagtortyur sa milyun-milyong anakpawis. Gayunman, habang ninanakawan at binubusabos ng mga mapagsamantala ng nakaraang kapanahunan, ng panginoong maylupa, ang mga magsasaka, ang mga timawa na hiwa-hiwalay, kalat-kalat at mangmang, nakita ng mga mapagsamantala ng bagong kapanahunan sa kanilang harapan, sa hanay ng abang masa, ang taliba ng masang ito: ang mga manggagawang industriyal sa mga pabrika ng kalunsuran. Pinagkakaisa sila ng pabrika, minumulat sila ng buhay sa kalunsuran, pinapanday sila ng pakikibakang komun sa mga welga, gayundin ng rebolusyonaryong aksyon.

Ang dakilang pandaigdigang istorikong ambag nina Marx at Engels ay nasa pangyayaring pinatunayan nila sa pamamagitan ng syentipikong pagsusuri ang di maiiwasang pagbagsak ng kapitalismo at ang transisyon nito tungong komunismo kung saan wala nang pagsasamantala ng tao sa tao.

Ang dakilang pandaigdigang istorikong ambag nina Marx at Engels ay ito: ipinakita nila sa mga proletaryo ng lahat ng bayan ang kanilang papel, ang kanilang tungkulin, ang kanilang gawain: ang unang magbangon sa rebolusyonaryong pakikibaka laban sa kapital at pagkaisahin sa paligid nila sa pakikibakang ito ang lahat ng anakpawis at pinagsasamantalahan.

Nabubuhay tayo sa masayang panahon na nagsisimulang magkatotoo ang prediksyon ng mga dakilang sosyalista. Nakikita nating lahat ang bukang-liwayway ng pandaigdigang sosyalistang rebolusyon sa maraming bayan. Ang di mawaring kagimbalan ng imperyalistang pamamaslang sa mga mamamayan ay nakapupukaw sa magiting na daluyong ng aping masa, at nagpapalaki sa kanilang mga pwersa nang sampung ulit sa pakikibaka para sa pagpapalaya.

Harinawa'y maipaalaala ng monumento kina Marx at Engels sa milyun-milyong manggagawa at magsasaka na hindi tayo nag-iisa sa pakikibaka. Ang mga manggagawa ng mas abanteng mga bayan ay nagbabangon nang kabalikat natin. Kakaharapin pa nila at natin ang mahihirap na labanan. Malalagot ang tanikala ng kapital sa pakikibakang komun at magtatagumpay sa huli ang sosyalismo!

* Tingnan ang *Tinipong mga Akda,* Lenin, Tomo 28, pahina 165-66.